Pangunahin

# 2024 Hawaii
# GABAY NG BOTANTE

HAWAII VOTES

ISANG MENSAHE MULA SA **PUNONG OPISYAL NG HALALAN**

# Aloha

Sa ngalan ng Estado ng Hawaii, Opisina ng mga Halalan, nasasabik kaming ipresinta ang 2024 Gabay ng Botante!! Ang mahalagang mapagkukunang ito ay kauna-unahan para sa mga botante sa Hawaii, na naisakatuparan sa pamamagitan ng pagpasa ng Batas 115 (Act 115) sa panahon ng Sesyon ng Lehislatibo ng 2023. Salamat sa lahat ng nagtaguyod at nag-ambag sa paglikha nito.

Bilang isang rehistradong botante, maaari mong asahan na matatanggap ang iyong balota sa koreo nang mga 18 araw bago ang Araw ng Halalan. Siguraduhing masuri kung ang iyong rehistrasyon ng botante ay napapanahon upang matiyak na ang iyong balota ay maihahatid nang maayos. Kung inilipat mo o binago mo ang iyong mailing address mula noong nakaraang halalan, dapat mong i-update ang iyong pagpaparehistro. Isang paalala rin na ang mga balota ay kailangang matanggap, hindi naka-postmark, bago ang 7:00 PM sa Araw ng Halalan.

Makatitiyak ka na nakatuon kami sa pagsasagawa ng ligtas, sigurado, at malinaw na halalan para sa mga residente ng Hawaii at nagpapasalamat kami sa iyo para sa pakikilahok sa demokratikong proseso.

Matapat na sumasaiyo,

Scott T. Nago

HAWAII VOTES

★ Pangunahin ★
# 2024 Hawaii GABAY NG BOTANTE


02 ISANG MENSAHE MULA SA PUNONG OPISYAL NG HALALAN

03 ANO ANG GABAY NG BOTANTE?

03 MARKAHAN ANG IYONG KALENDARYO

03 PAGPAPAREHISTRO NG BOTANTE

04 PAGBOTO SA PAMAMAGITAN NG KOREO

04 PAGKUMPLETO NG IYONG BALOTANG PANGKOREO

04 PAGBABALIK NG IYONG BALOTANG PANGKOREO

04 PAGPOPROSESO NG IYONG BALOTA

04 SUBAYBAYAN ANG IYONG BALOTA

04
TINGNAN ANG MGA RESULTA NG HALALAN

04
MGA SENTRO NG SERBISYO SA BOTANTE

05
NAA-ACCESS NA PAGBOTO

05
PAGGASTA SA KAMPANYA

05
KOMISYON SA ETIKA

06
MGA KARAPATAN MO SA PAGBOTO

06
TULONG SA WIKA

07
MGA DIBISYON NG MGA HALALAN NG COUNTY

07
MAKIPAG-UGNAYAN SA AMIN

08-112
MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

# ANO ANG GABAY NG BOTANTE?

Ang Gabay ng Botante ay inilathala ng Estado ng Hawaii, Opisina ng mga Halalan upang matiyak na mayroon kang impormasyon tungkol sa proseso ng mga halalan at mga paligsahan na iyong pagbobotohan. Kasama sa gabay ang impormasyon sa pagpapaparehistro ng botante, mahahalagang petsa, at mga mapagkukunan tulad ng kung paano subaybayan ang iyong balota at naa-access na pagboto. Bukod pa rito, ang Opisina ng mga Halalan ay nagtitipon ng mga pahayag at mga larawang isinumite ng mga kandidatong tumatakbo para sa puwesto.

### Paano tinitipon ang mga pahayag at mga larawan?

May oportunidad ang bawat kandidato na magbigay ng maikling pahayag at larawan kapag naghain sila na tumakbo sa puwesto. Dapat na mas mababa sa 150 salita ang pahayag, at binibigyan ang mga kandidato ng sumusunod na patnubay: Tratuhin ang iyong pahayag bilang isang resume; i-alok ang iyong pananaw at maging positibo; isipin kung ano ang gusto mong maisakatuparan kung mahalal; at iwasan ang pagpuna sa mga kalaban.

Inilalathala ang mga pahayag at larawan sa gabay na ibinigay ng mga kandidato. Malalathala din ang pangalan ng balota ng kandidato, legal na pangalan, kaakibat pampulitika, at impormasyon sa pakikipag-ugnayan. Kung hindi magbibigay ng pahayag o larawan ang kandidato, ang pariralang 'Walang Naisumiteng Pahayag' o 'Walang Naisumiteng Larawan' ay lalabas sa tabi ng kanilang impormasyon ng kandidato.

# MARKAHAN ANG IYONG KALENDARYO

### 2024 Pangunahing Halalan

- Hulyo 23: Hanapin ang iyong pakete ng balota sa Pangunahing Halalan na ihahatid sa koreo.
- Hulyo 29: Ang mga Sentro ng Serbisyo sa Botante ay bukas sa Araw ng Halalan para sa pagpaparehistro ng botante at naa-access na pagboto nang personal. Bisitahin ang elections.hawaii.gov para sa mga lokasyon, petsa, at oras.
- Hulyo 31: Huling araw para sa mga unang beses na botante na magsumite ng papel na Aplikasyon sa Pagpaparehistro ng Botante para sa Pangunahing Halalan.
- Agosto 10: Pangunahing Halalan. Kailangang matanggap ang may botong mga balota hanggang 7:00 PM.

# PAGPAPAREHISTRO NG BOTANTE

### Sino ang karapat-dapat magparehistro para makaboto?

Ikaw ay dapat na mamamayan ng U.S., residente ng Hawaii, at hindi bababa sa 18 taong gulang. Kung ikaw ay hindi bababa sa 16 na taong gulang, maaari kang mag-preregister para bumoto at awtomatiko kang mairerehistro kapag ikaw ay naging 18 taong gulang na.

### Ano ang pinakamadaling paraan para magparehistro?

Online! Gamit ang iyong Hawaii Driver License o Hawaii State ID, magparehistro sa loob ng ilang minuto sa elections.hawaii.gov. Kung wala kang Hawaii ID, available ang napi-print na aplikasyon sa pamamagitan ng website o sa mga post office at library.

### Paano ko idedeklara ang aking kaakibat na partido?

Mapapansin mo na nang nagparehistro ka para bumoto, hindi ka tinanong tungkol sa iyong kaakibat na partido pampulitika. Hindi iyon pagkakamali. Hindi idinedeklara ng mga botante ng Hawaii ang kaakibat na partido pampulitika kapag nagpaparehistro para bumoto.

### Kailangan ko bang magparehistro para makaboto taun-taon?

Hindi, hindi mo kailangang magparehistro para makaboto bago ang bawat halalan. Subalit may pananagutan kang panatilihing napapanahon ang iyong rehistro. Kung ang iyong pangalan, address ng tirahan, o mailing address ay nagbabago sa pagitan ng mga halalan, kailangan mong i-update ang iyong rehistrasyon ng botante. Umaasa ang mga opisyal ng halalan sa iyong kasalukuyang rehistrasyon ng botante upang malaman kung anong balota ang itatalaga sa iyo at kung saan ito ipapadala. Ugaliing suriin ang iyong pagpaparehistro ng botante sa simula ng bawat taon ng halalan! Suriin at i-update ang iyong pagpaparehistro sa elections.hawaii.gov.

### Saan ako boboto?

Ipadadala sa iyo ang iyong balota! Ang Hawaii ay estado na ang pagboto ay sa pamamagitan ng koreo, na nangangahulugan na bilang isang rehistradong botante, awtomatiko mong matatanggap ang iyong balota sa koreo tuwing halalan. Sa pagboto sa pamamagitan ng koreo, hindi magaganap sa isang araw lamang ang ating mga halalan, magsisimula talaga ang iyong window ng pagboto kapag ang iyong balota ay dumating na sa iyong mailbox. Mayroon ka ring iba pang mga opsyon na inilarawan sa gabay na ito. Halimbawa, maaari kang bumoto nang personal sa isang sentro ng serbisyo sa botante, na may mga device para sa naa-access na pagboto.

## PAGBOTO SA PAMAMAGITAN NG KOREO

Narito ang kailangan mong malaman tungkol sa pagboto sa pamamagitan ng koreo.

**Ang iyong balotang pangkoreo ay:**

- Awtomatikong ipinadadala sa iyong mailing address
- Darating sa ika-18 araw bago ang Araw ng Halalan
- Nangangailangan ng iyong lagda upang mabilang
- Kailangang matanggap hanggang 7:00 PM sa Araw ng Halalan

**Paano kung hindi ko matanggap ang aking balota?**
Kung hindi mo matanggap ang iyong balota, makipag-ugnayan sa iyong Dibisyon ng Mga Halalan ng County at bibigyan ka nila ng kapalit na balota.

**Paano kung magkamali ako sa aking balota?**
Kung magkamali ka, maiwala mo, o masira mo ang iyong balota, humiling ng kapalit na balota mula sa iyong Dibisyon ng Mga Halalan ng County.

**Puwede ba akong magbago ng isip pagkatapos kung maibalik ang aking balota?**
Hindi. Sa sandaling ibinalik mo na ang iyong binotohang balota at ito ay natanggap na ng Dibisyon ng mga Halalan ng County, ituturing na itong cast, at hindi ka na makakatanggap ng bagong balota.

**Paano ako makakaboto kung wala ako sa panahon ng halalan?**
Kung aalis ka sa panahon ng halalan, maaari kang humiling ng absentee ballot na ipadadala sa isang kahaliling address. Kumpletuhin lamang ang isang Aplikasyon ng Absentee Ballot at ilagay kung saan mo gustong ipadala ang iyong balota.

## PAGKUMPLETO NG IYONG BALOTANG PANGKOREO

1. Bago bumoto, suriin ang parehong panig ng balota. Para bumoto, itiman ang mga kahon na iyong pinili gamit ang itim o asul na panulat.
2. Pagkatapos bumoto, ipasok ang iyong balota sa secrecy sleeve. Tapos, ilagay ang secrecy sleeve sa ibabalik na sobre.
3. Basahin ang pahayag ng pagpapatibay at lagdaan ang ibabalik na sobre. Kailangan mong lagdaan ang ibabalik na sobre para mabilang ang iyong boto.

## PAGBABALIK NG IYONG BALOTANG PANGKOREO

**Sa Pamamagitan ng Koreo:** Ilagay ang iyong binotohang balota sa koreo gamit ang may paunang address, may bayad na postage na ibabalik na sobre. Mag-ingat sa mga oras ng paghahatid ng USPS upang matiyak na matatanggap ito bago ang deadline.

**Sa Pamamagitan ng Drop Box ng Balota:** Ihulog ang iyong binotohang balota sa lokasyon ng drop box ng balota sa loob ng iyong county. Bisitahin ang elections.hawaii.gov para sa mga lokasyon, petsa, at oras.

Ang mga binotohang balota ay dapat matanggap ng iyong mga Dibisyon ng mga Halalan ng County hanggang 7:00 PM sa Araw ng Halalan upang mabilang.

## PAGPOPROSESO NG IYONG BALOTA

Kapag natanggap na ang iyong ibinalik na sobre, ii-scan ang barcode nito. Ang natatanging barcode ay nagpapahintulot sa mga opisyal na subaybayan ang pagbabalik ng iyong balota at pinipigilan ang sinuman na bumoto nang higit sa isang beses.

Ang lagda sa ibinalik na sobre ay inihahambing sa lagda sa iyong talaan ng botante. Kung hindi makumpirma ng mga opisyal ang pagkakatugma, aabisuhan ka na ayusin ang isyu sa loob ng limang araw ng negosyo pagkatapos ng halalan.

Kung matagumpay na naitugma ang iyong lagda, ligtas na dinadala ang iyong balota sa sentro sa pagbibilang. Sa sentro sa pagbibilang, ang iyong binotohang balota ay pinoproseso sa pamamagitan ng mga scanner ng pagbibilang ng boto.

## SUBAYBAYAN ANG IYONG BALOTA

Mag-sign up para sa mga alerto sa pagsubaybay sa balota sa pamamagitan ng text, email, o voice call sa elections.hawaii.gov. Ipinapaalam sa iyo ng serbisyo kung nasaan ang iyong balota at nagpapadala ng mahahalagang paalala kasama ang isang alerto kapag nalalapit na ang deadline ng pagbabalik ng balota.

## TINGNAN ANG MGA RESULTA NG HALALAN

Pagkatapos ng 7:00 PM sa Araw ng Halalan, maaari mong simulang tingnan ang mga resulta ng halalan sa elections.hawaii.gov. Patuloy na ia-update ang mga resulta hanggang sa mabilang ang lahat ng wastong balota na natanggap sa deadline.

**Maaari mong asahan ang sumusunod na paglabas ng mga resulta:**

- Inilalabas ang Ulat 1 pagkatapos isara ang mga sentro ng serbisyo sa botante sa Araw ng Halalan.
- Naka-iskedyul na ilabas ang Ulat 2 sa ika-10:30 PM sa Araw ng Halalan.
- Inilalabas ang Pinal na Ulat sa Araw ng Halalan kapag ang lahat ng mga ibinalik na sobre ay nasuri na ng Dibisyon ng Halalan ng County at naproseso na sa sentro sa pagbibilang.
- Inilalabas ang Pinal na Ulat ng Halalan pagkatapos ng 5 araw ng negosyo na curing period ng lagda ng botante.

## MGA SENTRO NG SERBISYO SA BOTANTE

Para sa parehong araw na pagpaparehistro at pagboto, at naa-access na pagboto.

Bisitahin ang elections.hawaii.gov para sa mga lokasyon, petsa, at oras.

## NAA-ACCESS NA PAGBOTO

Available ang mga opsyon sa naa-access na pagboto. Isaalang-alang kung aling paraan ng pagboto ang nakakatugon sa iyong mga pangangailangan.

**1. Bumoto sa bahay gamit ang papel na balota.**

- **Awtomatikong paghahatid sa koreo.** Direktang dumarating ang iyong pakete ng balota sa iyong mailing address.
- **Pinapayagan kang makahingi ng tulong.** Kung ang pagsusuri, pagmamarka, at pagbabalik ng iyong balota ay mahirap, maaari kang humingi ng tulong. Pinahihintulutan kang hilingin sa isang pinagkakatiwalaan mong tao na tulungan kang basahin ang iyong balota, markahan ang iyong mga napili, at maging saksi mo kung hindi mo mapipirmahan nang nag-iisa ang ibabalik na sobre. Ipinagbabawal na tumulong ang iyong employer o ang iyong ahente ng unyon.
- **Ibinibigay ang prepaid na ibabalik na sobre.** Ibalik ang iyong balota sa pamamagitan ng koreo sa ibinigay na ibabalik na sobre. Hindi kailangan ang karagdagang postage.

**Para bumoto sa bahay gamit ang papel na balota.** Sa pamamagitan ng pagpaparehistro para bumoto, awtomatiko kang makakatanggap ng isang balotang pangkoreo tuwing halalan. Hindi kailangan ang hiwalay na kahilingan.

**2. Bumoto sa tahanan gamit ang naa-access na elektronikong balota.** Kung mayroon kang kapansanan sa pag-print at hindi mo mabasa ang karaniwang pag-print, karapat-dapat kang bumoto gamit ang isang elektronikong balota.

- **Maginhawang paghahatid gamit ang e-mail.** Ligtas na ipinadala ang iyong elektronikong balota sa iyong email address. Ang balota mismo ay hindi konektado sa Internet at ipinapadala lamang sa elektronikong paraan.
- **Akma sa mga personal assistive device.** Gamitin ang iyong mga assistive device sa bahay upang suriin at markahan ang iyong balota nang mag-isa. Akma ang elektronikong balota sa lahat ng pangunahing browser, laki ng device (kabilang ang mga smartphone at tablet), at mga personal assistive device.

**Para bumoto gamit ang naa-access na elektronikong balota:** Kapag nagparehistro ka para bumoto, lagyan ng tsek ang opsyon na humiling ng elektronikong balota at pagtibayin na natutugunan mo ang mga kwalipikasyon. Kakailanganin mong ibigay ang iyong email address.

**3. Bumoto sa isang sentro ng serbisyo sa botante gamit ang isang device sa pagmamarka ng balota.** Kung hindi mo magawang markahan ng kamay ang isang balota gamit ang isang panulat, bisitahin ang isang sentro ng serbisyo sa botante upang magamit ang device sa pagmamarka ng naa-access na balota, ang Verity Touch Writer.

- **Pinahusay na mga feature sa pagiging naa-access.** Binibigyang-daan ka ng Verity Touch Writer na malayang piliin ang iyong mga seleksyon sa balota sa pamamagitan ng isang elektronikong interface. Kasama sa mga feature ng device ang malaking touchscreen interface, rotary wheel console para lumipat sa balota, pagiging akma sa mga tactile switch at "sip and puff" na device, naiaakmang laki ng text at screen contrast para sa mas mataas na visibility, at kapabilidad gamit ang headphone para sa audio access.
- **Available sa buong estado ang mga naa-access na machine.** Mayroong Verity Touch Writer ang lahat ng mga sentro ng serbisyo sa botante. Bukas ang mga sentro ng serbisyo sa botante nang hanggang 10 araw ng negosyo bago ang Araw ng Halalan, na nagbibigay sa iyo ng sapat na oras upang bisitahin ang isang lokasyon upang bumoto.
- **Hindi elektronikong pagboto.** Ang Verity Touch Writer ay simpleng elektronikong device para tulungan ka sa pagsusuri at pagmamarka ng iyong balota. Pagkatapos bumoto, mag-iimprinta ka ng balotang papel na ii-scan para sa pagbibilang. Ang naka-imprintang balota ay ang parehong ginagamit ng lahat ng botante maging sa sentro ng serbisyo sa botante o sa pamamagitan ng koreo.

**Para bumoto gamit ang device na pangmarka ng balota:** Bisitahin ang isang sentro ng serbisyo sa botante sa iyong county. Ang pagpaparehistro bago ang iyong pagbisita ay maaaring magbawas sa iyong oras ng paghihintay.

## PAGGASTA SA KAMPANYA

Upang tingnan ang mga kontribusyon at paggasta ng kandidato, bisitahin ang website ng Komisyon ng Paggasta sa Kampanya (Campaign Spending Commission) sa csc.hawaii.gov/CFSPublic/menu/.

## KOMISYON SA ETIKA

Upang tingnan ang mga pahayag sa pananalapi ng kandidato para sa mga kandidato ng estado, bisitahin ang website ng Komisyon sa Etika ng Estado sa hawaiiethics.my.site.com/public/s/.

# MGA KARAPATAN MO SA PAGBOTO

### Karapatan mo sa pagiging lihim ng iyong boto

- Ang iyong boto ay walang pagkakakilanlan at hindi nakatali sa iyo o sa iyong rehistrasyon ng botante. Walang itinatagong tala kung paano ka bumoto sa isang halalan.
- Hindi hinihiling sa mga botante sa Hawaii na magdeklara ng kagustuhan sa partidong pampulitika kapag nagparehistro para bumoto. Hindi nagtatanong ang mga opisina sa halalan sa Hawaii, ni nagtatago ng rekord ng iyong kinaaanibang partido.

### Mga karapatan mo sa mga serbisyo sa Araw ng Halalan

- Kung hindi ka pa nakarehistro para bumoto sa Araw ng Halalan, maaari ka pa ring magparehistro sa isang sentro ng serbisyo sa botante sa iyong county. Pahihintulutan kang bumoto nang personal para sa halalan na iyon at makakatanggap ng isang balotang pangkoreo para sa mga halalan sa hinaharap.
- Kung nasa linya ka, manatili sa linya. Ang pagboto ay magsasara sa 7:00 PM sa Araw ng Halalan, gayunpaman, kung nasa linya ka para bumoto sa isang sentro ng serbisyo sa botante o upang ihulog ang iyong balota sa koreo sa isang drop box ng balota, papayagan kang gawin iyon. Minamarkahan ng mga opisyal ang dulo ng linya, at hindi ka papayagang muling sumali kung aalis ka.
- Maaari kang humiling ng pansamantalang balota kung hindi mo makumpirma ang iyong rehistrasyon ng botante. Pahihintulutan ka ng isang pansamantalang balota na bumoto ng isang balota na maaaring o hindi maaaring mabilang pagkatapos na kumpirmahin ng Dibisyon ng mga Halalan ng County ang iyong impormasyon sa rehistrasyon ng botante.

### Karapatan mong magparehistro upang makaboto

- Kung nakakaranas ka ng kawalan ng tirahan o kung hindi man ay walang tradisyonal na tirahan, karapat-dapat ka pa ring magparehistro para bumoto. Kapag nagparehistro ka, magbigay ng paglalarawan kung saan ka nakatira – tulad ng mga tawiran ng kalye at palatandaan, upang matulungan ang mga opisyal ng halalan na matukoy ang iyong distrito ng pagboto. Maaaring mag-alok ang mga opisyal ng halalan ng gabay sa mga opsyon sa pagboto kabilang ang personal na pagboto sa isang sentro ng serbisyo sa botante.
- Pinapanatili mo ang karapatang magparehistro at bumoto kung ikaw ay isang pre-trial detainee, nasa probasyon, o naka-parole pagkatapos ng pagkakakulong. Kung nahatulan ka ng isang mabigat na kasalanan, hindi ka pinahihintulutang bumoto sa panahon ng iyong pagkabilanggo, gayunpaman, ibinabalik ang mga karapatan mo sa pagboto kung ikaw ay nasa probasyon o parolado.

### Karapatan mong bumoto habang wala sa Hawaii

- Kung pansamantala kang wala sa iyong paninirahan sa Hawaii, maaari kang humiling ng isang absentee ballot na ipadala sa koreo sa isang kahaliling address sa pamamagitan ng pagsusumite ng Aplikasyon ng Absentee Ballot.
- Kung ikaw ay aktibong militar, asawa o umaasa sa isang aktibong militar o isang mamamayan ng U.S. na naninirahan sa ibang bansa, karapat-dapat kang bumoto sa mga halalan sa Hawaii. Sa pamamagitan ng pagkumpleto ng Federal Post Card Application, ang iyong balota ay ihahatid sa iyo sa ibang bansa.

### Karapatan mo sa tulong sa wika

- Ang mga materyales sa pagboto ay makukuha sa Chinese, Olelo Hawaii, Ilocano, at Tagalog, at ang karagdagang tulong sa wika ay makukuha sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Opisina ng mga Halalan.

### Karapatan mo sa naa-access na pagboto at tulong

- Kung kailangan mo ng tulong sa pamamagitan ng proseso ng halalan, kabilang ang pagpaparehistro para bumoto, o pagsusuri, pagmamarka, at pagbabalik ng iyong balota, pinapayagan kang tumanggap ng tulong. Mahalagang tandaan na upang maprotektahan ka laban sa pananakot sa botante, ipinagbabawal kang tumanggap ng tulong mula sa isang kandidato sa balota, o sa iyong employer o ahente ng unyon.
- Ang mga opsyon sa naa-access na pagboto ay magagamit upang bumoto nang pribado at independiyente. Maaaring humiling ang mga botanteng may kapansanan ng isang naa-access na elektronikong balota o bumisita sa isang sentro ng serbisyo sa botante upang gumamit ng equipment sa naa-access na pagboto upang suriin at markahan ang kanilang balota.

# TULONG SA WIKA

如需翻譯後的選舉材料或語言協助，請聯絡選舉辦公室。

No nā pono koho pāloka a i ʻole no ke kōkua ʻōlelo Hawaiʻi, e hoʻokaʻaʻike i ka Māhele Koho o ka Mokuʻāina.

Para kadagiti naipatarus a materiales a mainaig iti eleksion wenno tulong iti lengguahe, awagan ti Opisina Dagiti Eleksion (Office of Elections).

Para sa mga isinalin na babasahin tungkol sa pagboto o kung kailangan ang tulong sa wika, makipag-ugnayan sa Tanggapan ng mga Eleksyon.

## Mga Dibisyon ng mga Halalan ng County

**County ng Hawaii**
25 Aupuni Street
Kuwarto 1502
Hilo, Hawaii 96720
(808) 961-8277
hiloelec@hawaiicounty.gov

**County ng Maui**
200 South High Street
Wailuku, Hawaii 96793
(808) 270-7749
county.clerk@mauicounty.us

**County ng Kauai**
4386 Rice Street
Kuwarto 101
Lihue, Hawaii 96766
(808) 241-4800
elections@kauai.gov

**Lungsod at County ng Honolulu**
530 South King Street
Kuwarto 100
Honolulu, Hawaii 96813
(808) 768-3800
elections@honolulu.gov

## Makipag-ugnayan sa Amin

**Opisina ng mga Halalan**
802 Lehua Avenue
Pearl City, Hawaii 96782
(808) 453-VOTE (8683)
elections@hawaii.gov
Toll Free: 1-800-442-VOTE (8683)
TTY: (808) 453-6150
Toll Free TTY: 1-800-345-5915

**Pagtatatuwa:** Ibinigay ng mga kandidato ang mga pahayag sa mga sumusunod na pahina at hindi nasuri para sa katumpakan. Ang mga pananaw at opinyon na ipinahayag ng mga kandidato ay sa kanila at hindi kinakailangang kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng Opisina ng mga Halalan.



PANGALAN NG BALOTA:
**AMARAL, Melba**
LEGAL NA PANGALAN:
**Melba S.S. Amaral**

Republika Partido
U.S. Senador
melbahawaii@gmail.com
(808) 294-9634

Aloha, isang MAGANDANG araw sa Hawaii habang inaanunsyo ko ang aking kandidatura para sa Senado ng U.S. Lubhang nangangailangan ang Hawaii ng bagong representasyon sa Kongreso. Kailangan nating magpasa ng batas na "common sense" at ang Kagustuhan ng Bayan ay kinokonsulta, tinutugunan at iginigiit kapag gumagawa ng mga pampublikong patakaran na nakakaapekto sa kanila. Maraming isyu na lahat ay mahalaga na kinakaharap ng ating mga residente. Mataas na inflation, mataas na gastos ng pamumuhay, mga pamilya at ating mga anak na lumilipat sa mainland, mga presyo ng gas at marami pa. Nararamdaman ko rin ang mga ito. Nararamdaman ito ng pamilya ko. Hindi ko maipapangako na kung mahalal ay malulutas ko ang lahat ng isyung ito na nakakaapekto sa ating lahat. Ngunit, maipapangako ko na ipaglalaban ko ang inyong mga Karapatan sa Konstitusyon bilang mga Amerikano sa antas ng pederal. Gawing Muli Nating Napakaganda Ang Hawaii. Pagpalain nawa ng Panginoon ang Hawaii at Pagpalain nawa ng Panginoon ang Amerika. Mahalo Melba.



PANGALAN NG BALOTA:
**BILLIONAIRE, Shelby Pikachu**
LEGAL NA PANGALAN:
**Shelby Billionaire**

Tayo Ang Sambayanan
U.S. Senador
hawaiiankingdom.org
presidentbillionaire@gmail.com
(808) 747-7336

Sama-sama nating Wakasan ang Human Trafficking at Pagpupuslit ng Droga! "Hindi mo malulutas ang isang problema gamit ang parehong isip ng lumikha nito." -Albert Einstein Samakatuwid, Ang Solusyon ay Simple: Kailangan Nating Baguhin ang Bagay-bagay at "Maging Ang Pagbabago na Gusto Nating Makita sa Mundo" -Mahatma Gandhi Maging Bayani ng Sarili Mong Buhay at Pukawin ang Ating Mga Henerasyon sa Hinaharap Upang Gawing Mas Magandang Lugar ang Mundo. Naniniwala si Pikachu sa Self Sufficiency! Alamin kung paano bumuo ng sarili mong Hale (bahay), Alamin kung paano Umasa sa Grid, Alamin kung paano mamuhunan at makipagpalitan ng crypto, at maging mas mahusay kaysa kung ano ka kahapon. FYI, si Master Shelby Billionaire ay pinalaki mula sa Wai'anae mula sa isang Quonset hut at lumaki na nanonood ng Voltron, Ninja Turtles, Care Bears, Thundercats, at Captain Planet. Sa Iyo ang Kapangyarihan! Kung gusto mo ang Super Heroes Bumoto para kay Pikachu! Cheeeehuuuuuu Facebook @Shelby Keiki'okalani IG @Legendarybillionaire Youtube @ SuperShelbyBillionaire Mahalo Nui Loa!




PANGALAN NG BALOTA:
**CURTIS, Ron**
LEGAL NA PANGALAN:
**Ronald C. Curtis**

Partido Demokratiko
U.S. Senador
roncurtis808.com
rcurtis808@outlook.com
(808) 855-8950

Walang Isinumiteng Pahayag




PANGALAN NG BALOTA:
**DOLAN, Paul**
LEGAL NA PANGALAN:
**Paul R. Dolan**

Republika Partido
U.S. Senador
prdolanlaw@gmail.com
(808) 384-1492

Walang Isinumiteng Pahayag



PANGALAN NG BALOTA:
**GIUFFRE, John (Raghu)**
LEGAL NA PANGALAN:
**John M. Giuffre**

Hindi Partidista
U.S. Senador
raghunomicshawaii.com
americanshoppingparty@yahoo.com
(571) 351-0444

Tumatakbo si Raghu Giuffre para sa Senado ng U.S. upang ipakilala ang kanyang Raghu-nomics series sa public square. Ang 26 na aklat na ito ay nag-aalok ng bagong pananaw at gumaganang modelo sa karamihan ng bawat isyu ng ekonomiyang panlipunan ng nakaraang dekada. Mapapalawak nito ang ating mga prospect at diskurso sa mga isyu. Naririyan ang maliliit na independyenteng kandidato para sa pagmemensahe, upang manalo sa halalan. Nagsisimula ang sa atin sa event na "Buy Local 1 Day a month" sa pag-asang makakuha ng 2 hanggang 4 na milyong turista na makakasama natin sa araw na iyon. Madodoble nito ang maliliit na negosyo hanggang mag-Pasko. Isa lamang itong halimbawa ng Raghu-nomics.



PANGALAN NG BALOTA:
**HIRONO, Mazie K.**
LEGAL NA PANGALAN:
**Mazie K. Hirono**

Partido Demokratiko
U.S. Senador
mazieforhawaii.com
info@mazieforhawaii.com
(808) 453-0555

Bilang inyong Senador ng U.S., lumalaban ako na kakampi ninyo araw-araw upang mabawasan ang mga gastos at gawing mas mahusay ang buhay para sa mga tao at pamilya sa Hawaii. Nagsusumikap man na palawakin ang mga pagkakataon sa edukasyon para sa ating mga anak, palakasin ang mga kritikal na programa tulad ng Social Security at Medicare para sa ating mga kaanak, o kumpirmahin ang mga patas at obhetibong mga hukom, nakatuon ako sa pagtiyak na ang ating mga komunidad ay may suporta na nararapat sa kanila. Sa panahon ko sa Senado, bilyun-bilyon ang naipuhunan natin sa paggawa ng makabago sa imprastraktura ng ating bansa, pagbaba ng mga gastos sa pangangalaga sa kalusugan para sa ating mga kaanak, at gumawa ng makasaysayang aksyon upang labanan ang pagbabago ng klima. Tumatakbo ako para sa muling pagkakahalal upang buuin ang pag-unlad na nagawa natin at ipagtanggol ang ating demokrasya. Karangalan kong katawanin kayo sa Senado, at buong kababaang-loob kong hinihiling ang inyong boto sa halalan na ito.



PANGALAN NG BALOTA:
**LAM, Adriel C.**
LEGAL NA PANGALAN:
**Adriel C. Lam**

Republika Partido
U.S. Senador
www.lam4aloha.com
adriel@lam4aloha.com
(808) 721-9362

Puno ng talento at potensiyal ang Hawaii para pamunuan ang ating bansa sa gabay ng ating mga prinsipyo at pag-asa para sa buong mundo. Lōkahi ang batayan ng ating mga isla sa pagtanggap sa lahat ng lahi at pinagmulan. Aloha ang mensahe ng ating mga ninuno na minana mula sa Ke Akua. Mālama ang pamantayan ng ating pamamahala at pag-aaruga sa isa't isa. Bilang malaya at nagsasariling Estado ng federal Union, nananatiling estratehikong sentro ang Hawaii, isang pang-ekonomiya at pangkulturang landas tungo sa Pacific, at mahalagang miyembro ng United States. Bitbit ni Adriel ang buong buhay niyang karera at mga personal na karanasan sa pag-uugnay ng iba't ibang katuwang at pagbuo ng iisang landas pasulong. Itataguyod niya ang tamang lugar at papel ng Hawaii sa Senado ng United States, sa unahan ng ating patakarang panlabas at pakikisangkot sa Pacific. Ua lōkahi ʻia e ke aloha e mālama ai



PANGALAN NG BALOTA:
**LEWMAN, Clyde McClain (Mac)**
LEGAL NA PANGALAN:
**Clyde McClain Lewman**

Partido Demokratiko
U.S. Senador
mac808.com
mico22@aol.com
(808) 859-1132

Aloha-Mahalo! Inihahandog ko ang aking mga pagsisikap kina King Kamehameha, Queen Liliuokalani, at Haunani-Kay Trask, at sa lahat ng itinuturing na tahanan ang Hawai'i. Tumakbo ako para sa pagkagobernador ng Hawai'i noong 2022 at ngayon ay nasa Manoa Neighborhood Board na ako, at Delegado sa Demokratikong Konseho ng Distrito 22 ng Manoa. Ang sistema ng dalawang-partidong politika ng U.S. ay nauwi na sa mga partidong nag-aaway! Kumakalat na ang kaluguhan. Sinusuportahan ko ang mga lokal at pambansang unicameral na lehislatura (Tingnan ang-Nebraska) Bilang miyembro ng Senado ng United States, ibabatay ko ang aking mga desisyon sa pagpapanatili ng hustisya at pagbabalik ng pagkamatuwid sa United States, kung saan kabilang ang usapin ng kasarinlan ng Hawai'i. Hindi hustisya ang pagwawalang-bahala! Hindi porke't gusto mo ang isang bagay ay tama na iyon! Hindi nagiging tama ang mali sa paglipas ng panahon! Ang Hawai'i ay hindi America! Ang Hawaii ay hindi Hawaii! Ang Pagkain ay Kalayaan - wala ang parehong ito sa Hawaii! Dapat ibaling sa espirituwalismo ang materyalismo. May legal na karapatan ang Hawai'i para maging Kingdom-Nation.



PANGALAN NG BALOTA:
**MCDERMOTT, Bob**
LEGAL NA PANGALAN:
**Robert C. McDermott**

Republika Partido
U.S. Senador
www.votemcdermott.com
Representativemcdermott@gmail.com
(808) 371-4605

Para Manalo, nagpapatakbo ng kampanyang nakasentro sa Diyos, na ginagampanan ang sarili ko bilang isang Kristiyanong Maginoo habang ibinabalik ang moralidad sa ating pampublikong diskurso, Pagtigil sa walang katapusang mga digmaan, Pagprotekta sa mga karapatan ng magulang at mga mag-aaral mula sa propaganda tungkol sa ideolohiya ng kasarian, at pagwawasto sa ating fiscal ship upang ang mga nagtatrabahong pamilya ay may pagkakataon na lumago at umunlad. Ama ng 8, lolo sa 13, beterano ng USMC at Desert Storm, 16 na taong Kinatawan ng Estado ng Hawaii.



PANGALAN NG BALOTA:
**POHLMAN, Emma Jane Avila**
LEGAL NA PANGALAN:
**Emma Jane Avila Pohlman**

Partido Berde
U.S. Senador
emmajanehawaii@icloud.com
(808) 960-7680

Ang pangalan ko ay Emma Jane Avila Pohlman. Isa akong Earth Lawyer at Tagapamagitan. Nag-aral ako ng Philosophy and Political Science sa University of Southern California (USC) at nakuha ko ang aking Juris Doctor sa Loyola Law School. Naniniwala ako sa mabuting pamahalaan at pundamental na saligang prinsipyo. Ang pangunahing pinagtutuunan ko ay ang tubig. Kailangan ng lahat ng Tao ng Hawaii na magkaroon ng malinis na tubig. Ito ay pangunahing responsibilidad ng ating pamahalaan.



PANGALAN NG BALOTA:
**REYES, Arturo P.**
LEGAL NA PANGALAN:
**Arturo P. Reyes**

Republika Partido
U.S. Senador
arturoreyes@fb.com
arturomalapr804@yahoo.com
(808) 399-1450

Muling Pagtukoy sa Kadakilaan sa America kasama si Arturo P Reyes Para sa US Senator (R), Hawaii USA 2024, United States Navy (Retirado) 1. Ipawalang-bisa ang Tyding-McDufie Act of 1934 at Ibalik ang Pilipinas bilang Pinagkakatiwalaang Teritoryo ng United States at Pagpapanumbalik ng 1st Class U.S. Citizenship sa Lahat ng Pilipino saanman Sila maaaring nakabatay sa Treaty of Paris ng December, 1898; 2. Pinatibay ang Konstitusyon ng U.S. at Ipinalitis ang Lahat ng Opisyal ng Pamahalaan ng U.S. na tahasan at sadyang lumabag sa Konstitusyon; 3. Ipalitis ang Lahat ng mga Mahistrado ng Korte Suprema ng U.S. kung sila ay Pabaya sa mga Pagganap ng kanilang mga Tungkulin sa Pagsuri at Pagbalanse sa Diwa at Kahulugan ng Konstitusyon ng U.S.; 4. Buhayin, Ibalik, IPAGPANUMBALIK ANG MALAKAS NA EKONOMIYA ng U.S.; 5. IBALIK, TUBUSIN, IPAHAYAG ANG LEHITIMONG PATAS NA PAGBABAHAGI.



PANGALAN NG BALOTA:
**TIPON, Emmanuel**
LEGAL NA PANGALAN:
**Emmanuel S. Tipon**

Republika Partido
U.S. Senador
tiponforussenate.com
filamlaw@yahoo.com
(808) 225-2645

"Gawin muli nating Paraiso ang Hawai'i." Ito ang aking pananaw. Isang lugar ng magagandang tanawin sa halip na mga kampuhan ng walang-bahay, maaayos na sementadong kalsada, abot-kayang mga tahanan, sapat na trabahong may maayos na pasahod, walang krimen na mga kapitbahayan, at maraming iba pang bagay na nagpapasaya sa buhay sa Hawai'i. "Mahalin Muna Ang Mga Amerikano" ang motto ko. Dapat tulungan ng gobyerno ng U.S. ang mga Amerikano Muna bago tumulong sa iba. Ang mga salat sa buhay ay dapat magkaroon ng higit mula kay Uncle Sam. Dapat ihinto ng U.S. ang pag-subsidiya sa Ukraine ng $61 bilyon. Bigyan ang Hawai'i ng $5 bilyon. Tutulungan ko kayong makamit ito. Ako si Emmanuel Samonte Tipon. Isa akong mamamayan ng U.S. Ipinanganak ako sa Pilipinas. Binigyan ako ng gobyerno ng U.S. ng Fulbright scholarship sa Yale Law School kung saan nakakuha ako ng Master of Laws degree. Ako ay mahusay magsalita, palakaibigan, may pagkamapagpatawa, nagbibigay inspirasyon sa pag-asa, bukas ang isipan, at matulungin. Salamat po. Pagpalain kayo ng Panginoon.



PANGALAN NG BALOTA:
**CASE, Ed**
LEGAL NA PANGALAN:
**Edward E. Case**

Partido Demokratiko
Kinatawan sa U.S., Distrito I
www.edcase.com
edcase@edcase.com
(808) 546-9509

Aloha. Sa panahong ito na puno ng kahirapan, hindi natin kailangan ng higit pang pagkakahati-hati at kawalan ng pagkilos. Kailangan natin ng matibay at matatag na pamunuan para sa mga tunay na solusyon sa mga tunay na hamon. Ipinanganak at pinalaki ako sa Hilo nang may malalim na ugat sa buong Hawai'i. Mahaba na ang naging karera ko sa batas at negosyo, walong taon na ako sa lehislatura ng Hawai'i, at may mapagmahal akong pamilya. Sampung taon na akong may kataasan ng tungkulin sa Kongreso. Hawak ko ang mga pangunahing posisyon tulad ng ating House Appropriations Committee na nagpopondo sa ating pederal na gobyerno. Ipinaglaban ko ang mga pangunahing pagsulong para sa ating bansa at upang malutas ang mga krisis kagaya ng COVID, Red Hill at Maui para sa ating Hawai'i. Dati pa man, naniniwala na akong kaya at kailangan nating maghanap ng mas magandang kinabukasan nang sama-sama. Hindi tayo magsisigawan. Tapat lang nating haharapin ang ating mga hamon, habang nagsusumikap at ginagawa ang ating trabaho. Iyon ang kailangan. Iyon ang ginagawa ko. Iyon ang iniaalok ko. Mapagkumbaba kong hinihingi ang inyong patuloy na suporta, Mahalo.




PANGALAN NG BALOTA:
**GRIFFIN, Calvin**
LEGAL NA PANGALAN:
**Calvin C. Griffin**

Hindi Partidista
Kinatawan sa U.S., Distrito I
calvingriffin@rocketmail.com
(808) 545-1301

Walang Isinumiteng Pahayag




PANGALAN NG BALOTA:
**HALE, Cecil R.**
LEGAL NA PANGALAN:
**Cecil Ray Hale**

Partido Demokratiko
Kinatawan sa U.S., Distrito I
cecilhale4congress@yahoo.com
(808) 751-7800

CECIL HALE US ARMY (Ret) Kolehiyo: University of Baltimore Sr Manager sa Iraq at Afghanistan Maghahalal kayo ng 2 Kapulungan ng Mga Kinatawan ng US para maging boses ninyo at itaguyod kayo, ang inyong pamilya, at ang ating pag-unlad. Alam ng lahat ang trahedya at pighating naranasan ng mga pamilya natin sa Lahaina at ang kawalan ng Pederal na Tulong na natanggap para sa napakalungkot at napakalaking kawalang natamo nila, bagay na dapat ikahiya. Habang milyon-milyong imigrante ang tumatawid sa ating mga hangganan araw-araw at nakakatanggap ng mga bagong Phone at card ng subsidiya ng Gobyerno. Hindi ako magiging simpleng taga-OO sa Washington. Ako ang magiging BOSES ninyo. At kapag naihalal ako, PANGAKO KO SA INYO; ipaglalaban ko kayo at ang mga pamilya ninyo. Itataguyod ko ang mga karapatan at oportunidad ng ating mga komunidad ng LGBTQ+. Hindi ako mapapagod na labanan ang pagbabago ng klima (climate change) at ang agenda ng Republican, at ang pagkakalat nila ng maling impormasyon tungkol sa MAGA. Maraming salamat sa inyong boto.



PANGALAN NG BALOTA:
**LARGEY, Patrick C.**
LEGAL NA PANGALAN:
**Patrick C. Largey**

Republika Partido
Kinatawan sa U.S., Distrito I
freedom4hawaii.com
patricklargey4congress@gmail.com
(808) 304-4006

Aloha! Ako si Patrick Largey, at tumatakbo ako para sa Kongreso ng 1st Congressional District ng Hawaii. Ipinanganak at pinalaki ako sa Hudson, Massachusetts, ngunit itinuring ko nang tahanan ang Hawaii mula nang madestino ako rito sa US Air Force noong 1985. Mahal ko ang mamamayan, ang lupain at ang mga tradisyon nito. Sinusuportahan at ipinagtatanggol ko ang Konstitusyon ng US. Ako ay maka-Buhay, maka-2nd Amendment, maka-militar ng US at Pagpapatupad ng Batas. Naglingkod ako nang 23 taon sa militar ng US at Pagpapatupad ng Batas. Nasa puso ko talaga ang paglilingkod sa mamamayan noon pa, kaya tumatakbo ako para sa posisyon. Mahal ko ang ating bansa, pero hindi ako sang-ayon sa agenda at mga mapanirang polisiya ng kasalukuyang administrasyon. Karapatan ng mamamayan ng Hawaii ang mas maayos na administrasyon. Kailangang ayusin ang ating kaperahan, at itigil ang paggasta ng bilyong dolyar sa mga bansang hindi naman tayo gusto.



PANGALAN NG BALOTA:
**BOND, Steve**
LEGAL NA PANGALAN:
**Steven R. Bond**

Republika Partido
Kinatawan sa U.S., Distrito II
votestevebond.com
votestevebond@gmail.com
(808) 756-3638

Ipinanganak sa Honolulu, nakatira sa Maui. Ang aking degree sa Economics ay nagbigay sa akin ng background upang obserbahan at suriin ang lumalalang kondisyon sa pananalapi na kinakaharap nating lahat. Mayroong paglubog sa kapangyarihan sa pagbili. Ang isang kahihinatnan ay desperasyon habang sinusubukan ng mga tao na pakainin ang kanilang mga pamilya. Ako ay ginagabayan ng pagpaparaya, pagiging sibil, at ng Aloha Spirit. Titindig ako para sa mga tao sa ating komunidad. Mayroong dalawang pangunahing partidong pampulitika at upang magkaroon ng tunay na upuan sa mesa, kailangang magkaroon ng bipartisan na presensya ang Hawaii sa Washington. Magiging ako ang taong iyon. Ang aking Kampanya ay kailangan ng mga boluntaryo. Hinihiling ang mga donor ng pinansiya. Ihalal ninyo ako nang sa gayon ay mapaglingkuran ko ang inyong mga interes!




PANGALAN NG BALOTA:
**MEYER, Randall Kelly**
LEGAL NA PANGALAN:
**Randall Kelly Meyer**

Hindi Partidista
Kinatawan sa U.S., Distrito II
randallmeyer2000@yahoo.com
(541) 521-4639

Walang Isinumiteng Pahayag



PANGALAN NG BALOTA:
**TOKUDA, Jill N.**
LEGAL NA PANGALAN:
**Jill N. Tokuda**

Partido Demokratiko
Kinatawan sa U.S., Distrito II
tokudaforhawaii.com
jill@tokudaforhawaii.com

Mula Pāpaʻaloa sa Hawaiʻi Island, hanggang Puʻunēnē sa Maui, hanggang Puhi sa Kauaʻi, hanggang sa aking hometown na Kāneʻohe–itinuring nang tahanan ng aming pamilya ang Ikalawang Distrito ng Kongreso ng Hawaiʻi nang limang henerasyon. Para sa akin, personal ang paglilingkod sa Kongreso at ang mahalaga ay tiyaking makakakita ang susunod na henerasyon ng kinabukasan sa lugar na ito na minamahal natin. Ibig sabihin, pagtitiyak na nagtatayo tayo ng pabahay na abot-kaya para sa mga tao. Pagsisikap upang tiyakin ang access sa pangangalaga sa kalusugan at mga serbisyo sa kalusugang pangkaisipan. Paglikha ng mga oportunidad sa edukasyon at magagandang trabaho. Pagpapababa ng presyo ng lahat, mula sa pagkain hanggang sa utilidad, hanggang sa gasolina at inireresetang gamot. Dala ko ang aking pag-aalala bilang ina sa Kongreso upang magawa ang dapat gawin at maalagaan ang ating mamamayan at komunidad gaya ng pamilya. Marami na tayong nakamit nang magkasama, ngunit marami pang kailangang gawin. Mapagkumbaba kong hinihingi ang inyong konsiderasyon at boto.



PANGALAN NG BALOTA:
**TOMAN, Aaron**
LEGAL NA PANGALAN:
**Aaron M. Toman**

Partido Pang-Kalayaan
Kinatawan sa U.S., Distrito II
www.limitthepower.com
limitthepowerhi@gmail.com
(808) 756-0790

Si Aaron Toman ay pinalaki sa Oahu at nabuhay sa halos lahat ng kanyang buhay nang tumanda na sa bahagi ng Hilo ng Big Island. Napagtanto ni Aaron na walang magpapakitang-gilas na ayusin ang ating pulitika, kung gusto niyang makakita ng pagbabago, kailangan niyang maging pagbabago! Nahahati sa tatlong seksyon ang 11 point platform ni Aaron: Ayusin ang Kongreso, Ayusin ang Bansa, at Ayusin ang Hawaii; na ang pinakamahalagang punto ay ang Mga Limitasyon sa Termino ng Kongreso, Mga Karapatan sa Pagboto para sa Mga Teritoryo ng US, Pag-amyenda sa Jones Act upang ibukod ang Hawaii, at pag-alis ng Kwalipikadong Immunity mula sa Sistema ng Hustisya. Hinihikayat kayong suriin ang buong platform ni Aaron sa kanyang website, LimitThePower.com. 2024 ang magiging taon kung kailan tatanggihan ng mga Amerikano ang dalawang partidong sistema! Maging bahagi ng kasaysayan sa pamamagitan ng pagpili ng unang Libertarian Congressman ng Hawaii at ang unang House Minority Leader ng bansa mula sa isang ika-3 partido! Si Aaron Toman ay ang 3rd Option at 1st Choice ng Hawaii!



PANGALAN NG BALOTA:
**ACASIO, Laura**
LEGAL NA PANGALAN:
**Laura E.C. Acasio**

Partido Demokratiko
Senador ng Estado, Distrito 1
www.friendsoflauraacasio.com
friendsoflauraacasio@gmail.com
(808) 933-2966

Naglingkod na si LAURA ACASIO sa mamamayan ng Hawai'i bilang dating senador ng estado, guro sa pampublikong paaralan, Komisyoner ng Hawai'i County Environmental Management at miyembro ng mga lupon ng ilang nonprofit, kabilang ang namamahalang lupon para sa Ka 'Umeke Ka'eo Public Charter School. Marami sa nonprofit na sinusuportahan niya ay mga organisasyong pangmasa na dedikado sa pagpapanawagan sa pamahalaan na maging mas responsable at epektibo. Ang Acasio 'Ohana, kung saan kabilang ang asawa ni Laura na si Lynold at ang dalawa nilang anak na lalaki, ay kilala sa buong Hawai'i Island dahil sa napakaraming oras na inilaan nila sa pagboboluntaryo para maglingkod sa komunidad. Sa nakalipas na isang taon, ang kampanyang pagkatok ni LAURA ACASIO ang naglapit sa kanya sa mga residente ng Distrito 1 na nagsasabi sa kanyang gusto nila ng naa-access at abot-kayang pabahay, ligtas na kapitbahayan, maunlad na lokal na negosyo, at malinis na hangin at tubig. Ang mapagkumbabang pamamaraan ni ACASIO, ang napapabilang na estilo ng pamumuno niya, ang sipag at tiyaga niya, at ang kasigasigan niyang matuto ang mga dahilan kung bakit siya ang pinakaakma sa Senador ng Estado ng Distrito 1.



PANGALAN NG BALOTA:
**INOUYE, Lorraine Rodero**
LEGAL NA PANGALAN:
**Lorraine Rodero Inouye**

Partido Demokratiko
Senador ng Estado, Distrito 1
www.lorraineinouye.com
ljrinouye@gmail.com
(808) 430-4230

Si Senador Lorraine Rodero Inouye (D-1) ang pinaka may karanasan sa lahat ng naihalal na opisyal sa Hawai'i Island at isa sa mga pinakamayaman sa karanasan sa buong estado. Naglilingkod siya bilang Senate Majority Whip at subok na ang kahusayan niya sa proseso ng lehislatura. Mula 2014, nakapagtamo na siya ng halos $380 milyon sa mga proyektong konstruksyon at pagpapa-unlad para sa kanyang isla at $28 milyon sa gawad para sa mga non-profit. Lumaki si Senator Inouye sa tubohan sa Wainaku, sa labas ng Hilo. Nagtrabaho siya sa industriya ng pagsisilbi hawak ang mga tungkulin sa pamamahala; naglingkod siya sa komisyon sa pagpaplano ng county at sa Hawai'i State Plan Policy Council bago siya naihalal sa Konseho ng Lungsod, pagkatapos ay Alkalde, at sa wakas, Senado ng Estado. Sila ng asawa niyang si Vern ang may-ari ng Aloha Blooms, Inc. Patuloy na ginagabayan si Senator Inouye ng mantra ng kanyang mga magulang habang lumalaki sa tubohan kasama ng pitong kapatid, "Magsumikap, maging tapat at magtulungan."

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES



PANGALAN NG BALOTA:
**KANUHA, Dru Mamo**
LEGAL NA PANGALAN:
**Dru Mamo Kanuha**

Partido Demokratiko
Senador ng Estado, Distrito 3
drukanuha.com
info@drukanuha.com
(808) 329-4067

Lubos akong nagpapasalamat sa pribilehiyong maglingkod bilang Senador para sa Distrito 3 mula pa noong 2018, isang pagkakataon na natatanging naglagay sa akin upang tumulong na matugunan ang mga pangangailangan ng ating komunidad, kung saan may malalim akong ugat. Mula sa pagtaguyod ng pinabuting access sa abot-kayang pabahay, pagpapalakas ng sistema ng edukasyon ng Estado, at pagtataguyod ng sari-saring uri ng ekonomiya, hanggang sa pagtataguyod para sa mga inisyatiba sa mga grassroot, ang aking pangunahing pagtuon ay nananatili sa pagpapalakas ng boses ng Kona, Ka'ū, at Volcano sa Kapitolyo. Bilang Majority Leader ng Senado, epektibo kong ginamit ang aking tungkulin sa pamumuno upang matiyak ang katarungan para sa Isla ng Hawai'i. Sa inyong suporta, umaasa akong patuloy kong ipaglalaban ang mga patakarang nagpapasigla sa lahat ng residente at nagpapanatili sa natatanging paraan ng pamumuhay ng ating Estado. Nananatili akong nakatuon sa patuloy na paglilingkod sa Distrito 3 ng Senado, na naghahatid ng mga resulta na magbibigay-pakinabang sa ating Estado para sa mga susunod na henerasyon. Ipinapauna ko ang aking mahalo para sa inyong tiwala at patuloy na pakikipagtulungan.



PANGALAN NG BALOTA:
**SULLIVAN, Kurt (Sulli)**
LEGAL NA PANGALAN:
**Kurt E. Sullivan**

Republika Partido
Senador ng Estado, Distrito 3
kurt.sullivan@sulburk.com
(808) 300-9809

Niyayakap ang panibagong yugto ng politika sa Hawaii nang may isip! Gawin natin ang daan para sa positibong pagbabago, kalinawan, at kaunlaran. Kapag sama-sama, makakapagbuo tayo ng mas maliwanag na kinabukasan para sa minamahal nating mga isla.

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES



PANGALAN NG BALOTA:
**RICHARDS, Herbert (Tim)**
LEGAL NA PANGALAN:
**Herbert M. Richards III**

Partido Demokratiko
Senador ng Estado, Distrito 4
votetimrichards.com
teamtim@votetimrichards.com
(808) 557-2780

Aloha, ako si Tim Richards, tumatakbo para sa Senado ng Estado ng Hawaii Distrito 4. Nakasalalay ang kinabukasan ng ating mga anak sa mga ginagawa natin ngayon. Ang aking mga pangunahing prayoridad ay seguridad, medikal na accessibility, pabahay, pagkain at agrikultura. Dapat nating buhayin ang pagpopondo para sa mahahalagang serbisyo at tiyaking maa-access ng lahat ang de-kalidad na pangangalagang pangkalusugan. Ang pagtugon sa krisis sa pabahay ay isang matinding pangangailangan na nangangailangan ng agarang aksyon. Maaaring baguhin ng pamumuhunan sa agrikultura ang ating ekonomiya at tiyakin ang seguridad sa pagkain. Bukod pa rito, dapat nating baguhin ang ating pamahalaan upang mapaglingkuran ang ating komunidad nang mas mahusay. Nakasalalay ang kinabukasan ng ating mga anak sa pagkilos natin ngayon. Sama-sama, makakalikha tayo ng mas maliwanag, mas napapanatiling kinabukasan para sa Hawaii. Lubos akong nagpapasalamat sa inyong suporta. Mahalo, Tim.

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES



PANGALAN NG BALOTA:
**HASHIMOTO, Troy N.**
LEGAL NA PANGALAN:
**Troy N. Hashimoto**

Partido Demokratiko
Senador ng Estado, Distrito 5
www.troyhashimoto.com
troy@troyhashimoto.com
(808) 281-3906

Isinilang at lumaki sa Maui, si Senador Troy Hashimoto ay malalim na nakaugat sa komunidad at isang ikalimang henerasyong Maui boy. Natutunan niya ang halaga ng pagsusumikap sa mga araw ng pagtatrabaho sa persimmon farm ng kanyang pamilya. Noong Nobyembre 2023, hinirang ni Gobernador Green si Troy sa Senado pagkatapos maglingkod sa Wailuku sa Kapulungan ng Estado mula noong 2018. Nagsisilbi siya bilang Assistant Majority-Whip at bilang Bise Tagapangulo ng Komite sa Pabahay, kasama ang pagiging miyembro ng Ways and Means, Education and Higher Education Committee. Sa kanyang panahon sa Lehislatura, nakatuon siya sa mga isyu sa pagiging abot-kaya at nagtatrabaho upang panatilihin ang mga laking Maui, sa Maui. Kabilang dito ang pagharap sa pinakamalaking buwanang nagtutulak ng gastos para sa karamihan ng mga pamilya – abot-kayang pabahay at paglikha ng mga programa sa pagpapaunlad ng mga manggagawa. Siya rin ay nagtrabaho nang walang pagod upang makakuha ng pondo para sa mga inisyatiba ng Maui - kabilang ang ating mga paaralan, daanan, daungan, paliparan, at ospital.

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES



PANGALAN NG BALOTA:
## MCKELVEY, Angus L.K.
LEGAL NA PANGALAN:
### Angus L.K. McKelvey

Partido Demokratiko
Senador ng Estado, Distrito 6
mac4senate6@gmail.com
(808) 870-8644

Aloha! Ako si Angus McKelvey at mahalo ko kayo at ang inyong ʻohana para sa pribilehiyong maglingkod bilang inyong Senador ng Estado. Dito ipinanganak at lumaki, ang aking tungkulin ay protektahan ang Hawaii at ang pinakamahalagang mapagkukunan nito - ang ating mga tao. Nakatuon ako sa abot-kayang pabahay; kaluwagan sa buwis sa gitnang uri; at napapanatiling mga kasanayan upang mapangalagaan ang ating kapaligiran at tulungan ang mga pamilya na umunlad. Hinamon ko ang mga desisyon ng malalayong kapangyarihan at patuloy na humihiling ng transparency at pagsasama mula sa ating pamahalaan. Naninindigan ako sa mga residente ng Maui habang tinitiis ng ating isla ang patuloy na pakikibaka na may kaugnayan sa Lahaina Wildfire. Sa inyong boto, patuloy akong magsisikap na makipag-ugnayan at malutas ang mga pagsisikap at burukrasya ng pamahalaan na nakakaapekto sa atin; at siguraduhin ang mga pondo na kailangan para sa pagbawi ng Maui. Nakatuon ako sa ating kaligtasan, pagpapagaling, at katatagan. Sama-sama tayong babangon mula sa abo at titiyakin na magkakaroon ng mas maliwanag, mas ligtas, at napapanatiling kinabukasan ang ating mga tao.



PANGALAN NG BALOTA:
## WALKER, Sheila
LEGAL NA PANGALAN:
### Sheila A. Walker

Republika Partido
Senador ng Estado, Distrito 6
votesheilawalker.com
votesheilawalker@gmail.com
(808) 344-8644

Gusto mo bang makitang mapanatili ng Maui ang tunay na kagandahan ng ALOHA at mayamang kulturang Hawaiian? Gusto mo rin bang magkaroon ng accessible na pabahay, masaganang yutilidad, at trabahong may mataas na suweldo? Hindi natin kailangang mamili; pwede nating makamit lahat ito! Iboto mo ako at sisiguraduhin kong hindi natin ibebenta ang magandang isla na ito sa mga interes ng korporasyon o mga dayuhang mamumuhunan na maliit ang respeto sa ʻāina at sa mga taong naninirahan dito. Wala tayong dapat sayangin, sisiguraduhin kong maririnig ang inyong mga boses, ang agaran ay ngayon na! Nangangako akong regular akong makikipag-usap sa KOMUNIDAD, magkakaroon ng COMPASSION para sa inyong mga isyu at gagamit ng COMMON SENSE para makahanap ng mga solusyon sa lehislatura. Lahat tayo ay gumawa ng positibong aksyon, mayroon akong enerhiya, hilig at pangako na panatilihin ang Maui nō ka ʻoi, Iboto si Sheila Walker. Dapat Unahin Ang Komunidad Ng Maui!

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES



PANGALAN NG BALOTA:
**DECOITE, Lynn Pualani**
LEGAL NA PANGALAN:
**Lynn P. DeCoite**

Partido Demokratiko
Senador ng Estado, Distrito 7
lynndecoite.org
friendsoflynndecoite@gmail.com

Aloha, Ang pangalan ko ay Lynn Pualani DeCoite at hinihingi ko ang inyong suporta upang maglingkod ng isa pang termino bilang inyong Senador ng Estado para sa Distrito 7. Ipinanganak Sa Honolulu at lumaki sa Molokaʻi, ang pagpapalaki sa akin sa bukid ng pamilya ay naglatag ng pundasyon sa pagtuon sa agrikultura at pangangalaga sa kapaligiran. Sa pagtutok sa malinaw, pananagutan, at pagiging napapabilang, nakatuon ako sa pagkatawan sa magkakaibang boses at pangangailangan ng ating komunidad. Nakatuon ako sa pagpapahusay ng buhay ng lahat ng aking nasasakupan. Naglilingkod bilang Assistant Majority Floor Leader at Tagapangulo ng Komite sa Enerhiya, Pagpapaunlad ng Ekonomiya, at Turismo, patuloy kong uunahin ang pagpapalakas ng produksyon ng pagkain, pagtataguyod ng abot-kayang pabahay, at pangangalaga sa kapaligiran. Sa mga mapanghamong panahong ito, ang pagpapalakas ng boses ng ating komunidad ang aking misyon. Mahalaga ang boses mo, at narito ako para tiyaking maririnig ito. Hinihiling ko ang inyong suporta upang hayaan akong magpatuloy na maglingkod sa inyo bilang Senador ng Estado para sa Distrito 7.



PANGALAN NG BALOTA:
**MACARAEG, Gabby**
LEGAL NA PANGALAN:
**Gabby Junior C. Macaraeg**

Republika Partido
Senador ng Estado, Distrito 7
gabbymacaraeg.maui@gmail.com
(808) 657-3175

Isinilang sa Pacific Island ng Guam, natutunan ko ang halaga ng pagsusumikap sa murang edad sa pamamagitan ng pagtulong sa pagpapatakbo ng maliit na tindahan at sakahan ng aming pamilya. Pagsapit ng 16, nasa workforce na ako, pinahuhusay ang magandang etika sa trabaho na nagbibigay halaga sa mga taong nakakasalamuha ko. Pagsapit ng 19, pinangasiwaan ko ang apat na tindahan na nagbibigay sa akin ng karanasan sa pamumuno. Noong 2005, sumali ako sa USCG, nagsilbi ng anim na taon na nakatalaga sa Oahu. Noong 2013, sumali ako sa lokal na manggagawa sa Maui at sa aking unang business trip sa Maui ay nagdulot ng malalim na koneksyon sa nakapreserba nitong kagandahan, na nakapagpapaalaala sa Guam. Magmula noon, ako ay naging isang Safety Officer, Safety Director, Safety Specialist, at ngayon ay ang Operations Manager para sa County ng Maui. Ang Maui ang aking tahanan, tinatanggap ang kultura nito at nakatuon sa pagpreserba nito. Sa pagpagtatanggol man sa mga tanawin at komunidad, pinagpala ako sa bawat sandali sa paraisong ito.

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES



PANGALAN NG BALOTA:
**DABBS, Shotaro**
LEGAL NA PANGALAN:
**Shotaro L. Dabbs**

Republika Partido
Senador ng Estado, Distrito 12
shotarodabbs.com
shotarodabbs2024@gmail.com
(808) 548-1362

Aloha, ang pangalan ko ay Shotaro Dabbs. Ipinanganak at lumaki sa Waikiki, tulad ng marami pang iba ay naharap din ako sa mga paghihirap noong bata pa ako, kabilang ang pagkakulong ng aking ama at kawalan ng tirahan. Ako ay pinalaki ng isang masipag na nag-iisang ina na nagtatrabaho ng mahabang oras upang mabuhay. Ang mga karanasang ito ay nagpalalim sa aking pangako sa ating komunidad. Tumatakbo ako upang kumatawan sa inyo sa Senado ng Estado para sa Distrito 12. Ang aking mga pangunahing prayoridad ay ang pagharap sa kawalan ng tirahan, pagpapahusay ng kaligtasan ng publiko, at pagpapabuti ng edukasyon. Sama-sama, maaari tayong bumuo ng isang mas maliwanag na kinabukasan para sa Hawaii sa pamamagitan ng pagpapalawak ng mga serbisyo sa kalusugan ng isip, pagpapahusay ng mga hakbangin sa kaligtasan ng publiko, at pagbibigay sa mga guro ng higit na awtonomiya upang pasiglahin ang indibidwal na pag-aaral. Naniniwala ako sa mga collaborative na solusyon at pakikipag-ugnayan sa komunidad upang matugunan nang epektibo ang ating mga hamon. Mahalo sa inyong suporta.



PANGALAN NG BALOTA:
**MORIWAKI, Sharon Y.**
LEGAL NA PANGALAN:
**Sharon Y. Moriwaki**

Partido Demokratiko
Senador ng Estado, Distrito 12
sharonmoriwaki.com
sharonymoriwaki@gmail.com
(808) 428-1348

Bilang Demokratikong Senador, naging karangalan kong mapaglingkuran kayo sa Kakaako, Ala Moana, Moiliili, McCully, at Waikiki. Nasa Gabinete ako ni Gobernador Waihee bilang labor department deputy at personnel director; sa Judiciary bilang courts administrator; at sa UH bilang assistant vice president. Maraming malalang problema ang napakaganda nating komunidad -- kawalan ng tirahan, krimen at ingay, pagtaas ng lebel ng tubig-dagat, limitadong may halaman na lupain, nangangailangan ng tulong ang kupuna at keiki. Sa ngayon, nalampasan na natin ang ingay; dinadala natin ang mga walang tirahan sa mas maaayos na lugar; nagpatupad ng "Ligtas" na pagkontrol sa krimen; pinagbabawal ang mga magagarbong mataas na gusali sa dalampasigan ng Kakaako. Kailangan pa rin natin ng mga komprehensibong solusyon na magwawakas sa kawalan ng tirahan gamit ang opisina sa buong estado para sa walang tirahan; magtayo ng abot-kayang pabahay; magpatupad ng mga batas laban sa paulit-ulit na marahas na nagkakasala; pigilan ang labis na pag-iingay; pondohan ang in-place care para sa kupuna at mga career pathway para sa keiki, at; magplano laban sa pagtaas ng tubig-dagat. Nandito ako para paglingkuran kayo. Sama-sama tayong magbuo ng mas maunlad na komunidad at estado. Mangyaring "Iboto si Sharon."

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES



PANGALAN NG BALOTA:
**BEEKMAN, Pat**
LEGAL NA PANGALAN:
**Patricia Y. Beekman**

Republika Partido
Senador ng Estado, Distrito 16
kaaina@mac.com
(808) 221-9695

Nararapat matanggap ng Hawaii ang mas mainam kaysa sa natatanggap nito. Ipinanganak at lumaki sa Hawaii, ito ang aking tahanan at ng aking pinalawak na pamilya. Nakakita ako ng napakalaking pagbabago sa buong buhay ko—marami ang nakamamangha at, sa kasamaang-palad, marami ang lumalala. Dahil nanirahan ako bilang isang nasa hustong gulang sa mainland sa loob ng 30 taon, sa Japan sa loob ng 13, at sa Canada sa loob ng 1 taon, naiintindihan ko ang mga pananaw ng ibang mga lokasyon at ibang tao. Ipinakilala sa akin ng aking ama ang Konstitusyon ng U.S. noong aking kamusmusan at namangha ako sa edad kong iyon sa proteksyon nito sa mga karapatan ng indibidwal at minorya. Tamang-tama ito sa musmos kong isipan. Ang mga karapatang iyon ay higit na nanganib kaysa dati (CBDC, ang mga kamakailang sapilitang bakuna, sapilitang mask, at higit pa.). Ipaglalaban ko ang kalayaan ng mga tao, kahit na ako lang sa lehislatura ang gagawa nito sa isang partikular na isyu. Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang aking paparating na website.



PANGALAN NG BALOTA:
**ELEFANTE, Brandon**
LEGAL NA PANGALAN:
**Brandon J.C. Elefante**

Partido Demokratiko
Senador ng Estado, Distrito 16
www.brandonelefante.com
info@brandonelefante.com

Aloha! Ako si Brandon Elefante, kasalukuyang miyembro ng Senado ng Estado ng Hawai'i, Distrito 16 ('Aiea, Pearl City, at Hālawa). Isang malaking karangalan sa aking buhay ang maglingkod sa pampublikong opisina sa nakalipas na 10 taon. Nitong nakaraang taon, masigasig akong nagtrabaho kasama ang aking mga kasamahan sa lehislatura ng estado upang tugunan ang mga kritikal na isyu, mula sa pagpapabuti ng access sa abot-kayang pabahay, pagsuporta sa mga kritikal na proyekto sa imprastraktura, at pagtataguyod para sa isang mas malinis na kapaligiran. Sama-sama, nakamit natin ang mga makabuluhang milestone, ngunit marami pa tayong dapat gawin. Sa buong taon ko ng serbisyo publiko, natutunan ko ang kahalagahan ng pakikinig sa inyong mga alalahanin, pakikipagtulungan sa iba't ibang linya ng partido, at walang-pagod na pagtatrabaho upang humanap ng mga solusyon sa karaniwang bagay sa ating mga pinakamabibigat na hamon. Naniniwala akong ang aking karanasan, dedikasyon, at pagnanasa para sa ating komunidad ang nagbibigay-dahilan upang ako ang maging pinakaakmang magpatuloy na kumatawan sa inyong mga interes sa Senado ng Estado. Mahalo.

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES



PANGALAN NG BALOTA:
**KIDANI, Michelle N.**
LEGAL NA PANGALAN:
**Michelle N. Kidani**

Partido Demokratiko
Senador ng Estado, Distrito 18
mnkidani.com
mnkidani@gmail.com
(808) 754-4442

Aloha, ako si Senador Michelle Kidani at tumatakbo ako upang muling maihalal sa Senado ng Estado ng Hawaii. Mahalo (salamat) nang marami sa pagpapahintulot sa aking paglingkuran kayo bilang inyong Senador mula 2009. Kasalukuyan akong naglilingkod bilang Vice President ng Hawai'i State Senate at Chair ng Komite sa Edukasyon. Kung pahihintulutan ninyo ako, nais kong paglingkuran ang ating distrito nang isa pang termino para maipagpatuloy ang pagsuporta sa ating Superintendent at Kagawaran ng Edukasyon para matiyak na makukuha ng ating mga anak ang pinakadelikadad na edukasyong maiaalok ng Hawai'i.



PANGALAN NG BALOTA:
**SVRCINA, Emil**
LEGAL NA PANGALAN:
**Emil Svrcina**

Republika Partido
Senador ng Estado, Distrito 18
EmilClearChoice.com
emilsvrcina@gmail.com
(808) 256-6473

36 na taon na ang nakalipas, nakatakas ako sa komunismo kasama ang aking asawa. Edukado (Masters sa nuclear physics at engineering), hindi kami pumunta sa USA para sa mga handout, ngunit nagsumikap na magkaroon ng maunlad na buhay para sa aming pamilya, at kinabukasan ng mga anak ng aming mga anak. Ngayon, alam namin na posible ito. Gayunpaman, ang trajectory na kontrolado ng mga tao sa ating kasalukuyang gobyerno ay sumisira ng mga buhay. Ang bawat bata ay patungo sa mas maikling buhay kaysa sa kanilang mga magulang. Kailangan natin ng bottom up na paggalaw ng mga nagtatrabahong tao para baligtarin ang kalakaran na ito. May mga tunay na solusyon (hindi "Green Deal" scam) para sa sariling kakayahan sa paggawa ng pagkain, enerhiya, abot-kayang pabahay. Walang pamilyang nagtatrabaho ang dapat nahihirapan sa pananalapi o mapipilitang umalis sa magandang estadong ito. Kakatawanin muli sila. Bilang isang scientist na nakikipag-palitan ng ideya sa mga eksperto at sa inyong suporta na nagkakaisa, pipigilan natin ang mga korporasyon na may sakim na espesyal na interes na sinisira ang ating mga pulitiko, sinisira ang sistema ng halalan, at sinisira ang mga Hawaiian. Ibabalik ko ang isip, katuwiran, at Aloha sa mesa ng pakikipagnegosasyon. Mahalo.

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES



PANGALAN NG BALOTA:
**AQUINO, Henry J.C.**
LEGAL NA PANGALAN:
**Henry James C. Aquino**

Partido Demokratiko
Senador ng Estado, Distrito 19
voteaquino.com
friendsofhenryaquino@gmail.com
(808) 780-9157

Sa loob ng halos 16 na taon, nangako akong maglilingkod sa Lehislatura at nagkaroon ng napakalaking pribilehiyo na maglingkod sa mga residente sa Waipahu, Pearl City at Ewa. Nagbigay ito sa akin ng mga pagkakataong tumulong sa paghubog ng patakaran sa mahahalagang isyu sa ating estado at makagawa ng pagbabago sa mga komunidad na ating tinitirhan, pinagtatrabahuhan at ginagalawan. Tumatakbo ako upang patuloy na gumawa ng mga makabuluhang pagbabago sa Senado ng Distrito 19 at Estado ng Hawaii. Kung muling mahahalal, gusto kong ipagpatuloy ang aking trabaho sa pagpapaunlad ng mga manggagawa, pagpapalakas ng pampublikong edukasyon, pagtutok sa pagtaas ng kaligtasan ng publiko, paghikayat sa pag-unlad ng ekonomiya at paghahanap ng higit pang mga paraan upang matugunan ang mga bakante ng estado sa pamamagitan ng pagre-recruit at pagpapanatili. Bilang karagdagan, ang mga proyekto sa imprastraktura/pagpapabuti ng distrito at higit pang pagtugon sa iba pang mga pangangailangan ng komunidad sa pamamagitan ng pagtutulungan ay bibigyang-diin. Sa inyong suporta at boto, maaari nating palawakin ang ating sama-samang pagtutulungan na gawing pinakamaganda ang ating tahanan.

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES



PANGALAN NG BALOTA:
**DECORTE, Samantha**
LEGAL NA PANGALAN:
**Samantha M. DeCorte**

Republika Partido
Senador ng Estado, Distrito 22
www.SamanthaDecorte.com
samantha@samanthadecorte.com
(808) 306-9604

Aloha, ako si Samantha DeCorte. Katutubong Hawaiian ako at malalim akong nakaugat sa aking pananampalataya at kultura. Kamakailan lang naming ipinagdiwang ng aking asawa ang aming 27th anniversary, at magkasama naming pinalaki ang 3 mahuhusay na anak na lalaki. Noong 2022, tumakbo ako para sa Senado ng Estado Distrito 22 ng Hawaii at natalo ng 40 boto. Iyon ang pinakadikit na laban noong halalang 2022. Mula noon, nagtrabaho na ako sa parehong sangay ng Hawaii State Legislature, kabilang ang House of Representatives at sa kasalukuyan ay sa Senado, at nakapagtamo na ako ng mahalagang karanasan sa polisiya at nakabuo ng mahahalagang relasyon. Bilang resulta, handang-handa na akong akuin ang mga responsibilidad ng tungkulin na ito. Naging miyembro ako ng lupon ng kapitbahayan ng ating distrito at inihalal ako ng mga kapwa ko miyembro ng lupon para maglingkod bilang Tagapangulo. Pakibisita ang aking website para sa higit pang impormasyon: www.SamanthaDeCorte.com. Mapagkumbaba kong hinihingi ang inyong boto.

NO PHOTO SUBMITTED

PANGALAN NG BALOTA:
**ELI, Stacelynn Kehaulani**
LEGAL NA PANGALAN:
**Stacelynn K.M. Eli**

Partido Demokratiko
Senador ng Estado, Distrito 22
stacelynn84@gmail.com
(808) 384-0567

Walang Isinumiteng Pahayag



PANGALAN NG BALOTA:
**GATES, Cedric Asuega**
LEGAL NA PANGALAN:
**Cedric S. Gates**

Partido Demokratiko
Senador ng Estado, Distrito 22
CEDRICFORHAWAII.COM
CEDRIC4HAWAII@GMAIL.COM
(808) 457-6385

Aloha! Ang pangalan ko ay Cedric Asuega Gates, at ako ay isang habambuhay na residente ng 96792 na komunidad. Isa akong taas-noong alumnus ng Kamaile Elementary, ng Wai'anae Intermediate, ng Wai'anae High School, ng YouthBuild Honolulu, at ng Leeward Community College-Wai'anae Moku. Kasalukuyan akong naglilingkod bilang Kinatawan ng Estado ng Distrito 45, na sumasaklaw sa Mākua, Mākaha, at Wai'anae. Dati akong nagsilbi sa ating komunidad bilang Tagapangulo ng Wai'anae Coast Neighborhood Board at naging miyembro ng Lupon ng mga Direktor para sa Wai'anae Coast Comprehensive Health Center. Mula nang mahalal sa opisina, nakakuha ako ng mahigit $250 milyon na pondo para sa ating mga kalsada, paaralan, imprastraktura, parke ng estado, pag-iwas sa sunog, pangangalaga sa kalusugan, walang tirahan at higit pa. Taun-taon bilang isang mambabatas, nakapagpapasa ako ng mga panukalang batas para mapabuti ang ating pamumuhay sa 96792, at plano kong ipagpatuloy ang paggawa ng mga tulad nito bilang inyong susunod na Senador. Buong kababaang-loob kong hinihingi ang boto mo at ng iyong Ohana.



PANGALAN NG BALOTA:
**SAVAIINAEA, Teri Kia**
LEGAL NA PANGALAN:
**Teri K.K. Savaiinaea**

Republika Partido
Senador ng Estado, Distrito 22
Teri4Westside@gmail.com
(808) 763-7432

Tumatakbo ako para sa Senador ng Estado Distrito 22. Ako ang pinakamahusay na kandidato para sa posisyong ito dahil may dala-dala akong mga sariwang pananaw at ideya sa lehislatura. Ako ay dedikado, naninindigan, at determinadong humanap ng mga lohikal na solusyon sa mga maiinit na usaping kinahaharap ng Westside ng Oahu. Kapag naihalal, magtatrabaho ako para sa at kasama ng mamamayan ng Westside ng Oahu para labanan ang krimen, kabilang ang mga ilegal na game room, bahay-droga, kawalan ng tirahan, at magkaroon ng mga programang pansuporta sa komunidad na nakatuon sa sustainability gaya ng pagtatanim ng sarili nating pagkain at pagnenegosyo. Gusto kong maging parte ng solusyon sa pamamagitan ng paghingi ng opinyon ng komunidad at mga lider upang makabuo ng komprehensibo at akmang plano para sa mas maunlad na Hawai'i....o para sa mga darating na henerasyon.




PANGALAN NG BALOTA:
**AWA, Brenton**
LEGAL NA PANGALAN:
**Brenton P. Awa**

Republika Partido
Senador ng Estado, Distrito 23
friendsofbrentonawa@gmail.com
(808) 454-3017

Walang Isinumiteng Pahayag



PANGALAN NG BALOTA:
**HEE, Clayton**
LEGAL NA PANGALAN:
**Clayton H.W. Hee**

Partido Demokratiko
Senador ng Estado, Distrito 23
senatorhee@gmail.com
(808) 294-2085

Aloha pu mai kakou, Pribilehiyo kong pagsilbihan kayo bilang miyembro ng Lehislatura sa loob ng 16 na taon at bilang miyembro ng Opisina sa Ugnayan ng mga Hawaiian sa loob ng 12 taon. Mula nang magretiro ako noong 2014, naniniwala akong lumala ang mga bagay sa ating Distrito. Halimbawa, ang trapiko ay isang bangungot araw-araw at ang mga presyo ng bahay ay wala sa kontrol. Ngunit higit sa lahat, ang ating Distrito ay nasa panganib na mawala ang coastal highway sa pagtaas ng lebel ng dagat. Maliban kung kumilos ang gobyerno, ang tanging highway mula Kahaluu hanggang Haleiwa ay magiging biktima ng pagtaas ng lebel ng dagat. Nilalayon kong gawing pangunahing prayoridad ang isyung ito. Ang aking karanasan at kakayahang makipagtulungan sa iba ay napakahalaga upang matugunan ang isyung ito. Mapagkumbaba kong hinihingi ang inyong boto. Mahalo piha, Clayton Hee.



PANGALAN NG BALOTA:
**SHAFER, Ben**
LEGAL NA PANGALAN:
**Benjamin D. Shafer**

Partido Demokratiko
Senador ng Estado, Distrito 23
bdshafer@gmail.com
(808) 388-5777

Si Ben Shafer ay isang ikaapat na henerasyong Hawaiian mula sa Kahana Valley. Isang matagal nang tagapagtaguyod ng komunidad, isa siya sa mga pinuno sa paglaban sa pagpapalawak ng Turtle Bay Resort. Nagtatrabaho si Ben para sa International Alliance Theatrical and Stage Employees and Film I.A.T.S.E. Local 665, at naglilingkod siya sa Oʻahu Island Burial Council. Naniniwala si Ben na mahalaga ang integridad at ang pagkakaisa ang daan patungo sa tagumpay. Ang pakikiramay at paggalang ni Ben sa iba ay nakakatulong sa paggabay sa kanyang gawain. Ang ating malaki at magkakaibang distrito ay nangangailangan ng isang aktibong pinuno na epektibong kakatawan sa lahat ng ating mga komunidad. Si Ben ay magsisilbing Senador ng pono na kailangan at nararapat sa ating distrito. Ang mataas na halaga ng pamumuhay ay lalong nagiging mahirap upang makayanan. Nangangailangan ang pamahalaan ng higit na pananagutan at kaunting pag-aaksaya. Dapat nating protektahan ang ating kalidad ng buhay, iwasan ang labis na pagpapaunlad, protektahan ang ating mga lupang pang-agrikultura, dagdagan ang produksyon ng lokal na pagkain, panatilihin ang ating mga kalsada, pangalagaan ang kupuna at keiki. Aloha, Lōkahi, Pono.

HAWAII VOTES



PANGALAN NG BALOTA:

**KEOHOKALOLE, Jarrett K.**

LEGAL NA PANGALAN:

**Jarrett K. Keohokalole**

Partido Demokratiko
Senador ng Estado, Distrito 24
jarrettkeohokalole.com
teamkeohokalole@gmail.com

Mula noong 2014, ipinagmamalaki kong naglingkod sa windward side ng Oahu, at patuloy na magsisikap para sa ating komunidad kung muling mahahalal. Sa buong panahon ko sa panunungkulan, sinubukan kong katawanin ang ating komunidad nang may dignidad, pagtugon, at pamumuno. Isang napakalaking karangalan ang maglingkod sa Kailua at Kaneohe, at mapagkumbaba kong hinihingi ang inyong boto.

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES



PANGALAN NG BALOTA:

**NAKASHIMA, Mark M.**

LEGAL NA PANGALAN:

**Mark M. Nakashima**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 1
repnakashima2024@gmail.com
(808) 775-9170

Aloha! Ako si Mark Nakashima, kandidato para sa Kapulungan ng Estado Distrito 1. Isang karangalan sa akin na pagsilbihan ang mga residente ng First House District at muli kong hinihingi ang inyong suporta sa aking kandidatura. Umaasa ako na ipagpatuloy ang aking trabaho sa paglilingkod sa mga tao sa unang distrito dahil napataas ko ang mga kakayahan ng aming pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng pagpapalawak ng Hilo Benioff Medical Center na pagpapalawak ng pangangalaga sa oncology at pagbibigay ng pondo para sa isang bagong karugtong na gusali upang maglagay ng karagdagang ICU at mga kama sa neonatal. Naganap din ang mga pagsasaayos sa Hale O Hāmākua. Sa nakalipas na lehislatura, tamang-tama at permanente rin naming napalawig ang mga serbisyo sa parmasya upang bigyang-daan ang mga parmasyutiko na ipagpatuloy ang mga serbisyong sinimulan sa kasagsagan ng COVID, na nag-aalok ng mga pagbabakuna at iba pang mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan. Sa darating na halalan, mapagkumbaba kong hinihingi ang inyong napakahalagang boto. Aloha, Mark Nakashima

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES



PANGALAN NG BALOTA:
**AYNESSAZIAN, Tanya Yamanaka**
LEGAL NA PANGALAN:
**Tanya Aynessazian**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 2
www.tanya4hawaii.com
tanya4hawaii@gmail.com
(808) 747-4410

Ako si TANYA YAMANAKA AYNESSAZIAN, apo ng mga lolo't lola na si Yoshiye Moriyama na ipinanganak sa Hakalau at Tomito Yamanaka ng Hiroshima Prefecture, Japan. Pinaglingkuran ko ang mga tao ng Isla ng Hawaii sa loob ng 20 taon bilang empleyado o miyembro ng lupon ng 501(c)3 na organisasyon kabilang ang The Arc of Hilo, Bay Clinic, at Hawaii Island Adult Care (HIAC), ang pinakamalaking pangmatandang day care center ng estado. Ang pag-aalaga sa kupuna at pagiging tagapag-alaga ng pamilya sa nakalipas na 10 taon sa Hilo bilang business manager ng HIAC ay nagbigay inspirasyon sa akin na tumakbo para sa tungkulin, kasama ang aking matinding pagnanais at pagpapahalaga para sa kapayapaan, kagandahan at pagkakasundo sa lipunan. Nasa digmaan ang ating mundo. Kailangan natin ng masisipag, may pusong mga pinunong tagapaglingkod nang higit pa kaysa dati upang linangin ang pakikiramay at pataasin ang kalidad ng buhay para sa ating mga keiki, kupuna at lahat ng susunod na henerasyon. Buong kababaang-loob kong hinihingi ang inyong tiwala at suporta upang hayaan akong katawanin kayo.



PANGALAN NG BALOTA:
**LEE LOY, Susan (Sue)**
LEGAL NA PANGALAN:
**Susan L.K. Lee Loy**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 2
voteleeloy.com
sue@voteleeloy.com
(808) 895-9545

Aloha, malalim ang pinagmulan ko sa komunidad at pinalaki ako sa distrito ng aking mga magulang, ang mga yumaong sina David at Patricia Keohokapu. Ako ay taas-noong nagtapos ng Waiākea High School, class ng '88. Sa huling walong taon, nakipagtulungan ako sa mga residente ng Isla ng Hawaiʻi bilang Miyembro ng Konseho ng County ng Hawaiʻi. Bago ako sumali sa Konseho, nakaipon ako ng 25 taong karanasan sa pagpapaunlad ng paggamit ng lupa, mga permit sa kapaligiran, at pangmatagalang pagpaplano ng komunidad. Matatagpuan sa isang komunidad na mayaman sa kultura, ang Hilo ay ang sentrong pang-ekonomiya at pang-edukasyon para sa East Hawaii. Isa itong mainam na lugar para sa mga nagtatrabahong pamilya na nagtataguyod ng susunod na henerasyon at nag-aalaga sa ating mga kupuna. Inaasahan kong kumatawan sa lahat sa mga isyu tulad ng ekonomiya, edukasyon, at malusog na kapaligiran na nagsisilbi sa lahat, lalo na sa ating mga lokal na pamilya. Mapagpakumbaba kong hinihiling na Iboto ninyo si Lee Loy, Kapulungan ng Distrito 2.

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES



PANGALAN NG BALOTA:
**KANAHELE, Kiana (Keawekane)**
LEGAL NA PANGALAN:
**Kiana Ihilani Kuulei Kanahele**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 3
www.friendsofkkanahele.com
friendsofkkanahele@gmail.com
(808) 940-6989

Dahil tinanggihan ang aking kahilingan na magbigay ng pagsasalin sa Ingles ng pahayag na ito, maaari ninyong mahanap ang isa sa www.friendsofkkanahele.com. Aloha ʻāina sa inyong lahat, ako si Kuʻulei ng Keawekane ʻohana; ang Mauna Kea ay ang bundok ng aking kabuhayan, ang Lokoaka ay ang tubig ng aking kalusugan; ang Panaʻewa ay ang aking henerasyong tirahan; ang katotohanan at aloha ay ang mga gumagabay na prinsipyo sa landas ko. Sa larangan ng tungkuling sibiko, matatag akong nanindigan para ipaglaban ang kalusugan at kapakanan ng bawat henerasyon at ang mga likas na yaman na tumutustos sa atin, hindi nagpapigil sa salapi o pabor sa pulitika. Ako ay handa na may taglay na kaalaman, karunungan, at lakas upang unahin ang radikal na pagpapabuti ng ating kolektibong espasyo. Taglay ang pusong may paggalang, mapagkumbaba kong hinihiling ang inyong suporta sa mabuting gawaing ito sa pagboto para sa akin. Mahalo (Salamat) sa inyong konsiderasyon.



PANGALAN NG BALOTA:
**MARTIN, Austin D. (Shiloh)**
LEGAL NA PANGALAN:
**Austin D. Martin**

Partido Pang-Kalayaan
Kinatawan ng Estado, Distrito 3
libertarianhawaii.com
rapidreason@gmail.com
(940) 368-0364

"Gawin Natin Ang Mas Mahusay!" Ipawalang-bisa ang Jones Act. Linisin ang Kapulungan. Napapanatiling Kasaganaan sa pamamagitan ng Kalayaan. Kinakatawan ko ang organikong homesteading na komunidad ng Big Island. Kasama ninyo ako sa inyong mga pangarap at pare-pareho tayo ng nararanasan sa ating buhay. Marahil ay nakita n'yo na akong nagpapatugtog ng musika sa mga lansangan, naglilingkod sa mga nangangailangan, at nakikinig sa mga tao mula sa lahat ng antas ng pamumuhay. Naniniwala akong magkakapareho ang mga ninanais nating bagay-bagay: mas masagana, mas ligtas, at mas malayang mga komunidad na may kalayaang protektado mula sa panghihimasok ng pamahalaan. Sama-sama, magpapadala tayo ng isang malinaw na mensahe sa lumulugsong dalawang-partidong sistema: "Pagbutihin." Kung ipadadala n'yo ako upang maglingkod sa Kapulungan ng mga Kinatawan ng Estado, magsusumikap ako para sa inyo. Babasahin ko nang may pag-iingat ang bawat panukala. Ang aking karanasan sa parliamentary procedure, legislative review, at legal na teorya ay magtitiyak na mas magagamit ko ang posisyon kaysa sa ibang kandidato; hindi ko kayo pababayaan. Pagbutihin Natin.



PANGALAN NG BALOTA:
**TODD, Christopher L.T.**
LEGAL NA PANGALAN:
**Christopher L.T. Todd**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 3
www.christoshirotodd.org
christmastodd@gmail.com
(808) 825-8636

Aloha East Hawai'i! Ang aking numero unong prayoridad ay patuloy na gagawing mas madaling matugunan ang mga pangangailangan para sa mga lokal na residente. Gumawa kami ng ilang hakbang sa tamang direksyon kamakailan at gagawin ko ang aking makakaya upang ipagpatuloy ang momentum na ito tungo sa isang mas patas na kodigo sa buwis at mas maraming pagkakataon para sa parehong mga kabataang pamilya at kupuna. Bilang karagdagan sa paggawa ko sa abot ng aking makakaya na mapababa ang gastos ng pamumuhay at lumikha ng mas kanais-nais na mga kondisyon sa ekonomiya, ipagpapatuloy ko ang aming pagpupursigeng baguhin ang pangangalagang pangkalusugan sa East Hawai'i sa pamamagitan ng karagdagang pagpapalawak ng Hilo Medical Center at mga bagong pasilidad para sa Puna. Mahalo para sa inyong pagsasaalang-alang at salamat sa inyong pagboto!



PANGALAN NG BALOTA:
**WILSON, Kanoa**
LEGAL NA PANGALAN:
**Kanoa Hauoli Wilson**

Republika Partido
Kinatawan ng Estado, Distrito 3
kanoaw@gmail.com
(808) 365-3033

Aloha, Ako, si Kanoa Hauoli Wilson ay tumatakbo para sa kinatawan ng estado para sa distrito 3 bilang isang kandidatong Republikano. Kanoa Wilson (808)-365-3033 kanoaw@gmail.com Bilang kinatawan para sa distrito 3, nais kong magtuon sa mga isyung kinakaharap na tila napapabayaan habang nagtutuon ng pansin sa kalokohan gaya ng pagdedeklara sa Shaka bilang opisyal na kilos ng Hawaii o mga isyu na katulad niyan. Bago tumira sa Hawaii county, dati akong isang marinero sa pangangalakal at nagkaroon ng kapinsalaan na nagtapos sa aking karera, mula noon ay nagtayo ako ng isang maliit na negosyo na tumutulong sa mga taong nangangailangan kasama ang pagsisikap na mag-host ng mga kaganapan para sa mga hindi gaanong pinalad sa pamamagitan ng mga libreng kaganapan sa komunidad. Salamat sa inyong pagsasaalang-alang



PANGALAN NG BALOTA:
**HO, Keikilani**
LEGAL NA PANGALAN:
**Keikilani G.P. Ho**

Republika Partido
Kinatawan ng Estado, Distrito 4
keikilanikealoha@gmail.com
(808) 437-0670

Ipinanganak at lumaki sa Hawaii, at isang Ina ng 3, ako ay likas na mahabagin at nakikiramay. Ako ay makabago at gumagamit ng may common sense na diskarte sa paghahanap ng mga solusyon. Mula noong bata pa ako, naglingkod na ako kasama ng iba't ibang non-profit na organisasyon at pinamunuan ko ang maraming kaganapan para sa komunidad upang makatulong na magdala ng pag-asa at solusyon sa ating mga tao. Bilang isang residente ng magandang distrito 4, inaasahan kong ipagpatuloy iyon, at hindi lamang maging isang boses, ngunit isang mahusay na tagapakinig na kailangan ng komunidad na ito. Kailangan natin ng mga batas na susuporta sa ating mga tao. Hindi iyong magtataboy sa kanila. Kailangan natin ng mga mambabatas na nakikinig. Maraming batas ang naipasa sa lehislatura na hindi sumusuporta sa kapakanan ng ating mga tao, at sa kasamaang-palad, ang ilan sa mga batas na iyon ay suportado ng mismong mga taong binoto natin sa puwesto. Ako ay isang Babae na mayroong isang salita at maaaring pagkatiwalaan ng buhay ng ating distrito. Ako ay pag-asa.




PANGALAN NG BALOTA:
**ILAGAN, Greggor**
LEGAL NA PANGALAN:
**Greggor Johanson P. Ilagan**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 4
voteilagan.com
greggorilagan@gmail.com
(808) 557-5819

Walang Isinumiteng Pahayag

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES



PANGALAN NG BALOTA:
**FOGEL, Frederick F.**
LEGAL NA PANGALAN:
**Frederick F. Fogel**

Partido Pang-Kalayaan
Kinatawan ng Estado, Distrito 5
www.ffogel.net
fogelforfreedom@gmail.com
(808) 265-1659

Panahon na para itanim ang mga binhi ng nakabubuo na pagbabago sa pulitika. Nangangailangan ito ng pag-iisip sa labas ng mga hangganan ng Partido pampulitika. Bagama't ang mga pananaw ko ay pinakamahusay na naaayon sa mga Libertarian (mas maraming kalayaan, mas kaunting pamahalaan), ako ay karaniwang nagsasarili. Ang isyu, hindi ang Partido, ang dapat magsulong ng mga pagsisikap sa pagpapahusay. Ang sumusunod ay isang napakaikling buod ng mga layunin ko. (www.ffogel.net para sa higit pa.) Mga Buwis – i-convert ang buwis sa kita ng estado sa mga pantay na porsyento, alisin ang buwis sa pagbebenta sa pagkain at gamot. Kapaligiran – higit na pagsisikap sa pagbabawal at pag-aalis ng mga mapaminsalang species, at magbigay ng buong serbisyo ng mga istasyon ng recycle (mga tambakan). Halalan – ipatupad ang pagboto online. Pampulitika – mga limitasyon sa termino para sa mga pulitiko, at pahabain ang sesyon ng pambatasan mula limang buwan hanggang sampu, nang walang pagtaas sa suweldo ng mga pulitiko. Edukasyon – buwagin ang lupon ng paaralan ng estado na pabor sa hiwalay na mga lupon ng isla, sistema ng voucher. Mga kulungan – tumutok sa rehabilitasyon. Pamahalaan – itulak ang awtoridad pababa sa antas ng county. Mga Batas – hayaan ang mga county na gawing legal ang pagsusugal.



PANGALAN NG BALOTA:
**KAPELA, Jeanne**
LEGAL NA PANGALAN:
**Jeanne M. Kapela**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 5
www.jeannekapela.com
jeanne@jeannekapela.com
(808) 854-1148

Bilang kasalukuyang kinatawan para sa Kapulungan Distrito 5, matatag kong ipinagtanggol ang pinakamahihirap na mga residente at pamilyang nagtatrabaho sa ating estado. Nakatuon akong makipaglaban para sa mahahalagang patakaran tulad ng bayad na bakasyon dahil sa pamilya, may bayad na bakasyon dahil sa sakit, pagiging patas sa buwis, at tunay na abot-kayang pabahay. Nakatuon din ako sa pagpapalago ng malalapit sa kapaligiran na trabaho, pagprotekta sa ating pinakamamahal na ʻāina mula sa mapanlinlang na pagpapaunlad, pagpapalakas ng kahandaan sa emergency, at pagpapahusay ng katatagan sa klima sa buong isla ng ating tahanan. Panghuli, palaging akong magiging isang matapang na tagapagtaguyod para sa mga karapatan ng kababaihan, mga programang Katutubong Hawaiian, pag-access sa de-kalidad na pangangalaga sa kalusugan, at mga kalayaang sibil para sa ating mga kapitbahay na LGBTQ+. Sa harap ng malalaking hamon, alam kong maaari tayong magtulungan upang lumikha ng isang mas maunlad at napapanatiling kinabukasan para sa ating tahanang isla. Nakatuon ako sa paghahatid ng pamumunong may aloha para sa inyong ʻohana at sa ating komunidad.



PANGALAN NG BALOTA:
**MAKUAOLE-PERRIN, Chantel**
LEGAL NA PANGALAN:
**Chantel K. Perrin**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 5
www.chantelmakuaoleperrin.com
friendsofchantelperrin@gmail.com
(808) 783-5735

Ipinanganak at lumaki sa Kailua, O'ahu, kinakatawan ko ang diwa ng pamilya, pananampalataya, at komunidad. Bilang isang tapat na Kristiyano at dedikadong stay-at-home na ina, pinangangalagaan ko ang isang pinaghalong pamilya ng 9 na lalaki at 3 babae. Noong 2019, itinatag namin ng asawa ko ang aming mga ugat sa Mountain View, Hawai'i. Sa nakalipas na apat na taon, nanatili akong nakatuon sa kaligtasan at tagumpay ng aking mga anak. Sinusuportahan ko ang kanilang pag-aaral, nagboluntaryo sa kanilang mga paaralan at nagplano akong manguna sa "Project Graduation" para sa klase ng aking anak na babae. Sa kasalukuyan, naglilingkod ako sa Hawaii County Windward Planning Commission. Kung mahahalal, pahuhusayin ko ang sistema ng pampublikong edukasyon, titiyakin ang pagkakapantay-pantay ng mga manggagawa, at lilikha ng mga oportunidad upang mapanatili ang ating mga anak sa Hawaii. Papaghusayin ko ang mga serbisyo para sa mga walang tirahan, kabilang ang suporta sa kalusugan ng isip, pagsasanay sa trabaho, at tulong sa pabahay. Nakatuon sa pagpapabuti ng imprastraktura, magdadala ako ng kakaibang pananaw at hindi natitinag na dedikasyon sa pamumuno sa loob ng aing komunidad.



PANGALAN NG BALOTA:
**OYAMA, Ashley**
LEGAL NA PANGALAN:
**Ashley K.P. Oyama**

Republika Partido
Kinatawan ng Estado, Distrito 5
www.ashleyoyama.com
ashley@ashleyoyama.com
(808) 437-0755

Nanirahan ako sa Distrito 5 mula noong ako ay apat na taong gulang at mapalad akong palakihin ang aking mga anak dito. Bilang isang magulang at Guro ng Taon ng 2020 ng West Hawaii, naranasan ko ang pangangailangan para sa pagbabago sa ilang aspeto ng edukasyon. Magtatrabaho ako para sa pananagutan, kalinawan, at pagiging patas para sa lahat ng mag-aaral at pamilya sa loob ng sistema ng paaralan. Naninindigan ako para sa mga karapatan ng magulang at naniniwala na ang mga mag-aaral at pamilya ay karapat-dapat na maging bahagi ng mga desisyong pang-edukasyon na makakaapekto sa kanila. Tinatanaw ko ang mga komunidad kung saan ang mga pamilya ay iginagalang at sinusuportahan pagdating sa kanilang mga desisyon sa edukasyon, pagpapanatili ng pagkain, at pangangalaga sa komunidad at lupa. Naniniwala ako na ang wastong pagpapanatili ng mga pampublikong daanan at imprastraktura ay dapat maging pangunahing prayoridad. Kailangan nating pangalagaan ang mga pamilyang nakikipaglaban upang panatilihing tahanan ang Hawaiʻi. Kailangan nating pagtuunan ng pansin ang ating mga tao NGAYON upang matiyak ang isang magandang kinabukasan.



PANGALAN NG BALOTA:
**BETLACH, John F.**
LEGAL NA PANGALAN:
**John F. Betlach**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 6
betlachj@hotmail.com
(808) 557-1420

Lokal na Coach at tagapagtaguyod ng publiko. Naninindigan para sa iyo. Nais mo ba ang isang bagong positibong mundo? Gusto mo bang maging mas mahusay ang Kona? Napansin mo ba ang ilang bagay na hindi gumagana sa ating komunidad? Nais mo bang dinggin ka? Nais mo bang natutugunan ang isyu ng komunidad? Gusto mo bang kumilos ang gobyerno sa mga positibong solusyon sa mga problema sa komunidad? Pagod ka na ba sa status quo? Maaaring makatulong ang lahat sa ating komunidad at sa mundo na maging isang mas magandang lugar. Kung mayroon kang anumang mga katanungan, mangyaring makipag-ugnayan sa akin. Tagapangulo ng lupon ng kalusugan. Ika-2 na Pangalawang Pangulo ng Konseho sa Kalusugan ng Isip. Pumapanig ako sa mga karapatan, mga solusyon para sa mga walang tirahan, mga trabaho, mga sakahan, maliit na negosyo. Pakiramdam ko na ang mga lingguhang panalo, pagsasama, pagbuo ng mga koneksyon at inilapat na mga solusyon ay kailangan para muling pagkatiwalaan ang pamahalaan. Ang ating Pamahalaan ay hindi kailangang maging isang kapalpakan. Maaaring bigyan ng kapangyarihan ang pamahalaan para sa mga tao at komunidad. Shaka



PANGALAN NG BALOTA:
**KAHALOA, Kirstin**
LEGAL NA PANGALAN:
**Kirstin A.K. Kahaloa**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 6
kahaloaforkona.com
vote@kahaloaforkona.com
(808) 430-5821

Mapagkumbaba akong naglingkod sa Kona bilang inyong Kinatawan ng Estado, mula Kailua hanggang Hōnaunau. Sa aking unang termino, nagpasa ako ng batas upang protektahan ang Kona coffee at mac nuts, palakasin ang mga depensa ng Hawaiʻi laban sa mga mapaminsalang species, at palaguin ang inobasyon na nakabatay sa komunidad at pag-unlad ng ekonomiya. Nakakuha din ako ng pondo para sa matagal nang na-overdue na pagpapanatili ng mga lokal na paaralan at Kona Community Hospital. Lubos akong nakatuon sa lahat ng Isla ng Hawaiʻi dahil ang mga pinagmulan ng aking pamilya ay mula sa Hilo, Keaukaha, ʻOpihikao, Kaʻū at Waipiʻo. Bilang isang Katutubong Hawaiian at ina, ang aking trabaho sa lehislatura ay lubhang makabuluhan, dahil ang Hawaiʻi ang aking tahanan. Napatunayan ko na magtatrabaho ako araw-araw para sa lahat ng ating pamilya, sa gayon ang ating mga susunod na henerasyon ay may lugar sa Hawaiʻi upang patuloy na manirahan at tawagin itong tahanan. Mahalo sa inyong paniniwala sa gawaing patuloy kong gagawin sa Lehislatura.



PANGALAN NG BALOTA:
**MADISON, Sylvie M.**
LEGAL NA PANGALAN:
**Sylvie M. Madison**

Republika Partido
Kinatawan ng Estado, Distrito 6
www.letsgobigisland.com
vote@letsgobigisland.com
(808) 430-5563

Mula Pula hanggang Asul, at lahat ng nasa pagitan, nagkakaisa tayo sa mga pinagsasaluhan nating hamon na kinakaharap natin bilang kama'aina. Sa kabila ng ating mga pagkakaiba, panahon na para UNAHIN ang mga tao sa Hawai'i. Tumatakbo ako para sa opisina upang dalhin ang boses ng mga tao sa kabisera. Dapat tayong magsagawa ng agarang aksyon sa pabahay, kawalan ng tirahan, edukasyon, at overreach at sobrang paggastos ng gobyerno.  Kailangan din nating maging matigas sa krimen at magkaroon ng higit na karapatan sa ating lupain. Isa akong matinding tagasuporta ng mga indibidwal na karapatan, pangingisda, pangangaso, pagsasaka, at ng inyong kalayaan na protektahan ang inyong sarili, ang inyong pamilya, at ang inyong ari-arian. May-ari ako ng maliit na negosyo sa Hawai'i, nakakuha ng Bachelors of Science sa criminal justice at patuloy na nag-aaral sa Kapi'olani Community College. Dati akong miyembro ng lupon ng Hawaii Big Game Fishing Club at nagtrabaho para sa Hawai'i Small Business Development Center.

HAWAII VOTES



PANGALAN NG BALOTA:
**DALHOUSE, Timothy A. (Tim)**
LEGAL NA PANGALAN:
**Timothy Alan Dalhouse**

Republika Partido
Kinatawan ng Estado, Distrito 7
timdalhouse.com
vote4tim@timdalhouse.com
(808) 772-3996

Aloha! Bilang isang U.S. Marine Combat Veteran at entrepreneur na lumikha ng dose-dosenang lokal na trabaho at muling nagpasigla sa isang napabayaang shopping plaza sa Kona, nakatuon ako sa paglilingkod sa Distrito 7 ng Hawaii nang may dedikasyon. Ang aking karanasan sa pamumuno bilang boluntaryo gaya ng Direktor sa Kailua Village Business Improvement District at diakono ng simbahan ay sumasalamin sa aking pangako sa komunidad at mga pagpapahalaga sa pamilya. Noong 2022 U.S. Senate Republican Primary, ipinagmamalaki kong nakuha ko ang mayoryang boto sa Big Island, na nagpapakita ng malawak na suporta para sa aking pananaw sa paglago ng ekonomiya, mababang gastos sa pamumuhay, at abot-kayang pabahay upang bumuo ng isang napapanatiling kinabukasan para sa ating mga keiki sa mga Isla. Kasama rin sa aking mga plano ang pagpapabuti ng imprastraktura at pagtitiyak ng pananagutan sa paggasta ng pamahalaan. Kung mahahalal, nangangako ako ng isang bukas at malinaw na komunikasyon, na may regular na pakikipag-ugnayan sa pamamagitan ng mga email, tawag, at pampublikong forum – na magtitiyak na ang boses ng bawat residente ay pinakikinggan at masigasig na kinakatawan sa Lehislatura ng Estado. Mahalo nui loa para sa inyong boto!



PANGALAN NG BALOTA:
**LOWEN, Nicole**
LEGAL NA PANGALAN:
**Nicole E. Lowen**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 7
nicolelowen.com
nicole@nicolelowen.com
(808) 937-8196

Kinakatawan na ni Nicole Lowen ang West Hawaii sa Kapulungan ng Estado mula pa noong 2012, at walang pagod na nagtrabaho para sa kanyang distrito. Sa mga nagdaang taon, nakapag-uwi si Nicole ng pondo para mapahusay ang mga paaralan, ospital, para itayo ang Kona Courthouse, at ang HCC Palamanui Campus, bukod sa iba pang mga bagay-bagay. Bilang isang dating guro, ipinaglaban ni Nicole ang mas maayos na suweldo para sa mga guro at mas mahusay na mga paaralan para sa keiki, nagsikap tungo sa pagbibigay ng mas abot-kayang pabahay at pagtugon sa mataas na gastos ng pamumuhay sa Hawaii. Nagsumikap si Nicole upang suportahan ang mga nagtatrabahong pamilya, lokal na magsasaka at negosyo, at, bilang Tagapangulo ng Komite sa Proteksyon sa Enerhiya at Kapaligiran, inuna ni Nicole ang pagprotekta sa mga likas na yaman ng Hawaii, naisasapanibagong enerhiya, at pagtugon sa krisis sa klima. Sinisikap ni Nicole na lagi siyang tumutugon at nalalapitan ng kanyang mga nasasakupan at makipag-usap nang regular. Kung muling mahahalal, magpapatuloy siyang maglingkod nang may integridad, karanasan, at pagsusumikap.

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES



PANGALAN NG BALOTA:
**PERREIRA, Monique CobbAdams**
LEGAL NA PANGALAN:
**Monique C.A.K. Perreira**

Republika Partido
Kinatawan ng Estado, Distrito 8
cobbadamsmo@gmail.com
(808) 938-3370

Aloha, ako si Monique Cobb-Adams Perreira, isang mapagmalaking katutubong Hawaiian, US Navy veteran, at dedikadong may-ari ng maliit na negosyo. Pinagpala rin akong maging asawa, ina, at lola. Dahil lumaki ako sa Hawai'i, nagkaroon ako ng malalim na pagmamahal para sa lugar na ito, na itinuturing kong tahanan. Malinaw ang misyon ko: tiyakin na hindi lamang mabubuhay ang mamamayan ng Hawai'i, kung hindi ay uunlad din sila sa mga darating na henerasyon. Bilang inyong kandidato, naniniwala ako na kailangan nating limitahan ang pangingialam ng gobyerno sa ating mga buhay at negosyo. Wakasan ang "Magbayad para sa serbisyo" sa ating pamahalaan, panagutin ang ating mga inihalal at itinakdang opisyal sa kanilang mga trabaho, at wakasan ang korapsyon. Bitbit ko ang aking isip, katapatan, at pangakong maghanap ng mga TUNAY na solusyon para lutasin ang maraming nabigong polisiya na nanalasa sa Hawai'i. Pagtulungan nating maghatid ng TUNAY na pagbabago at tiyakin ang mas maliwanag na kinabukasan para sa ating āina, keiki, at Hawai'i nei.



PANGALAN NG BALOTA:
**TARNAS, David A.**
LEGAL NA PANGALAN:
**David A. Tarnas**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 8
www.votetarnas.com
votetarnas@gmail.com
(808) 987-5810

Aloha. Ako si David Tarnas at tumatakbo ako para muling maihalal bilang Kinatawan ng Estado para sa House District 8 - North at South Kohala. Halos 38 taon na akong nakatira sa distrito at pinalaki namin ng aking asawa ang aming dalawang anak sa Waimea. Kasalukuyan akong naglilingkod bilang Chair ng House Committee on Judiciary and Hawaiian Affairs at limang termino na akong nakapaglingkod sa posisyong ito. Determinado akong tugunan ang mahahalagang usaping kinakaharap natin ngayon sa ating distrito, kabilang ang pagsuporta sa abot-kayang pabahay, pampublikong edukasyon, pampublikong kaligtasan, at proteksiyon ng kapaligiran, gayundin ang paglilikom ng pondo para sa mga pampublikong daang-bayan, daungan, eskuwelahan, silid-aklatan, ospital, at iba pang pasilidad ng estado sa ating distrito. Patuloy akong magsusumikap para matulungan ang ating mga pamilya, anak, kapuna, at ang mga negosyong sumusuporta sa ating ekonomiya kabilang ang agrikultura, turismo, astronomiya, pangangalaga sa kalusugan, at mga negosyong nakabatay sa kaalaman. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang www.votetarnas.com. Mahalo!

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES



PANGALAN NG BALOTA:
**WOODSON, Justin H.**
LEGAL NA PANGALAN:
**Justin H. Woodson**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 9
repwoodson@gmail.com
(808) 542-2556

Aloha Kakou, nagkaroon ako ng karangalan at pribilehiyong pagsilbihan kayo sa Central Maui sa nakalipas na labindalawang taon. Sa panahong iyon, sinubukan ko at ng aking office team na makinig nang mabuti sa inyong mga alalahanin, at makipagtulungan sa inyo sa iba't ibang hamon na kinakaharap ng Kahului, Puunene, Maui Lani, at ng estado sa kabuuan. Sama-sama tayong sumulong sa mas mahusay na pagsuporta sa ating mga pampublikong paaralan at sa mga keiki na kanilang pinaglilingkuran, tumulong sa pagbibigay ng kinakailangang pondo para sa mga serbisyo ng pangangalaga ng mga magulang, at nakipagtulungan sa aking mga kasamahan sa Lehislatura ng Estado upang magdala ng mahigit isang bilyong dolyar pabalik sa Central Maui sa mga proyekto sa pagpapahusay ng kapital at suporta sa komunidad. Mapagkumbaba kong hinihingi ang inyong boto upang ang aking sarili at ang aking pangkat sa opisina ay patuloy na makapaglingkod sa inyo. Mahalo nui loa sa inyong pagsasaalang-alang. Buong katapatan, Justin



PANGALAN NG BALOTA:
**MIYAKE, Tyson K.**
LEGAL NA PANGALAN:
**Tyson K. Miyake**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 10
www.tysonmiyake.com
votetysonmiyake@gmail.com
(808) 214-8710

Si Tyson Miyake, ipinanganak at lumaki sa Maui, isang nagtapos sa Maui High School, ay nagsisilbi na ngayon bilang Kinatawan sa Kapulungan ng Estado para sa District 10. Isang taas-noong Ka Ipu Kukui Fellow, nakatuon siya sa pamumuno at pagpapaunlad ng komunidad, na kinakatawan ang misyon ng programa na hubugin ang mga visionary leader. Kinilala sa kanyang mga kontribusyon sa negosyo at komunidad, pinarangalan si Tyson sa Pacific Business News 40 Under 40 Class of 2021, na itinatampok ang kanyang makabuluhang epekto sa kanyang komunidad. Bago pumasok sa pampublikong sektor, hinasa ni Tyson ang kanyang mga kasanayan sa pamumuno sa Miyake Concrete, isang negosyong pag-aari ng pamilya kung saan natutunan niya ang halaga ng pagsusumikap at pakikipagtulungan. Pagkatapos ay nagsilbi siya bilang Chief of Staff sa County ng Maui, na nakakuha ng napakahalagang karanasan sa pamamahala at pampublikong pangangasiwa. May matibay na pundasyon sa parehong negosyo at serbisyo publiko, nakatuon si Tyson sa paghimok ng positibong pagbabago at paglilingkod sa mga tao ng Distrito 10 nang may matinding hangarin at integridad.



PANGALAN NG BALOTA:
**SAVAGE, Jeremiah**
LEGAL NA PANGALAN:
**Jeremiah Savage**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 10
Jeremiah@savageglobal.com
(808) 283-8635

Bilang isang dedikadong magulang at miyembro ng komunidad, tumatakbo ako para sa Kapulungan ng Estado upang unahin ang kaligtasan, imprastraktura, pagiging sustainable ng kapaligiran, at edukasyon sa Central Maui. Bilang isang ama na ang anak na lalaki ay ipinanganak at lumaki sa Maui at nag-aaral sa Iao Middle School, naiintindihan ko ang mga hamon na kinakaharap natin—mula sa edukasyon at gastos sa pamumuhay hanggang sa seguridad sa trabaho at abot-kayang pabahay—upang magkaroon ng maliwanag na bukas para sa ating keiki. Ang aking background ay mula sa pagtatrabaho sa bukid hanggang sa paglilingkod sa orphanage sa ibang bansa. Dito sa Maui, nag-ambag ako sa ating komunidad sa pamamagitan ng paglilingkod sa mga nonprofit na lupon, isang komisyon ng county, pagtatrabaho para sa County ng Maui, at pagtulong sa mga nonprofit ng Maui. Ang aking magkakaibang mga karanasan ay nagbigay sa akin ng kakayahan upang epektibong itaguyod ang mga pangangailangan ng ating komunidad. Hinihiling ko ang inyong boto upang matiyak ang isang maunlad at ligtas na kinabukasan para sa ating lahat. Sama-sama tayong sumulong.

HAWAII
VOTES

HAWAII
VOTES



PANGALAN NG BALOTA:
**ACAIN, Aileen R. (Lily)**
LEGAL NA PANGALAN:
**Aileen R. Acain**

Republika Partido
Kinatawan ng Estado, Distrito 11
www.votelilyacain.com
aileenlilyacain@gmail.com
(808) 264-0622

Ang aking dedikasyon at misyon ay tumulong sa pang-ekonomiyang oportunidad ng Maui tulad ng ginawa ko sa nakalipas na 21 taon, kasama ang pagtatrabaho sa pagbibigay ng PAG-ASA para sa Maui pagkatapos ng mga Sunog sa Lahaina. Sa pamamagitan ng patuloy na pagiging aktibo sa ating mga isyu sa pabahay, gayundin sa pag-aayos ng access sa elektrikal at kalsada para sa emergency na imprastraktura sa South Maui kasama ng pagtulong na lumikha ng trabahong may mas mataas na sahod sa creative arts at technical field sa industriya ng pelikula tulad ng ginawa ko. Nagtutulungan upang muling buuin ang mas magandang kinabukasan para sa ating komunidad. Pagtulong na panatilihin ang pagkakaisa sa ating komunidad, habang tumutuon sa maliliit na negosyo, at pinapanatili ang ating mga kultural na tradisyon, at higit sa lahat, pagprotekta sa ating mga anak mula sa sex human trafficking, at pagprotekta sa mga nakatatanda mula sa mga cyber scam at predator. Umaasa ako na mapaglilingkuran ang Maui Nui at ang Estado ng Hawaii. contact: aileenlilyacain@gmail.com www.voteaileenlilyacain.com



PANGALAN NG BALOTA:
**AMATO, Terez (T.Amato)**
LEGAL NA PANGALAN:
**Terez M.A. Lindsey**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 11
www.TAmato.org
Admin@TerezAmato.org
(808) 268-2622

Aloha Mga Kapitbahay, kayo ang boss ko! Isang pribilehiyo at karangalang maging kinatawan ninyo. Nararapat kayo sa kinatawang #NagtatrabahoParaSaMamamayan, hindi para sa mga korporasyon o lobbyist! Hindi ako tumatanggap ng mga kontribusyon nila. Ako ay #HindiIpinagbibili. Madaling magsalita. Ang aking mga nakamit: $53Million para sa abot-kayang pabahay sa Kihei, mga eskwelahan, pag-iwas sa baha/sunog, 200 bagong tauhan ng Kihei, mga yunit ng #AbotKayangPabahay para sa preschool at guro, humiling ng 800 dagdag na yunit para sa mga walang tirahan at nasunugan, habang pinananatili ang mga pamantayang pangkapaligiran. Sinuportahan ko ang kūpuna, #Union at manggagawang nagsisilbi, mga nagwelgang nars, pagtaas ng suweldo ng mga guro, #KaligtasanSaPaaralan (#SchoolSafety), #Mga KarapatanNgBakla (#GayRights), #Sahod (#LivingWage), #MgaLokalNaMagsasaka (#LocalFarmers), pagpapababa ng utang ng estudyante, pinalawig na pangangalaga sa kalusugan, #MasMababangBuwis (#LowerTaxes) at edukasyon para sa CNA/nars. #MakaDesisyon (#ProChoice): Demokrasya, kalayaan at #MgaKarapatanSaReproduktibo (#ReproductiveRights) ang nasa balota: Bilang pangunahing nagpakilala ng Act2: Hindi ko hahayaang inaatake ang Demokrasya, at ginagawang kriminal ang mga doktor at pagpapalaglag ng mga (R) adikal na kalaban. #GawingLegal (#LegalizeIt). Trabaho kong protektahan ang kūpuna, keiki, maliliit na negosyo, mga may kapansanan, ang ating kapaligiran at ang #KarapatangPantao (#HumanRights). Maninindigan ako para sa INYO! Salamat sa pagboto kay #TAmato

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES



PANGALAN NG BALOTA:
**JOHNSON, Dan**
LEGAL NA PANGALAN:
**Daniel B. Johnson**

Republika Partido
Kinatawan ng Estado, Distrito 12
Danjohnson4hawaii@gmail.com
(808) 250-0020

Tumatakbo ako para sa posisyon dahil mahal ko ang Maui at lahat ng nasa islang ito na nag-iiba rito sa buong mundo (kabilang ang ibang parte ng Hawaii). Isa akong asawa, ama ng dalawang maliit na bata, at ipinanganak at pinalaki sa Maui. Apat na henerasyon na ng pamilya namin ang nandito. Nang makapagtapos mula sa UH Manoa na may degree in Finance, naging matagumpay ang karera ko sa pamamahala ng proyekto nitong nakaraang dekada. Sa pamamagitan ng aking karanasan, naunawaan ko ang maraming dahilan kung bakit napakataas ng gastos sa pamumuhay sa ating estado. Nalulungkot ako kapag hindi na kayang mamuhay ng mga lokal na pamilya dito at napipilitan silang umalis. Ang layunin ko ay gawing prayoridad ang gastos sa pamumuhay sa pamamagitan ng pagsasaayos ng buwis ng estado, pagbibigay ng insentibo sa pag-aari ng lokal na tahanan, habang pinepreserba ang ating mga prinsipyo, kalayaan, lupain, yaman, at pagpapanumbalik ng ating komunidad. Mapagkumbaba kong hinihingi ang inyong boto para makapaglingkod bilang inyong kinatawan.



PANGALAN NG BALOTA:
**RYAN, Rita M.**
LEGAL NA PANGALAN:
**Rita M. Ryan**

Partido Berde
Kinatawan ng Estado, Distrito 12
ritaryan@buzbuz.biz
(808) 250-5030

Tayo ay nasa gitna ng mabilis at hindi pa nangyayaring mga transpormasyon na magpapabago sa ating buhay magpakailanman. Ang walang-humpay na bagsik ng pagbabago ng klima ay magpapatuloy, na magpapakawala ng mas matitinding bagyo, na uubos sa mga bahura, at magpapataas ng lebel ng dagat. Magpapakita ng mga hamon at oportunidad an AI para sa ating pag-iral. Ang Upcountry Maui ay agarang nangangailangan ng isang pinuno sa Kapulungan ng Estado na nagtataglay ng kadalubhasaan sa pagbabago ng klima, artificial intelligence, at hustisyang panlipunan para sa lahat. Dapat nating linangin ang katatagan sa harap ng mga hamong ito, at kailangan ang isang pinuno na nakauunawa sa hinaharap at aarmasan tayo kung anong naaayon. Si Rita Ryan ay aktibong nakikibahagi sa maraming boluntaryong tungkulin sa Maui, kabilang ang Maui County Climate Action Advisory Committee, ang Hawaiian Islands Land Trust Maui Council, dating pinuno ng The Climate Reality Project, Hawaii Chapter, at 350Hawaii.org Maui coordinator. Mabisa niyang pinamunuan ang kilusan upang magdeklara ng Emergency sa Klima sa Maui, na kalaunan ay sinamahan ng mga kalapit na isla at ng Estado. Iboto si Rita Ryan!




PANGALAN NG BALOTA:
**YAMASHITA, Kyle T.**
LEGAL NA PANGALAN:
**Kyle T. Yamashita**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 12
kyle.yamashita@gmail.com
(808) 870-5874

Walang Naisumiteng Pahayag

HAWAII VOTES



PANGALAN NG BALOTA:
**ADAM, Scott**
LEGAL NA PANGALAN:
**Scott L. Adam**

Republika Partido
Kinatawan ng Estado, Distrito 13
ScottAdam@icloud.com
(802) 558-3192

Bilang isang konserbatibo/common sense na kandidato para sa Kapulungan ng Kinatawan para sa Distrito 13, gusto kong makitang mas mahusay ang Hawaii. Ang pagsuporta sa batas na pinakamainam para sa mga tao ay dapat na ating prayoridad. Ang pinagtutuunan sa mga araw na ito ay dapat sa pagpapalakas ng ekonomiya; pagprotekta sa ating mga pamilya, kabilang ang mga karapatan ng mga magulang sa kanilang mga anak; kalayaang medikal; at itaguyod ang ating mga karapatan sa konstitusyon, tulad ng ating una at ikalawang susog, sa loob ng ating dakilang estado at republikang konstitusyonal. Kung hindi mananatiling malakas ang ating kaloob ng Diyos na mga kalayaan sa ating mga gawain sa pamahalaan, tayo ay nasa panganib na mawala ang mga ito at mabigayang-daan ang iba pang anyo ng pamahalaan. Ang ating sistema ay itinatag sa prinsipyo ng We The People bilang ang namumunong katawan, ang awtoridad sa ating lipunan. Kamakailan lamang ay tumagilid tayo, ngunit makakatulong ako sa pagpapanumbalik ng ating republikang konstitusyonal sa pamamagitan ng pag-isponsor at pagboto para sa batas na nagbibigay ng kapangyarihan pabalik sa mga tao.



PANGALAN NG BALOTA:
**CLARK, Linda Ha'i**
LEGAL NA PANGALAN:
**Linda A. Clark**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 13
CLARKL004@GMAIL.COM
(808) 268-9844

Aloha, ang pangalan ko ay Linda Ha'i Clark. Ako ay isang ina, lola at may-ari ng isang maliit na bukid. Malalim akong nakaugat sa aking kultura at isang 7 henerasyong pamilya ng Kaupo. Naglingkod ako sa ating lupon ng komunidad sa loob ng 9 na taon. Nakalikom kami ng mahigit 1 milyong dolyar para ibalik ang lumang Kaupo School na nagsisilbing Community Resource Center at emergency hub. Habang nasa Kapulungan ng Estado bilang Kinatawan (2021-2022), nagsilbi rin ako bilang miyembro ng Mga Komite sa Edukasyon, Pabahay at Transportasyon. Naniniwala ako na kailangan nating mamuhunan sa ating mga anak at pamilyang nagtatrabaho. Magsikap tayo para mapanatili nating manirahan ang ating mga pamilya dito sa Hawaii.



PANGALAN NG BALOTA:
**POEPOE, Mahina**
LEGAL NA PANGALAN:
**Mahinamalamalama M. Poepoe**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 13
Votemahina.com
mahinapoepoe13@gmail.com
(808) 658-6010

Aloha! Ang pangalan ko ay Mahina Poepoe, at tumatakbo ako para muling maihalal sa Kapulungan ng mga Kinatawan ng Estado. Ang paglilingkod bilang inyong kinatawan sa nakalipas na dalawang taon ay isang pribilehiyo at responsibilidad na hindi ko binabasta-basta lang. Pinagsikapan kong maisakatuparan ang mga pangako sa kampanya na may rekord ng pagboto na malinaw na sumasalamin sa aking pangako sa ating mga tao at ʻāina. Nakilahok ako sa pagpapanimula ng higit sa anim na daang panukala kabilang ang mga panukalang batas para protektahan ang mga kultural at likas na yaman, suportahan ang maliliit na negosyo at mga lokal na sistema ng pagkain, palawakin ang access sa pangangalaga sa kalusugan, magbigay ng mga libreng pagkain sa mga pampublikong paaralan, at mapabuti ang pampublikong edukasyon, kahandaan sa sakuna, at pagiging bukas at may pananagutang pamahalaan. Nanatili ang aking tuon na tiyaking ang kalidad ng buhay para sa ating mga residente at ang kalusugan ng ating kapaligiran ay inuuna sa pagpapasya. Mapagpakumbaba kong hinihiling ang inyong boto at patuloy na suporta sa darating na halalan. Ola i ka wai, Mahina

HAWAII VOTES



PANGALAN NG BALOTA:
**ARMSTRONG, Kelly J.**
LEGAL NA PANGALAN:
**Kelly J. Armstrong**

Republika Partido
Kinatawan ng Estado, Distrito 14
armstrongcorporation@gmail.com
(760) 333-2332

Ang estado ng Hawaii at partikular na ang kanlurang bahagi ng Maui ay nangangailangan ng isang tao na kakatawan sa "mga tao" at magsasalita para sa mga tao. Napakatagal nang nagsilaho ang mga tao ng Maui nang hindi man lang pinakikinggan ang kanilang mga boses. Sagad-sagaran ang katiwalian sa estado ng Hawaii. Sagad-sagaran ang kawalan ng tahanan. Sagad-sagaran ang paggamit ng droga. Sagad-sagaran ang napakataas na gastos ng pamumuhay. Sadsad na sadsad ang edukasyon. Nakikipagpaligsahan ang mga trans-gender na lalaki sa mga pambabaeng palaro sa high school. Sa loob ng mahigit 60 taon, pinagharian ng partido Demokratiko ang estado ng Hawaii at isinadlak ito sa cesspool ng dumi. Ang estado ng Hawaii ay kinilala kamakailan sa buong bansa bilang ang "Pinaka Hindi Abot-kaya" na estado sa Amerika. Hayaan n'yo akong maging boses ninyo sa paggawa na maging paraiso ang estadong ito na siyang nararapat. Ipaglalaban ko kayo.



PANGALAN NG BALOTA:
**BALINBIN, Kanamu**
LEGAL NA PANGALAN:
**Ernest Z. Kanamu Balinbin**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 14
nalugrindz@gmail.com
(808) 250-0871

Aloha, ang pangalan ko ay Kanamu Balinbin at kandidato ako para sa Kinatawan ng Estado Distrito 14. Taas-noo akong nakapagtapos sa Lahainaluna High School at nakatira sa Kahana, Maui. Kasal ako kay Richelle Balinbin at may 4 kaming anak. Tumatakbo ako para sa panunungkulan dahil nararamdaman ng aming team na mahalaga ang input mula sa komunidad para sa tagumpay, lalo na pagkatapos ng mapangwasak na sunog noong ika-8 ng Agosto, 2023. Kung mahahalal, tutuon ang aming team sa mga solusyon na kailangan para sa ating distrito. Naging mahalaga ang aming team sa pagbibigay ng mga pang-araw-araw na pangangailangan sa mahigit 300 tao araw-araw, Lunes hanggang Biyernes, sa ating S-turns Hub ng Komunidad mula noong 1 araw pagkatapos ng napakalaking apoy. Nagbibigay din kami ng maiinit na pagkain araw-araw para sa ating mga biktima ng napakalaking apoy. Ipinakita ng ating komunidad na kapag nagtutulungan tayo, malalampasan natin ang anumang hamon na ating kinakaharap. Kung mahahalal, magdidikta ang ating komunidad ng batas na kailangan para sa ikabubuti ng ating kinabukasan. Mahalo nui



PANGALAN NG BALOTA:
**COCHRAN, Elle**
LEGAL NA PANGALAN:
**Eleanora K. Cochran**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 14
voteellecochran.com
cochranelle00@gmail.com
(808) 281-7709

Aloha, mga Botante sa Kapulungan ng Distrito 14, Isang karangalan at pribilehiyo kong maglingkod nitong nakaraang dalawang taon bilang inyong Kinatawan ng Kapulungan ng Estado. Pinasasalamatan ko kayo mula sa kaibuturan ng aking puso para sa inyong nakaraang suporta at inaasahan ko ang inyong suporta sa hinaharap. Nakakuha ako ng maraming kaalaman sa nakalipas na dalawang taon bilang inyong Kinatawan ng Estado na sinamahan pa ng aking walong taon ng nakaraang karanasan sa Konseho ng County at ang mga ito ay magpapatunay na buong-husay na magsisilbi sa mga pangangailangan ng ating mga komunidad! Habang patuloy akong naninirahan sa Lahaina kung saan ako nanirahan sa buong buhay ko, ang aking puso at kaluluwa ay labis na nasasaktan para sa pinakamalaking pagkawala na hindi maisip ng sinuman sa atin. Sa ATING pagbangon, oo, kakailanganin nating sama-samang magtuliungan upang maisagawa ito. Na ang BUONG Kapulungan ng Distrito 14 mula sa dulo hanggang sa dulo ay mapapangalagaan. Asahan ninyo na ang aking opisina gaya ng dati ay magiging bukas, tumutugon at transparent!

HAWAII VOTES



PANGALAN NG BALOTA:
**MORANZ, David A.**
LEGAL NA PANGALAN:
**David Anthony Moranz**

Republika Partido
Kinatawan ng Estado, Distrito 15
kilakahi@gmail.com
(808) 651-8882

David Moranz Ang aking kasalukuyang tungkulin ay nagtatrabaho para sa pamilya at sa negosyo ng pamilya. Pinakalayunin ko ay kung paano ko matutulungan ang komunidad at ang estado ng Hawaii. Ang mga nakamit ko ay ang kapitan ng maritime, fire fighter pacific missile range, operator ng mabibigat na kagamitan, operator ng planta, trouble shooter at pagkukumpuni ng kasangkapan. Mayroon akong aktuwal na karanasan kung paano mapagana ang mga bagay-bagay.



PANGALAN NG BALOTA:
**NAKAMURA, Nadine K.**
LEGAL NA PANGALAN:
**Nadine K. Nakamura**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 15
NadineNakamura.com
nknplan@hawaii.rr.com
(808) 635-1507

Isang karangalang maglingkod bilang Kinatawan ng Estado ng Distrito 15. Nagsimula ang aking interes sa serbisyo publiko 14 na taon na ang nakalipas noong una akong tumakbo para sa Konseho ng County ng Kaua'i. Ang layunin ko noong panahong iyon ay "magtrabaho para sa isang mas mabuting Kaua'i." Naglingkod ako ng tatlong taon sa Konseho ng County, tatlong taon bilang Tagapamahalang Direktor, at walong taon sa Kapulungan ng Estado. Sa nakalipas na dalawang taon, naglingkod ako bilang Pinuno ng Mayorya. Sa pamamagitan ng pagtatayo ng abot-kayang pabahay, pangangalaga sa ating mga lupain at tubig, pagpapatupad ng unibersal na preschool na edukasyon, pag-iba-iba ng ating ekonomiya, at pagtulong sa mga pamilyang higit na nangangailangan, maaari tayong umunlad at mapabuti ang ating kalidad ng buhay. Mapagpakumbaba kong hinihingi ang inyong boto upang maipagpatuloy ko ang mahalagang gawain sa hinaharap: muling pagpapaunlad ng pampublikong pabahay ng Kapa'a, pagpapatupad ng Mahelona Master Plan para sa mas abot-kayang pabahay at mga serbisyong pampubliko, pagbabawas ng trapiko ng mga bisita sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga hub ng transportasyon, at pagsuporta sa lokal na pagkain.

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES



PANGALAN NG BALOTA:
**EVSLIN, Luke A.**
LEGAL NA PANGALAN:
**Luke A. Evslin**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 16
www.lukeevslin.com
luke@lukeevslin.com
(808) 635-6623

Nanirahan ako sa Kaua'i sa buong buhay ko, at nagkaroon ako ng karangalan na maglingkod sa Konseho ng County ng Kaua'i sa loob ng apat na taon at sa Kapulungan ng mga Kinatawan ng Estado ng Hawai'i sa nakalipas na dalawang taon. Ang misyon ko ay simple: gawing abot-kaya ang pabahay at mapahusay ang kalidad ng ating buhay. Kailangan natin ng mga tahanan para sa mga lokal na pamilya, hindi lamang pag-unlad ng mararangya. Sa pagpapasimple ng mga regulasyon, paghikayat sa pagpapaunlad ng tirahan sa loob at paligid ng ating mga umiiral na bayan, pagpapahusay ng imprastraktura para sa mga taong naglalakad, at pagsuporta sa mga multigenerational na sambahayan, maaari tayong bumuo ng masigla, napapanatiling mga komunidad. Ito ay magpapababa ng mga gastos sa pabahay, magpapanatiling magkakasama ang mga pamilya, magbabawas ng mga paglabas ng carbon, at mababawasan ang hindi pagkakapantay-pantay. Poprotektahan din nito ang ating mga lupang pang-agrikultura at maiibsan ang pagsisikip ng trapiko. Sama-sama, masisiguro nating ang mga susunod na henerasyon ay magagawang manirahan dito, ang ating kapaligiran ay napangalagaan, at ang ating mga komunidad ay umunlad. Nakatuon ako na gawing katotohanan ang pananaw na ito at ikalulugod kong makuha ang inyong suporta.

NO PHOTO SUBMITTED

PANGALAN NG BALOTA:
**YODER, Steve**
LEGAL NA PANGALAN:
**Steven Jay Yoder**

Republika Partido
Kinatawan ng Estado, Distrito 16
Kauaipatriot@gmail.com
(808) 855-5503

Walang Isinumiteng Pahayag

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES




PANGALAN NG BALOTA:
**JAUCH, Michael H.**
LEGAL NA PANGALAN:
**Michael Jauch**

Republika Partido
Kinatawan ng Estado, Distrito 17
Michael@michaeljauch.com
(808) 346-6002

Walang Isinumiteng Pahayag



PANGALAN NG BALOTA:
**MORIKAWA, Daynette (Dee)**
LEGAL NA PANGALAN:
**Daynette S.P. Morikawa**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 17
daynette.morikawa@gmail.com
(808) 651-8855

Naglingkod ako bilang isang Kinatawan ng Estado sa loob ng 14 na taon. Bago tumakbo para sa opisina, nagtrabaho ako sa pamahalaan ng County sa loob ng 36 na taon. Ang buong pang-adultong buhay ko ay nakatuon sa serbisyo publiko. Dumalo ako sa bawat araw ng sesyon ng lehislatibo sa lahat ng 14 na taon. Bilang isang senior na miyembro, patuloy akong nakikibahagi sa pagtataguyod ng mabuting batas at ginagawa ang makakaya ko upang matugunan ang mga pangangailangan at alalahanin ng ating distrito. Ang pagiging House Majority Floor Leader ay nagpakita ng tiwala at pagtitiwala ng mga kasamahan sa kakayahan ko na gampanan ang mga responsibilidad ng posisyong iyon, at lahat ng karanasan at seniority na iyon ay nagpapahintulot sa akin na maglingkod sa publiko nang mas mahusay. Ang pagbabalik-tanaw sa ating mga nagawa at minimithi, ay nagbibigay sa akin ng pusong puno ng kasiyahan at pakiramdam ng tagumpay. Ako ay nagpapasalamat at nagpapahalaga sa pagtitiwala ng mga nasasakupan sa aking serbisyo, at nais kong patuloy na maging inyong Kinatawan.

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES



**PANGALAN NG BALOTA:**
**WARD, Gene**
**LEGAL NA PANGALAN:**
**Gene R. Ward**

Republika Partido
Kinatawan ng Estado, Distrito 18
www.gene-ward.com
repward@gmail.com
(808) 781-9931

Aloha Sa Mga Dakilang Mamamayan ng Hawaii Kai, nagkaroon na ako ng karangalang paglingkuran kayo mula 2006 at ngayon ay hinahangad kong paglingkuran pa kayo nang isa pang termino para patuloy na mapaunlad ang Hawaii Kai bilang ating tahanan, sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa ating mga magsasaka ng Kamilonui para mapalawig ang kanilang upa sa kanilang mga sakahan nang lampas ng Hunyo 2025, at patuloy na makapagtrabaho at mapanatili ang Hawaii Kai – ang Hawaii Kai nang wala ang labis na pag-unlad ng Luana Kai, at sa pamamagitan din ng pagbabawas o pagwawakas ng kawalan ng tirahan sa HK, at pagtitiyak na ligtas ang ating mga kalsada sa pamamagitan ng mas kaunting krimen at pagkawala ng kuryente. Sumasagot ang aking tanggapan sa mga email at tawag sa telepono sa loob ng 24-48 oras, kung hindi – ibibigay namin ang aking pribadong vell phone number upang matawagan ninyo ako nang personal anumang oras. Mayroon akong PhD mula sa UH, at dati akong Peace Corps Volunteer at Vietnam Veteran, at buong panahon akong magtatrabaho ako para sa inyo.Aloha!

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES



PANGALAN NG BALOTA:
**HASHEM, Mark Jun**
LEGAL NA PANGALAN:
**Mark J. Hashem**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 19
Mark.hashem@yahoo.com
(808) 388-7693

Isang karangalan para sa akin na makapaglingkod bilang inyong kinatawan. Sama-sama, nakamit natin ang mga makabuluhang milestone na nagpapahusay sa ating komunidad. Matagumpay nating naipasemento ang Kalanianaole Highway, na nagpapataas ng kaligtasan at aksesibilidad. Sa Niu Valley Middle School, nagpatayo tayo ng isang state-of-the-art na World Language Building, na nagpapahusay sa kanilang programang International Baccalaureate para sa ating anak. Ipinagmamalaki ngayon ng Kalani High School ang isang bagong locker room ng mga babae, pati na rin ang mga na-upgrade na pasilidad ng track at wrestling, na sumusuporta sa atletiko at personal na paglago ng ating mga mag-aaral. Nakatuon ako sa pagpapatuloy ng pag-unlad na ito at pagtataguyod para sa mga pangangailangan ng ating distrito. Sa inyong suporta, makakamit natin ang higit pa. Mapagpakumbaba kong hinihiling ang inyong boto sa paparating na halalan.

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES



PANGALAN NG BALOTA:
**CHOI, John**
LEGAL NA PANGALAN:
**John Y.U. Choi**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 20
www.HiJohnChoi.com
attorneyjohnchoi@gmail.com
(808) 258-4985

John Choi – Pagbabagong maaasahan natin. Mga Prayoridad ni John: Pangungurakot sa Pulitika • Kawalang-tirahan • Krimen • Pangangalaga sa Kupuna. Legal na karera ni John: Dating Deputadong Pangkalahatang Abogado • Abogado ng Sibil na Paglilitis ng Hawaii – tagapagtaguyod ng konsyumer. Nakipaglaban at nanalo si John para sa mga lokal na pamilya laban sa bigating pharma, bigating insurance, at bigating automobile. Karanasan sa Trabaho ni John: Papee route, pizza parlor (binatilyo) • Mga dry cleaner at restaurant (Wiki Wiki Teriyaki, Blazing Steaks) • Window washer (trabaho sa kolehiyo/programa sa pag-aaral) • Parangal na Guro ng Taon (Teacher of the Year Award) – The Princeton Review. Si John at ang kanyang asawang si Michelle ay 25 taon nang kasal at mga may-ari ng bahay sa Kapahulu mula pa noong 2002. Ang kanilang dalawang anak na babae (ipinanganak at lumaki sa Kapahulu) ay nag-aral sa Waiokeola, St. Clements, Kahala Elementary, Waikiki Elementary, at Punahou. Ang mga magulang ni John ay 80 at 85 taong gulang na lumaki at nanirahan sa Waikiki. Mga hilig ni John: Isang masugid na waterman si John at hilig niyang maghardin at mag-golf.



PANGALAN NG BALOTA:
**HOOKER, George**
LEGAL NA PANGALAN:
**George P. Hooker**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 20
www.Hooker4Hawaii.com
Hooker4Hawaii@gmail.com
(808) 798-7576

Pananaw ko para sa Distrito 20 at sa estado ng Hawai'i ang isang lugar kung saan mas mababa ang mga buwis, na nagpapahintulot sa mga lokal na pamilya na umunlad na may mas maraming pera sa kanilang mga bulsa. Tinatanaw ko ang pakiramdam ng kupuna na ligtas, walang takot kapag tinitingnan nila ang kanilang koreo. Pinapangarap ko ang mga multigenerational na pamilya na nagpapasa ng kasaganaan, na nagtitiyak na ang kanilang mga anak at apo ay uunlad sa Hawai'i. Nakikita ko ang isang komunidad na may dedikadong guro at angkop na pabahay, na nagbibigay sa ating mga kabataan ng pag-asa at direksyon. Naiisip ko ang isang lugar na may masaganang pathway ng edukasyon, na nagpapaalala sa mga mag-aaral ng malawak na pagkakataong naghihintay sa kanila sa Hawai'i, na nagtitiyak na kailanman ay hindi sila winalang-bahala. Isang lugar ito na kung saan tayo ay nakahanda para sa anumang krisis, nagkakaisa, at nagtataglay ng isang plano. Umaasa akong sasamahan ninyo ako sa pananaw kong ito. Kung gayon, pakiboto si Hooker. Mahalo Nui Loa.



PANGALAN NG BALOTA:
**LOGUE, James**
LEGAL NA PANGALAN:
**James John Logue**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 20
votelogue@gmail.com
(808) 489-0792

Bilang mapagmahal na ama, beterano ng digmaan, at lingkod-publiko, determinado akong magdala ng positibong pagbabago sa ating komunidad. Bibit ang aking Master's in Public Administration at background sa paglaban sa panloloko at sa social work, malawak ang karanasa na aking maiaambag. Ang aking pagkakandidato ay itinutulak ng aking paniniwalang hindi dapat napipilitang umalis ang mga pamilya para lang humanap ng mas magagandang oportunidad. Haharapin ko ang mga usaping nakakaapekto sa ating komunidad tulad ng mga monster home, pagtaas ng gastos sa pamumuhay, paglaganap ng krimen, kalusugang pangkaisipan, at kawalan ng tirahan. Hindi pa nakataga sa bato ang kinabukasan natin—pwede pa tayong gumawa ng kinabukasan kung saan umuunlad ang mga pamilya. Itataguyod ko ang mga polisiyang magpapabuti sa kalidad ng ating pamumuhay at magpepreserba sa ating tahanang isla para sa mga darating na henerasyon. Aktibo ako sa mga organisasyon sa komunidad gaya ng Lions Club at Kaimuki Neighborhood Board. Determinado akong tumulong sa mga nangangailangan. Sama-sama tayong lumikha ng masigla at mapagsuportang komunidad kung saan may oportunidad ang bawat residente na umunlad.



PANGALAN NG BALOTA:
**NAKADA GRANDINETTI, Tina**
LEGAL NA PANGALAN:
**Tina  Grandinetti**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 20
www.tinaforhawaii.com
friendsoftinagrandinetti@gmail.com
(808) 376-5200

Ipinanganak at lumaki sa Oahu, si Tina Nakada Grandinetti, PhD., ay tumatakbo upang tumulong sa pagbuo ng kinabukasan kung saan ang mga lokal na pamilya ay kayang tumira sa Hawaii at palakihin ang ating mga keiki para pangalagaan ang ating mga pinakamamahal na lupain at katubigan. Inialay niya ang kanyang karera sa pag-unawa sa krisis sa pabahay at kawalan ng tirahan ng Hawaii, at bilang isang postdoctoral fellow na nagtatrabaho sa isang instituto sa pambansang patakaran, nagdadala siya ng mahalagang karanasan sa pagsusulong ng patas na mga patakaran sa pabahay na tumutugon sa mga pangangailangan ng mga nagtatrabahong pamilya. Dati, pinamahalaan niya ang tanggapan ng Representative Perruso, kung saan mahigpit siyang nakipagtulungan sa mga tagapagtaguyod upang bumalangkas at magsulong ng mga patakaran sa pabahay, mga sistema ng pagkain, edukasyon, at pagiging patas sa buwis. Nagpakita rin si Tina ng rekord ng pag-oorganisa sa komunidad upang turuan ang mga kabataan, maiwasan ang pagpapalayas sa mga lokal na pamilya, Isara ang Red Hill, at protektahan ang ʻāina para sa mga susunod na henerasyon. Lubos siyang naniniwala na ang mabuting pamamahala ay napagkakaisa tayong lahat upang magtrabaho tungo sa kabutihan ng lahat.



PANGALAN NG BALOTA:
**SOLOMON, Corinne S.**
LEGAL NA PANGALAN:
**Corinne S. Solomon**

Republika Partido
Kinatawan ng Estado, Distrito 20
SolomonforHawaii.com
SolomonforHawaii@gmail.com
(808) 650-3245

Aloha, Ang pangalan ko ay Corinne Solomon. Ako ay isang ina, asawa, at kapitbahay, hindi isang pulitiko sa karera. Bilang isang unang henerasyong Amerikano na lumaki sa restaurant ng pamilya ko, natutunan ko ang isang malakas na etika sa trabaho nang maaga. Gamit ang isang Doctor of Pharmacy degree mula sa University of the Pacific, nagtrabaho ako sa mga ospital ng Oahu bago ako nagretiro para tumuon sa aking pamilya. Kung mahalal, tututukan ko ang mga sumusunod: gastos sa pamumuhay, komunidad, at kalinawan sa batas. Iboboto ko ang hindi sa mga batas na nagpapataas ng mga gastos sa pamumuhay at magsusulong para sa reporma ng gobyerno para mabawasan ang mga gastos. Makikinig ako sa inyong mga pangangailangan at magiging boses para sa ating komunidad. Nangangako akong ibigay ang 20% ng suweldo ko pabalik sa Distrito 20—matuto nang higit pa tungkol sa aking "20 para sa 20" na pangako sa aking website. Sa tulong ng inyong boto, sama-sama nating magagawang abot-kayang muli ang Hawai'i. Ikararangal kong katawanin kayo. Salamat!



PANGALAN NG BALOTA:
**WONG, Kevan JunWah Kamakana**
LEGAL NA PANGALAN:
**Kevan Jun Wah Kamakana Wong**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 20
www.kevanwong.com
VOTEKEVANWONG@GMAIL.COM
(808) 779-3294

Ginugol ko ang huling labindalawang taon ng aking buhay sa serbisyo publiko: pitong taon kasama si Kinatawan Scott Nishimoto, na nagtatrabaho sa mga isyung kinakaharap ng mga residente ng Kapahulu at Kaimuki, at ang huling limang taon kasama ang Alkalde at sa Opisina ng Tagapamahalang Direktor sa Lungsod at County ng Honolulu, na nakatuon ako sa kung paano makakaapekto ang batas ng estado sa county. Ikararangal kong ipagpatuloy ang aking paglilingkod bilang susunod na kinatawan para sa distrito kung saan nanirahan ang aking pamilya sa loob ng tatlong henerasyon, na pinagsasama ang kaalaman at karanasang nakalap ko sa mga nakaraang taon sa edukasyong natanggap ko mula sa William S. Richardson School of Law ng UH Manoa, upang bigyang-pakinabang ang ating komunidad. Ang aking mga prayoridad ay ang pag-iwas sa krimen, pangmatagalang pangangalaga, at pagtugon sa mga isyu sa pabahay, kabilang ang mga halimaw na tahanan at mga walang tirahan. Ang pangako ko ay laging makinig at maging available para sa inyo. Mapagkumbaba kong hinihingi ang inyong boto.

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES



PANGALAN NG BALOTA:
**SAYAMA, Jackson D.**
LEGAL NA PANGALAN:
**Jackson D. Sayama**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 21
www.jacksonsayama.com
jackson@jacksonsayama.com
(808) 772-6145

Bilang ikaapat na henerasyong Japanese-American na ipinanganak at lumaki sa distritong ito, ipinagmamalaki kong tawagin ang Distrito 21 bilang aking tahanan at ikinararangal kong maglingkod bilang kinatawan nito sa loob ng apat na taon. Hinimok ng isang pananaw na bumuo ng isang Hawaii na kung saan ay maaaring manatili at umunlad ang mga lokal na pamilya, itinaguyod ko ang batas na palaguin ang abot-kayang pabahay para sa mga lokal, dagdagan ang pagpopondo para sa mga programa sa pampublikong edukasyon, at alisin ang mga kakulangan sa burukrasya. Kung mahahalal na maglingkod sa isa pang termino, umaasa akong magtrabaho sa mga isyung ito pati na rin sa iba pa tulad ng pagpapaunlad ng mga manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan, pamamahala sa condominium, at pagpapalit ng hindi nagamit na mga ari-arian ng estado sa abot-kayang pabahay.



PANGALAN NG BALOTA:
**SEASHELL, Joelle**
LEGAL NA PANGALAN:
**Joelle M. Seashell**

Republika Partido
Kinatawan ng Estado, Distrito 21
Houserepd21@gmail.com
(808) 799-0253

Aloha! Isang karangalan na magkaroon ng pagkakataon na hingin ang iyong boto upang mapagsilbihan ko kayo sa Kapulungan ng mga Kinatawan ng Estado. Panahon na upang itama ang ugat ng ating malubhang alalahanin nang sa gayon ay maisakatuparan natin ang pagpapabuti ng ating komunidad. Libu-libong lokal na pamilya ang nilisan ang mga isla noong nakaraang taon lamang at binanggit na ang gastos ng pamumuhay ang siyang dahilan. Dapat tayong magkaroon ng kaluwagan sa ekonomiya sa pamamagitan ng pagpapababa at muling pagsasaayos ng ating mga buwis. Kailangan din natin ang pag-aalis ng labis at nakakapanlumong mga regulasyon at mga patakaran. Ang batas ay dapat maging mahigpit sa krimen, at maging proteksiyon sa mga pamilya--ang pundasyon ng matatag na komunidad. Ang ating mga pulitiko ay naging bulagsak sa kanilang paggastos ng ating pera at naging pabaya sa patakaran pagdating sa paglilingkod sa pinakamahusay na interes ng kanilang mga nasasakupan. Oras na para gumawa ng pagbabago at lumikha ng Hawai'i na hindi na kailangang lumikas ng ating mga anak.

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES



PANGALAN NG BALOTA:
**GARRETT, Andrew Takuya**
LEGAL NA PANGALAN:
**Andrew Takuya Garrett**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 22
www.andrewtakuyagarrett.com
andrewtakuyagarrett@gmail.com
(808) 354-1108

Isang panghabambuhay na karangalan na makapaglingkod sa Distrito 22 bilang inyong kinatawan ng estado, at ako ay lubos na nagpapasalamat sa tiwala na ibinigay ninyo sa akin. Sa aking unang termino, nakamit natin ang makabuluhang pag-unlad sa pamamagitan ng pagpasa sa mga makasaysayang pagbawas sa buwis upang suportahan ang mga nagtatrabahong pamilya, naipagpatuloy ang kinakailangang pamumuhunan sa pampublikong edukasyon at naisagawa ang mga kongkretong hakbang upang palakasin ang ating sistema ng pangangalagang pangkalusugan. Ganunpaman, matagal pa bago matapos ang ating gawain. Inialay ko ang aking buong propesyunal na karera sa serbisyo publiko, at inaasam kong muling maghalal upang ipagpatuloy ang momentum na binuo natin sa pagharap sa ilan sa mga pinakamahihirap na isyu ng Hawaiʻi. Bilang ama ng dalawang magagandang anak na babae, lubos akong nakatuon sa pagtiyak na ang kanilang henerasyon ay maaaring umunlad dito sa Hawaiʻi at hindi mapipilitang umalis sa mga isla upang humanap ng mga oportunidad sa ibang lugar. Sama-sama, patuloy tayong sumulong para sa isang magandang kinabukasan para sa lahat. Mahalo sa inyong suporta!



PANGALAN NG BALOTA:
**IMAMURA, Jeffrey H.**
LEGAL NA PANGALAN:
**Jeffrey H. Imamura**

Republika Partido
Kinatawan ng Estado, Distrito 22
jeffimamuraforhawaii@gmail.com
(808) 927-0660

Walang Isinumiteng Pahayag

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES



PANGALAN NG BALOTA:
**MCCAIN, Pat**
LEGAL NA PANGALAN:
**Patrick H. McCain**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 23
stlpatmccain@yahoo.com
(808) 372-0329

Aloha, ako si Pat McCain at ang aking kinatawan na si Scott Nishimoto na nagsilbi sa atin nang maayos, ay nagpasyang tumakbo para sa Konseho ng Lungsod ng Honolulu at umaasa akong mananalo siya. Wala akong planong tumakbo ngunit nais kong tiyakin na ang bakanteng posisyon na ito ay mapupunan ng pinaka-kwalipikadong tao. Mayroon akong panghabambuhay na karanasan sa mga antas ng Lungsod, Estado at Pederal ng parehong mga sangay ng lehislatibo at ehekutibo. Ako ay isang Congressional Chief of Staff para kay Congressman Abercrombie at nagretiro ako bilang isang pederal na opisyal sa Department of Homeland Security. Nagkaroon na ako ng maraming pagsisiyasat sa backgroud pati na rin ang mga clearance sa seguridad, lahat ay maayos. Itinuturing kong isang mataas na karangalan ang pagkakataong ito at kung ako ang mapipili, sineseryoso ko ang panunumpa at gagawin ang lahat ng aking makakaya upang mapabuti ang napakagandang lugar na ito na mahal nating lahat. Mahalo at a hui ho.



PANGALAN NG BALOTA:
**OLDS, Ikaika M.**
LEGAL NA PANGALAN:
**Ikaika M. Olds**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 23
www.oldsforhawaii.com
info@oldsforhawaii.com
(808) 354-2311

Ako ay isang lokal na batang lalaki, ipinanganak at lumaki sa Oahu. Sa huling dekada, nagsilbi ako sa ating komunidad bilang isang Social Worker na may mga Bachelor's at Master's degree sa Psychology, direktang nagtatrabaho sa mga walang tirahan sa ating mga kapitbahayan. Sa maraming taon ko sa Waikiki Health at Homeless Concerns Office ng DOE, nakakuha ako ng espesyal na karanasan sa larangan ng Kawalang-tirahan, Criminal Justice at Abot-kayang Pabahay. Upang makagawa ng tunay na pagbabago, napakahalagang tunay na maunawaan ang mga isyung kinakaharap natin. Bago maglingkod sa ating komunidad, nagsilbi ako sa ating bansa bilang isang US Army Infantryman sa loob ng 8 taon, na may 2 combat deployment sa Iraq. Layunin kong gawing mas ligtas ang ating mga komunidad sa pamamagitan ng pagtugon sa mga isyu sa krimen at kawalan ng tirahan na lubhang nakakaapekto sa ating distrito. Ikararangal kong maglingkod bilang inyong Kinatawan. Sumali sa napakagandang bagay! Iboto si Ikaika Olds para sa Kapulungan ng Estado, Distrito 23.



PANGALAN NG BALOTA:
**ROBOTTI, Paul F.**
LEGAL NA PANGALAN:
**Paul F. Robotti**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 23
paulrobotti@yahoo.com
(808) 255-7086

Nakatuon ako sa pagtugon sa mga mahahalagang isyu na kinakaharap ng ating komunidad. Sa pamamagitan ng mga makabagong solusyon at mahabaging pamumuno, tututukan ko ang pagpapanatili, pag-unlad, at nakatuon ako sa paggawa ng positibong epekto sa aking distrito. Isasaprayoridad ko ang paghahanap ng mas mahuhusay na solusyon para sa kawalan ng tirahan sa pamamagitan ng pagtataguyod para sa mga serbisyo ng komprehensibong suporta, mga hakbangin sa abot-kayang pabahay, at higit pang mga programang outreach na nakabatay sa komunidad. Masigasig ako sa pagpapabuti ng ating komunidad at gawin itong mas ligtas, sa pamamagitan ng pamumuhunan sa pag-iwas sa krimen at ang panukala ng isang epektibong dibisyon sa kalusugan ng isip ng ating kapulisan, na magbibigay ng propesyonal at mas makataong pagtugon sa mga tao sa mga krisis sa kalusugan ng isip. Higit pa rito, nakatuon ako sa paghahanap ng mga nadaramang solusyon para sa abot-kayang pabahay sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga hakbang sa pagkontrol sa upa, at pagbibigay-insentibo sa mga developer na unahin ang pagtatayo ng mga abot-kayang bahay. Sa inyong suporta, tiwala ako na magkakasama tayong makakabuo ng mas maliwanag, mas inklusibong hinaharap para sa Hawaii.



PANGALAN NG BALOTA:
**ROSS, Ian M.A.**
LEGAL NA PANGALAN:
**Ian M.A. Ross**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 23
rossforhawaii.com
info@rossforhawaii.com
(808) 652-3380

Aloha! Ipinanganak ako sa Honolulu, pinalaki ng isang solong ina, at naging aktibong miyembro ng komunidad mula noong 2012. Pagkatapos kong makumpleto ang aking economics degree sa University of Hawaiʻi, ipinagpatuloy ko ang mga karera bilang isang non-profit na organizer, legislative staffer, at tagapagtaguyod ng pampublikong kalusugan. Bilang Tagapangulo ng Lupon ng Kapitbahayan, naghatid ako ng mga resulta sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa ating mga pinuno ng lokal, estado, at pederal. Gusto kong gamitin ang aking karanasan at collaborative na diskarte sa pamumuno upang malutas ang mga problemang kinakaharap natin sa pamamagitan ng pakikinig sa ating mga kapitbahay at pag-una sa komunidad. Ang Distrito 23 ay ang puso ng Honolulu, at mahusay na kinakatawan ni Scott Nishimoto sa loob ng mahigit dalawang dekada. Tumatakbo ako para sa Kinatawan ng Estado upang ipagpatuloy ang kanyang mabuting gawain at tumuon sa pagbabawas ng kawalan ng tirahan, pagsuporta sa tunay na abot-kayang pabahay para sa mga lokal na residente, at pagpapanumbalik ng kaligtasan ng komunidad. Kung mahalal, ako ay magiging isang malakas na boses para sa distrito. Mapagkumbaba kong hinihingi ang inyong boto. rossforhawaii.com



PANGALAN NG BALOTA:
**ANDERSON, Jillian T.**
LEGAL NA PANGALAN:
**Jillian T. Anderson**

Republika Partido
Kinatawan ng Estado, Distrito 24
www.jillianforhawaii.com
jillianforhawaii@gmail.com

Jillian Anderson - ang pagpipiliang "talagang gawin natin ang mga bagay". Sa edad na tatlo ay lumipat ako sa Waikiki, nag-aral sa Sacred Hearts Academy mula sa K-12, at nagtapos ng summa cum laude sa UH Manoa matapos mag-aral ng tatlong disiplina sa negosyo (pinansya, marketing, at entrepreneurship) at kasaysayan. Sa loob lamang ng ilang maikling taon, maraming aspeto ng ating estado ang hindi na nakikilala. Ang mga gastos ay hindi na makayanan, ang kawalan ng tirahan ay laganap, ang krimen ay karaniwan, ang ating imprastraktura ay gumuguho, at ang kalidad ng buhay ay bumababa. Para sa tatlong sesyon ng lehislatibo, ako ay nasa trenches na nagtatrabaho para sa ating Kapulungan ng Estado (una bilang isang Legislative Analyst at sa kasalukuyan bilang Chief-of-Staff para sa House Minority Policy Leader) at kasama ako sa ating komunidad bilang isang miyembro ng ating Waikiki Neighborhood Lupon. Hindi na natin basta-basta lang titingnan ang ating napakaraming problemang lumalala – kailangan natin ng aksyon. Matuto pa tungkol sa kung ano ang gagawin ko sa: www.jillianforhawaii.com o @jillianforhawaii (Instagram).



PANGALAN NG BALOTA:
**TAM, Adrian**
LEGAL NA PANGALAN:
**Adrian K. Tam**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 24
adrianforhawaii.com
info@adrianforhawaii.com
(808) 388-8281

Adrian Tam ang pangalan ko. Ipinanganak at pinalaki rito sa Honolulu, isa akong taas-noong nakapagtapos sa Kalani High School. Nang makapagtapos ako mula sa Penn State, umuwi ako upang trabahuhin ang maliit na negosyo ng aking pamilya. Dahil sa inspirasyon ng aking komunidad at pagnanais na makakita ng positibong pagbabago, napunta ako sa serbisyo publiko sa Lehislatura ng Estado ng Hawaii. Pagkaraan ng ilang taon bilang isang kawani, pinarangalan akong mahalal bilang inyong Kinatawan ng Estado sa 2020 sa kasagsagan ng pandemya ng COVID-19. Simple lang ang aking misyon: pabutihin ang buhay para sa aking mga kapitbahay. Nangangahulugan ito ng pagtugon sa kaligtasan ng publiko, polusyon ng ingay, at gastos ng pamumuhay habang tinitiyak ang mahalagang pagpopondo para sa mahahalagang proyekto para sa ating kapitbahayan. Kabilang sa aking iba pang prayoridad ang mga kritikal na isyu na kinakaharap ng estado, tulad ng kawalan ng tirahan, pagkakaiba-iba ng ekonomiya, abot-kayang pabahay, at pagprotekta sa ating kapaligiran. Ikinararangal kong mapaglingkuran kayong muli, at mapagkumbaba kong hinihingi ang inyong boto.

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES



PANGALAN NG BALOTA:
**IWAMOTO, Kim Coco**
LEGAL NA PANGALAN:
**Kim Coco Iwamoto**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 25
kimcoco.com
kimcoco@kimcoco.com
(808) 664-3830

Nakapaglingkod na si KIM COCO IWAMOTO sa kanyang komunidad sa pamamagitan ng iba't ibang tungkulin: Managing Abogado ng Volunteer Legal Services Hawaii, lisensyadong therapeutic foster parent (ng McKinley High School student), Miyembro ng State Board of Education, Hawaii Civil Rights Commissioner, Chamber of Sustainable Commerce Co-Founder, at kasalukuyang naglilingkod bilang Treasurer ng Lupon ng Kapitbahayan ng Ala Moana–Kakaako. Sa nakaraang apat (4) na taon, nagbahay-bahay siya para pakinggan ang mga hinaing at alalahanin ng kanyang mga kapitbahay. Gusto nila ng mas ligtas na mga kalsada (na may mas maayos na ilaw trapiko at maliwanag na tawiran), mas abot-kayang pabahay para sa mga pamilya at nakatatanda, mas matatag na proteksiyon para sa mga may-ari ng condominium at sapat na kanlungan at social worker para matugunan ang krisis sa kawalan ng pabahay. Inirerekomenda ni IWAMOTO na bayaran ang mga solusyong ito sa pamamagitan ng pangongolekta ng patong na singil sa "mga bakanteng bahay" (bakanteng mga ari-arian ng pamumuhunan) at sa pamamagitan ng pagwawakas sa korapsyon na nagdadala ng pampublikong pera sa mga pribadong kamay. Si KIM COCO IWAMOTO ay nakatira sa Kakaako kasama ng anak niyang babae, si Rory, na ipinagmamalaking nag-aaral sa Queen Kaahumanu Elementary.



PANGALAN NG BALOTA:
**SAIKI, Scott K.**
LEGAL NA PANGALAN:
**Scott K. Saiki**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 25
scottsaikihawaii.com
contact@scottsaikihawaii.com
(808) 200-1436

Sa pakikipagtulungan sa aming team ng lehislatibo (Senador Sharon Moriwaki, Rep. Adrian Tam at Miyembro ng konseho Tyler Dos Santos Tam), nagsagawa kami ng aksyon sa mga isyu na mahalaga sa ating komunidad, partikular na ang kaligtasan ng pedestrian, gastos ng pamumuhay, at pabahay at kawalan ng tirahan. Ang paglutas ng mga problemang ito sa lumalaking mataas na komunidad ay hindi madali, ngunit nakagawa kami ng progreso. Gumagawa kami at nagpapahusay ng mga tawiran at mga red light camera para protektahan ang mga pedestrian. Kakaapruba lang namin sa pinakamalaking pagbawas ng buwis sa kita ng estado sa kasaysayan ng Hawaii. Nagbukas kami ng isang triage center ng Iwilei na gagamutin at aalagaan ang mga taong walang tirahan na may mga mental at pisikal na pangangailangan, at inaprubahan ang $64 na milyon para sa mga nonprofit na organisasyon para sa walang tirahan. Alam kong may mga patuloy na pangangailangan sa ating komunidad, at makikipagtulungan ako sa aming team upang mapabuti ang kalidad ng buhay para sa lahat. Mangyaring tingnan ang www.scottsaikihawaii.com para sa higit pang impormasyon.

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES



PANGALAN NG BALOTA:
**BELATTI, Della Au**
LEGAL NA PANGALAN:
**Della Au Belatti**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 26
www.dellabelatti.com
daubelatti@gmail.com
(808) 393-0594

Mahalo para sa malaking pribilehiyo ng paglilingkod sa mga komunidad ng Makiki, Tantalus, Papakōlea, at Punchbowl bilang kasalukuyang Kinatawan. Umaasa akong patuloy na dalhin ang mga pinahahalagahan ng Hawaii sa inklusyon, pagmamalasakit, pakikipagtulungan, pagkakapantay-pantay, at patas na pagtrato sa gawaing ito ng serbisyo publiko. Ang mataas na gastos ng pamumuhay ng Hawaii ay nananatili bilang nangungunang isyu para sa pamahalaan. Kailangan nating ipagpatuloy ang pagharap sa pinakamalalaking nagdudulot ng gastos: pabahay, pangangalaga sa kalusugan, at maagang pangangalaga sa bata. Nakatuon ako sa pagtiyak na ang mga pamumuhunan na ginawa sa pagtatayo ng abot-kayang pabahay ay aktwal na naghahatid ng abot-kayang pabahay para sa mga lokal na residente. Nakatuon din ako sa pagbuo ng mga de-kalidad na trabaho upang manatili rito ang ating mga anak o makabalik sa Hawai'i para sa mga trabahong may nakabubuhay na sahod sa mga sektor gaya ng pangangalaga sa kalusugan, teknolohiya at malikhaing ekonomiya, mga industriya ng enerhiya at kapaligiran, cyber-security, at construction. Pakisuyong makipag-ugnayan sa akin sa aking daubelatti@gmail.com. Umaasa akong makuha ang inyong boto bilang Kinatawan ng Estado ng Kapulungan ng Distrito 26!

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES



PANGALAN NG BALOTA:
**CHRISTIAN, Wallyn Kanoelani**
LEGAL NA PANGALAN:
**Wallyn K. Christian**

Republika Partido
Kinatawan ng Estado, Distrito 27
WallynForHawaii.com
Wallyn4Hawaii@gmail.com
(808) 450-4380

Aloha Mai Kākou. Ang pangalan ko ay Wallyn Kanoelani Christian, ipinanganak at lumaki sa isla ng O'ahu. Tumatakbo ako para sa Kapulungan ng Estado Distrito 27. Tumakbo ako para sa opisina noong 2022 para sa Senado ng US; bilang isang unang pagkakataon na kandidato, marami akong natutunan tungkol sa mga gawain ng pampulitikang pamahalaan. Aktibo akong nagpapatotoo sa ngalan ng mga tao sa loob ng antas ng estado at county ng Hawai'i. Naniniwala ako na maaari akong magkaroon ng mas malaking epekto para sa mga tao bilang isang inihalal na kinatawan. Naniniwala ako sa pangangalaga, paglilingkod at pagtulong sa mga tao ng Hawai'i. Pakitulungan ninyo akong mas mapaglingkuran ang mga tao sa pamamagitan ng pagboto sa akin, Wallyn Kanoelani Christian. Mahalo Nui Loa!



PANGALAN NG BALOTA:
**LIM, Margaret U.**
LEGAL NA PANGALAN:
**Margaret U. Lim**

Republika Partido
Kinatawan ng Estado, Distrito 27
www.lim4hawaii.com
margaret@lim4hawaii.com
(808) 551-4532

31 taon na akong may asawa, may 3 akong anak, at maayos na karera sa real estate. Isa akong may-ari ng bahay, negosyante, at investor. Ipinanganak at lumaki ako sa Pilipinas. Ang mga magulang ko ay pangalawang henerasyon na mga imigranteng Tsino. Natapos ako sa University of Hawaii, Manoa. Konektado ako sa ating mga lokal na simbahan at miyembro ng Honolulu Board of Realtors. Ang aking etika sa pagtatrabaho, kasipagan, determinasyon, at matibay na background sa pagpapatakbo ng negosyo ay magiging malaking tulong at ambag sa ating Estado. Kabilang sa mga pangunahing layunin ko ang pagprotekta at pagtataguyod sa kapakanan ng ating mga anak; pagpapababa ng krimen, ilegal na paggamit ng droga, burukratikong red tape, at hindi kinakailangang paggasta ng pera ng mga nagbabayad ng buwis; at pamamahala ng kawalan ng tirahan. Kabilang sa aking mga etika ang kalinawan, responsibilidad, at pananagutan. Tumatakbo ako para sa posisyon upang makatulong at makagawa ng pagbabago sa mga buhay ng mamamayan ng Hawaii. Mapagkumbaba kong hinihingi ang inyong suporta.



PANGALAN NG BALOTA:
**TAKENOUCHI, Jenna**
LEGAL NA PANGALAN:
**Jenna W.Y.C. Takenouchi**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 27
jennatakenouchi.com
jenna.takenouchi@gmail.com
(808) 368-7311

Nagsumikap ako nang husto upang lumikha ng bukas at tumutugon na komunikasyon sa mga kapitbahay upang pinakamahusay na kumatawan sa inyong mga interes sa Lehislatura at tumulong sa mga pangangailangan ng komunidad. Nakatuon ako sa pagpapatuloy ng madalas na mail, email, at phone correspondence gayundin sa mga pagpupulong ng komunidad at pag-iisponsor ng mga bayarin sa mga residente upang bigyan ng boses ang inyong mga prayoridad. Bilang Pangalawang Tagapangulo ng Komite sa Kalusugan at Kawalang-tirahan, tumuon ako sa mga kakulangan sa medikal na manggagawa, pagpapalawak ng mga programa sa kalusugan ng isip at pag-abuso sa droga, mga serbisyo sa walang tirahan batay sa pangmatagalang mga tuluy-tuloy na pagbabago ng pangangalaga, at mga opsyon sa pangmatagalang pangangalaga upang matulungan ang mga kupuna na tumanda sa lugar. Marami pang gawaing kailangang tapusin sa mga isyung ito kasama ang mga alalahanin ng komunidad tungkol sa krimen, gastos ng pamumuhay, pabahay, at pagpreserba sa katangian at kalidad ng ating mga kapitbahayan na patuloy kong tutugunan kung muling mahahalal. Isang pribilehiyo na kumatawan sa distritong ito at mapagkumbaba kong hinihinging muli ang inyong suporta. Salamat sa inyong pagsasaalang-alang.

HAWAII VOTES



PANGALAN NG BALOTA:
**CARAVALHO, Ernest**
LEGAL NA PANGALAN:
**Ernest D.K. Caravalho**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 28
www.ernestforhawaii.com
friendsofernestcaravalho@outlook.com
(808) 371-3840

Bilang kandidato para sa State House District 28, prayoridad kong tugunan ang krimen bilang pangunahing problema ng ating komunidad. Determinado akong magpatupad ng mabisang diskarte upang mapigilan ang mga krimen habang sinusuportahan ang mga repormang magtataguyod ng pagiging patas at rehabilitasyon sa loob ng ating criminal justice system. Kaakibat ng pagharap sa kawalan ng tirahan ang pagharap sa mga sanhi nito tulad ng adiksyon na may komprehensibong serbisyong pansuporta. Gagawin ko ring prayoridad ang edukasyon, at itataguyod ko ang patas na access at mahihingan ng tulong para sa lahat ng mag-aaral. Determinado rin akong paramihin ang mga opsyon sa abot-kayang pabahay, upang matiyak na may ligtas na mauuwian ang bawat isa. Sama-sama tayong bumuo ng kinabukasan kung saan pwedeng umunlad ang bawat indibidwal, at mas matatag at ligtas ang ating mga komunidad para sa ating lahat.



PANGALAN NG BALOTA:
**HOLT, Daniel**
LEGAL NA PANGALAN:
**Daniel Holt**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 28
theholthui@gmail.com
(802) 222-0055

Aloha. Bilang produkto ng distritong ito at isang taong lubos na nagmamalasakit sa kinabukasan ng ating urban core dito sa Honolulu, naghahangad akong muling mahalal upang patuloy na tulungan at alalayan ang mga nasasakupan ng Distrito 28 bilang kanilang lingkod bayan. Kamakailan ay naipasa natin ang pinakamalaking bawas sa buwis sa kasaysayan ng estado ngunit marami pang dapat gawin lalo na sa mga lugar ng kaligtasan ng publiko at reporma sa edukasyon sa ating mga pampublikong paaralan. Naniniwala ako na mahalaga na manatiling konektado sa ating komunidad at nagkaroon ako ng magandang pagkakataon sa nakalipas na ilang taon na magtrabaho bilang isang Community Outreach specialist sa Palama Settlement kung saan ako ay tunay na nakikibahagi sa ating mga keiki na higit na nangangailangan sa pang-araw-araw. Tunay na isang karangalan at pribilehiyo na kumatawan sa aking komunidad sa lehislatura at mapagkumbabang humingi ng inyong suporta.

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES



PANGALAN NG BALOTA:
**HUSSEY, Ikaika Lardizabal**
LEGAL NA PANGALAN:
**Ikaika M.L. Hussey**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 29
ikaika.house
ikaikahussey@gmail.com
(808) 221-2843

LAYUNIN: Upang matiyak ang isang maunlad na kinabukasan para sa ating komunidad at sa buong Hawaiʻi sa pamamagitan ng maprinsipyong pamumuno. PAMILYA: - Pamilya Lardizabal (side ng ina) mula sa Tagudin, Ilocos Sur - Pamilya Hussey (side ng ama) mula sa Kohala, Hawaii Island - Asawa at tatlong anak TRABAHO: - Developer ng mga solar project na pagmamay-ari ng komunidad at teknolohiya sa pagbabago ng klima - Dati: Lehislatura ng Estado ng Hawaii; UNITE HERE Local 5 MGA LUPON NG NON-PROFIT: - Domestic Violence Action Center (Ingat-Yaman) - Hanahau'oli School - Hawaii Housing Development Corporation - HAPA - Kalihi Valley Neighborhood Board - Aina Aloha Economic Futures (Ingat-Yaman) EDUKASYON: - MA, Political Science (UH Manoa) - BA, Peace & Futures Studies (UH Manoa) MGA HILIG: - Musikero - Nag-aaral ng mga bagong bagay-bagay (partikular na ang siyensya) MAHAHALAGANG ISYU: - Pagwawakas sa katiwalian - Pagtugon sa mga ugat ng kawalan ng tirahan at kawalan ng katiyakan sa pabahay - Pamamahala sa paradahan, mga kalsada, kaligtasan ng pedestrian - Krimen at kaligtasan - Wastong paglalaan ng badyet ng estado



PANGALAN NG BALOTA:
**KAAPU, Carole Kauhiwai**
LEGAL NA PANGALAN:
**Carole Kauhiwai Kaapu**

Republika Partido
Kinatawan ng Estado, Distrito 29
CaroleKaapu.org
Carole.Kaapu@gmail.com
(805) 628-2822

Tumatakbo ako para sa katungkulan dahil: Isa akong lingkod-bayan at ang pangangalaga sa ating komunidad ang naging tawag ng Panginoon na gawin ko. Ang mga pagpapahalagang maka-Diyos ay hindi na nakikita sa ating pamahalaan at pamunuan. Nawawala na ang mga pangunahing bagay tulad ng, huwag magsinungaling, huwag mandaya, huwag magnakaw, at huwag pumatay. Sa huling dekada, nagtatrabaho ako sa Lehislatura, naglilingkod sa ating komunidad at Estado, at hindi ko nakikitang bumubuti ang mga bagay. Nag-aalisan ang mga tao, nagsasara ang mga negosyo, hindi makontrol ang krimen, at naghihirap ang ating komunidad. Lumaki ako sa komunidad na ito, sa Ma'ema'e Elementary, sa Kamehameha Intermediate at High. Nagtrabaho sa New Hope, sa State Capitol, sa Kamehameha Schools Preschool, at sa Kalihi Union Church. Naglingkod sa Neighborhood Board, at Lanakila Multi-Purpose Senior Center Board sa loob ng mahigit isang dekada. Mahal ko ang aking komunidad, isang karangalan na katawanin kayo, pakiboto si Kaapu, Carole Kauhiwai.



PANGALAN NG BALOTA:
**MIZUNO, May Besario**
LEGAL NA PANGALAN:
**Joje May Besario Mizuno**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 29
Mayforkalihivalley@yahoo.com
(808) 741-4503

Nagtrabaho ako para sa pagpapahusay ng distrito 29 sa nakalipas na 18 taon. Ako ay nagpapasalamat na Makapaglingkod sa aking Distrito at sa buong Estado ng Hawaii. Isang buwan lang ang nakalipas, sa pakikipagtulungan sa Gobernador at sa parehong Kapulungan, naipasa namin ang pinakamalaking pagbabawas sa buwis sa Kasaysayan ng Estado. Lagi akong lalaban para mapababa ang gastos para sa mga tao.

HAWAII VOTES




PANGALAN NG BALOTA:
**AZINGA, P. M.**
LEGAL NA PANGALAN:
**P. M. Azinga**

Republika Partido
Kinatawan ng Estado, Distrito 30
azinga-district30.godaddysites.com
nzhinza@gmail.com
(808) 202-1341

Walang Isinumiteng Pahayag



PANGALAN NG BALOTA:
**GANADEN, Ernesto M. (Sonny)**
LEGAL NA PANGALAN:
**Ernesto S.M. Ganaden**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 30
sonnyganaden@gmail.com
(808) 294-9949

Bilang miyembro ng Lehislatura ng Estado ng Hawai'i, nagsusumikap si Sonny Ganaden para sa mamamayan ng Distrito 30 sa Kalihi at Hickam sa pamamagitan ng paggamit sa kanyang karanasan bilang abogado, mamamahayag, at guro. Ang kanyang pamilya ay may lahing Filipino at Mexican. Nasa posisyon na siya mula 2020, at naging pinuno na siya sa pagbubuo ng bagong batas na nagpoprotekta sa kapaligiran, sumusuporta sa sahod at benepisyo ng mga pamilyang nagtatrabaho, nagpapaunlad ng pabahay, nagpopondo sa imprastruktura at transportasyon, nagtitiyak ng patas na sistemang panghustisya, at kinikilala at nagkakaisa nating demokrasya. Umaasa siyang maipagpapatuloy ang ganitong anyo ng paglilingkod sa ngalan ng Distrito 30 at ng estado.



PANGALAN NG BALOTA:
**TEMPLO, Shirley Ann Labadan**
LEGAL NA PANGALAN:
**Shirley Ann Labadan Templo**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 30
shirleytemplo.com
shirley@shirleytemplo.com
(808) 748-9990

Si Shirley ay isang lingkod-publiko na may isang dekada ng karanasan sa paglilingkod. Naglingkod siya ng pitong taon sa Lungsod at Probinsiya ng Honolulu, sa Lehislatura ng Konseho ng Lungsod habang naglulutas ng mga pampublikong usapin, nangunguna sa mga proyektong pangkomunidad, at pagbabantay sa lehislasyon ng lungsod. Pagkatapos ay pumasok si Shirley sa pagnenegosyo upang makatulong sa mga lokal na negosyo noong panahon ng pandemyang COVID-19. Kasama ng kasosyo niya, itinayo nila ang 'Ilima Marketing, isang ahensya ng digital marketing na partikular na tumutulong sa mga mom-and-pop shop. Pinalawig ni Shirley ang kanyang karera sa pamahalaan sa pamamagitan ng paglilingkod nang dalawang magkasunod na sesyon sa Hawaii State Legislature habang nagsusuri, nagpoproseso, at bumubuo ng mga panukala at resolusyon sa lehislatura. Si Shirley ay isang determinado at seryosong lingkod-publiko na nagboboluntaryo para maiangat ang iba't ibang komunidad. Siya ay nasa Kalihi-Palama Neighborhood Board, Farrington High School-School Community Council, at siya ang Chair-Woman ng Partido Demokratiko House District 30 Council. Siya rin ang kapwa nagtatag ng Keeping Up With Kalihi, isang online na grupong nakatuon sa pagbibigay ng kapangyarihan sa Kalihi.

HAWAII VOTES



PANGALAN NG BALOTA:
**EMOSI, Faifaiese, Jr.**
LEGAL NA PANGALAN:
**Faifaiese Emosi Jr.**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 31
aritana84@yahoo.com
(808) 563-0269

Ako ay residente ng distritong ito sa loob ng halos isang dekada at pakiramdam ko ay makakapagdala ako ng balanse sa kapulungan at isang sariwang pananaw sa lehislatura. May kanya-kanyang tayong pananagutan sa ating komunidad bilang mga residente at naniniwala ako na tungkulin kong suklian ng tulong ang komunidad at ito ang paraan. Kung pipiliin, labis akong nasasabik na makapagtrabaho at tumulong na gawing mas mahusay at mas malakas ang ating komunidad kaysa dati. Mahalo!



PANGALAN NG BALOTA:
**ICHIYAMA, Linda**
LEGAL NA PANGALAN:
**Linda E.I. Chong**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 31
www.lindaichiyama.com
Lindaichiyama@gmail.com
(808) 392-4547

Aloha! Ang pangalan ko ay Linda Ichiyama at isang karangalan na maglingkod bilang inyong Kinatawan ng Estado simula pa noong 2010. Ipinanganak at lumaki ako sa Salt Lake at ipinagmamalaki kong tawagin itong tahanan. Nagtapos ako sa Salt Lake Elementary School, Moanalua Middle School, Moanalua High School, pagkatapos ay nagpatuloy sa Georgetown University at UH Manoa William S. Richardson School of Law. Mahigpit akong nakikipagtulungan sa ating mga mambabatas sa lugar upang mapabuti ang ating mga paaralan, tulad ng bagong MoHS Performing Arts Center at baseball/softball field. Mapagpakumbaba kong hinihiling ang inyong boto para sa halalan ng 2024 na ito. Mangyaring huwag mag-atubiling makipag-ugnayan sa akin sa repichiyama@gmail.com kung mayroon kayong anumang katanungan o mga alalahanin.



PANGALAN NG BALOTA:
**VALDEZ, Nancy A.**
LEGAL NA PANGALAN:
**Nancy A. Valdez**

Republika Partido
Kinatawan ng Estado, Distrito 31
nancyavaldez@yahoo.com
(808) 489-3128

Aloha, ako si Nancy Valdez. Ako ay 55 at nakatira sa lugar ng Moanalua/Salt Lake, Distrito 31. Bilang isang kandidato para sa puwesto ng Kapulungan ng Kinatawan ng Hawai'i sa Distrito 31, nangangako akong maging isang mapagkakatiwalaan at maaasahang tagapagtaguyod para sa ating komunidad. Ang aking misyon ay makinig at tugunan ang mga alalahanin ng mga miyembro ng komunidad nang may kalinawan at pananagutan. Karapat-dapat ang ating komunidad sa isang pinuno na magsasagawa ng agarang aksyon upang tugunan ang mga isyu, tutugon sa mga reklamo, magsusulong ng kaligtasan, tatanggap ng mga bagong ideya at diskarte upang mapabuti ang kapakanan at kalidad ng buhay ng ating komunidad. Mahalo, Nancy Valdez

HAWAII VOTES



PANGALAN NG BALOTA:
**AIU, Micah Pookela Kim**
LEGAL NA PANGALAN:
**Micah Pookela Kim Aiu**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 32
micahaiu.com
vote@micahaiu.com
(808) 429-9335

Aloha. Kumakandidato ako para sa muling maihalal sa Kapulungan ng mga Kinatawan ng Estado upang patuloy na kumatawan sa mga residente ng Distrito 32. Sa buong buhay ko, sa loob ng 35 maikling taon, nakita ko ang aking ina, si Senadora Donna Mercado Kim, na gumawa ng isang positibong epekto, na ginagawang mas magandang lugar ang Hawaii para matirhan ko. Panahon na para sa aking henerasyon na kumilos. Buong buhay akong nanirahan sa Moanalua. Ang ating komunidad ay karapat-dapat sa pamumunong mula sa komunidad na tapat, malinaw, at may pananagutan. Magtatrabaho ako nang walang kapaguran upang bumuo ng tiwala sa mga taong pinaglilingkuran ko at upang matiyak na maririnig ang kanilang mga boses sa bawat desisyon na gagawin ko. Ako ay magiging isang malakas, mabisang boses, nagtataguyod para sa mga patakarang may katuturan, at tinitiyak na ang ating pamahalaan ay maglilingkod sa mga tao, na umaasa sa aking 8 taong karanasan bilang isang abogado. Ikinararangal kong maglingkod at salamat sa iyong pagsasaalang-alang at pagboto.



PANGALAN NG BALOTA:
**SHIMIZU, Garner Musashi**
LEGAL NA PANGALAN:
**Garner M. Shimizu**

Republika Partido
Kinatawan ng Estado, Distrito 32
voteshimizu.com
voteshimizu@gmail.com

Aloha mga Kaibigan, dahil sa malalim na panawagan na pagsilbihan ang ating komunidad, nasasabik akong ipahayag ang aking kandidatura para sa halalan ng 2024. Noong 2022, 246 na boto na lang ang layo natin sa isang makabuluhang pagbabago, sa kabila ng huling pagsisimula. Ipinapakita nito ang hindi kapani-paniwalang potensyal na mayroon tayo nang magkakasama. Ngayon, higit kailanman, kailangan natin ng integridad at pamumuno sa ating pamahalaan. Nakatuon ako sa paggawa ng isang positibong epekto hindi lamang ngayon, ngunit para sa mga susunod na henerasyon. Ako ay isang lider ng negosyo, komunidad at simbahan na may mahigit 30 taong karanasan. Sa pamamagitan ng pamamahala sa isang negosyo ng pamilya at paghawak ng mga nahalal na posisyon bilang Presidente ng Moanalua Valley Community Association at ng Sheet Metal Contractors Association, nakakuha ako ng mahahalagang kasanayan na kailangan upang maglingkod at gumawa ng mga desisyon na magbibigay-pakinabang sa iba. Mapagkumbaba kong hinihingi ang inyong patuloy na pagtitiwala, suporta, at mga panalangin. Mababago natin ang takbo ng ating kapalaran, ngunit hindi ko ito magagawa kung wala ang inyong boto. Mahalo, Garner Shimizu

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES



PANGALAN NG BALOTA:
**KONG, Sam Satoru**
LEGAL NA PANGALAN:
**Samuel S. Kong**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 33
samkong@hawaii.rr.com
(808) 699-0222

Aloha! Ako ang inyong Kinatawan ng Estado, Sam Kong, at talagang ikinararangal kong pagsilbihan ang ating Hālawa, 'Aiea, at Waimalu 'ohana. Mula nang ihalal ninyo ako noong 2014, ganap na akong nakatuon sa pagpapahusay ng ating distrito at sa dakilang Estado ng Hawai'i. Nakatuon ako sa mga pangunahing isyu: pagpapahusay sa ating sistema ng edukasyon, pagharap sa kawalan ng tirahan, pagtugon sa kaligtasan sa trapiko, at pagsuporta sa ating mga lokal na negosyo. Ang mga prayoridad na ito ay mahalaga para sa pagpapalakas ng ating komunidad at pagtiyak ng isang maunlad na kinabukasan para sa lahat. Nakatuon ako sa pagpapatuloy ng trabaho ko sa mga isyung ito, na epektibong kumakatawan sa inyong mga interes at pangangailangan. Ang inyong suporta ay nagpapahintulot sa akin na lubos na magsulong para sa ating komunidad. Ako ay buong kababaang-loob na humihingi ng inyong boto upang ako ay mahalal muli, si Sam Kong, upang ako ay patuloy na lumaban para sa ating distrito. Sama-sama, mabubuo natin ang mas magandang kinabukasan para sa 'Aiea. Salamat sa tiwala at suporta. Patuloy tayong sumulong. Sam Kong, People Strong!

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES



PANGALAN NG BALOTA:
**DUPIO, Gaius, II**
LEGAL NA PANGALAN:
**Gaius K. Dupio II**

Republika Partido
Kinatawan ng Estado, Distrito 34
gpearlcity@gmail.com
(808) 343-7314

Hello ako si Gaius, maaari ninyo akong tawaging Kipi. Nakatira ako sa pearl city, pacific palisades. Naiisip ninyo siguro, bakit ninyo ako iboboto? Ano ba ang maiaambag ko? Anu-anong pagbabago ang maihahatid ko? Ano ba ang alam ko? Napakagagandang tanong ng mga ito, pero hindi ko masasagot iyon sa 150 salitang pwedeng ilagay sa espasyong ito. Ang masasabi ko lang, hindi ko gusto ang ginagawa ng ating mga politiko, pinuno sa gobyerno at mga taong nanunungkulan sa ating tahanan, sa ating mga komunidad. Ang pagboto ninyo para sa akin ay nangangahulugang tinatanggap ninyo ako para magtrabaho para sa inyo. Kabilang ako sa komunidad na ito. Makikita ninyo akong naglalakad, sumasakay ng bus, at ibig sabihin, maaari ninyong personal na ipaliwanag ang inyong pangangailangan at kagustuhan sa akin. Ang tunay na boses ng masa. Salamat po



PANGALAN NG BALOTA:
**TAKAYAMA, Gregg**
LEGAL NA PANGALAN:
**Gregg Takayama**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 34
greggtakayama.com
greggtakayama@hawaii.rr.com
(808) 382-3212

Nagsilbi si Gregg Takayama sa Kapulungan ng Estado sa loob ng 12 taon, pagkatapos ng karera bilang isang award-winning na mamamahayag at direktor ng komunikasyon para sa yumaong Senador ng U.S. na si Dan Inouye at UH-Manoa. Kasama sa mga nagawa niyang pambatasan ang pag-akda ng mga batas para sa tulong ng Estado sa mga tagapag-alaga ng pamilya (ang una sa bansa), paglikha ng komisyon sa pangangasiwa ng mga pagwawasto upang mapabuti ang mga bilangguan at kulungan, at pagpigil sa mga ilegal na paputok sa himpapawid sa pamamagitan ng isang task force ng Estado. Nakakuha si Gregg ng mahigit sa $60 milyon para sa mga pagpapahusay sa mga paaralan sa Lungsod ng Pearl para sa mga bagong silid-aralan, modernong teknolohiya sa edukasyon at air-conditioning. Itinataguyod ng Asosasyon ng Mga Guro ng Estado ng Hawaii ang kaniyang muling pagtakbo. Tinulungan niyang madagdagan ang pagpopondo ng Estado para sa mga senior na programa na nagbibigay-daan sa mahihinang matatanda na mamuhay nang ligtas sa tahanan, na may mga inihahatid na pagkain, mga serbisyo sa pangangalaga sa tahanan at transportasyon. Pinarangalan si Gregg ng AARP ng nangungunang Capitol Caregiver Award nito at ng Alzheimer's Association para sa pagtulong sa mga dumaranas ng demensya.

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES



PANGALAN NG BALOTA:
**BONIFACIO, Domineque E.P.**
LEGAL NA PANGALAN:
**Domineque Eujenio Po'okelamaikalani Bonifacio**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 35
bonifaciodomineque@gmail.com
(808) 594-7095

Tumatakbo ako para sa Distrito 35 na may layuning mapabuti ang kapaligiran ng ating komunidad. Kabilang dito ang mas maliwanag na pailaw na ginagawang mas ligtas ang ating mga kalye para sa ating mga anak, kupuna, at indibidwal na nagtatrabaho; sa mga madaling umaga at mga gabi. Nais ko ring isulong ang ating komunidad. Ibig kong sabihin, oras na para sa bagong pamumuno, bagong ideya, bagong pangako. Tayo ay nasa isang oportunistikong panahon kung saan dapat tayong umangkop sa isang umuusbong na hinaharap. Ang pagsusulong sa ating komunidad ay lubusang pagsusulong sa Hawai'i, habang hinuhubog ang ating mga nakababatang henerasyon na maging motibado na gumawa ng pagbabago dito sa ating tahanan. Maaaring ako ay isang bata, hindi pa gaanong matatag, hilaw pa sa pulitika sa lahi na ito. Ngunit, naniniwala ako na hindi lahat nakabatay sa karanasan. Masigasig akong magtatrabaho araw at gabi, mahigpit na makikipagtulungan sa ating mga pinuno ng komunidad, habang nakikinig sa ating pinakamahahalagang tinig, kayo. Magsimula tayo, nang sama-sama.



PANGALAN NG BALOTA:
**CHUN, Cory M.**
LEGAL NA PANGALAN:
**Cory M.C.W. Chun**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 35
electcorychun.com
electcorychun@gmail.com
(808) 781-0308

Aloha! Ang pangalan ko ay Cory Chun at ako ay tumatakbo upang patuloy na kumatawan sa Distrito 35 sa Kapulungan ng mga Kinatawan. Bago ako mahalal sa aking unang termino noong 2022, nagsilbi akong Senior Advisor sa Konseho ng Lungsod ng Honolulu at bilang Direktor sa American Cancer Society Cancer Action Network. Naglingkod din ako sa Waipahū Neighborhood Board mula 2007 hanggang 2022 at hinawakan ang mga tungkulin bilang Pangalawang Tagapangulo at Tagapangulo. Kasalukuyan akong nagsisilbi bilang Pangalawang Tagapangulo ng House Committee on Corrections, Military, and Veterans, isang miyembro ng Water and Land and Finance Committee, at co-convener ng Legislative Kūpuna Caucus. Kung muling mahahalal, nais kong magpatuloy sa paggawa ng mga makabuluhang pagbabago upang makinabang ang ating mga komunidad at estado kabilang ang pagpapataas ng mga hakbangin sa kaligtasan ng publiko, pagpapanumbalik at pagpapalawak ng ating nalulumang imprastraktura, pagtulong sa ating kūpuna, at pagtugon sa mataas na gastos ng pamumuhay sa Hawai'i. Mahalo sa inyong suporta.



PANGALAN NG BALOTA:
**RAHMAN PERREIRA, Ikeda**
LEGAL NA PANGALAN:
**Inam Rahman Perreira**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 35
inamr01@gmail.com
(808) 398-2753

Aloha! Isa akong Medikal na Doktor, Pharmacist, Maliit na Negosyante at lingkod ng komunidad. Nagmula ako sa mababa at mapagkumbaba kong hinihingi ang inyong suporta. Pursigido akong tulungan ang ating Ohana sa maraming larangan lalo na sa Kawalan ng Tirahan, Sakit sa pag-iisip, Access sa murang gamot, Pagkain, Damit at Pabahay, Mas maayos na edukasyon para sa mga bata, Mas maayos na ekonomiya at kalinawan. Mahalo (salamat), Ikeda Rahman Perreira

HAWAII VOTES



PANGALAN NG BALOTA:
**LAMOSAO, Rachele F.**
LEGAL NA PANGALAN:
**Rachele Lamosao Cadiz**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 36
rachelelamosao.com
votelamosao@gmail.com
(808) 292-3208

Aloha, ako si Rachele Lamosao, at ako ay naghahangad na muling mahalal upang kumatawan sa Kapulungan ng Estado Distrito 36, na sumasaklaw sa bahagi ng Waipahū. Pinalaki ng mga masisipag na Pilipinong imigrante sa Waipahū, nakatuon ako sa pagpapabuti ng buhay sa Hawaiʻi. Bago ang pagkakahalal sa akin, nagsilbi ako bilang isang Tagapamahala ng Opisina sa Lehislatura at bilang Direktor ng Komunikasyon para sa Hawaiʻi Farm Bureau. Naglingkod din ako sa Neighborhood Board mula 2015 hanggang 2022. Bilang Pangalawang Tagapangulo ng House Economic Development Committee, pinaghusay ko ang mga hakbangin na nagbibigay-pakinabang sa mga nagtatrabahong pamilya, tulad ng mga pagtaas sa Earned Income Tax Credit, Food Excise Tax Credit, at Childcare Tax Credit. Nagtrabaho din ako sa pagbabawas ng mga buwis sa kita, pagtaas ng mga pagbabayad para sa mga tahanan ng pangangalaga na nakabatay sa komunidad, at pagtugon sa panahon ng kahirapan sa ating estado. Kung muling mahahalal, nangangako akong patuloy na magsusulong ng mga positibong pagbabago na sumusuporta sa ating komunidad at mga nagtatrabahong pamilya. Mahalo sa inyong suporta.

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES



PANGALAN NG BALOTA:
**INOUYE, Ken**
LEGAL NA PANGALAN:
**Daniel Ken Inouye Jr.**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 37
friendsofkeninouye.com
friendsofkeninouye@gmail.com
(808) 347-9198

Lumaki sa isang pamilya na nakatuon sa paglilingkod sa Hawaii, pinalaki ako para mamuhay ayon sa lokal na pagpapahalaga ng pagsusumikap, integridad, paggalang, pagiging kasama, katapatan, komunidad, at pamilya, mula sa mga magulang ko, ang yumaong Senador na si Dan at si Maggie Inouye. Bilang magulang, nag-aalala ako sa kaligtasan ng ating komunidad, mga hamon sa ekonomiya, at kapakanan ng ating mga susunod na henerasyon. Hindi kaya ng Hawaii na mawala ang ating mga lokal na pamilya para sa mas magandang pagkakataon sa ibang lugar. Sa tuwing aalis ang ating anak sa ating mga isla, nawawalan tayo ng pangako sa kinabukasan ng ating komunidad. Kapag umalis ang ating mga lolo sa Hawaii, nawawala ang ating pinagmulan, at ang ating pinagsasaluhang kasaysayan. Nakatuon ako sa ating komunidad at lalaban upang magdala ng mga oportunidad sa ating estado para sa isang mas maliwanag na kinabukasan. Sa tulong ng inyong boto at suporta, ako ay magsisikap nang walang pagod upang matiyak na ang Central O'ahu ay mananatili at magpapatuloy na maging isang ligtas at kanais-nais na lugar na ipinagmamalaki nating tinatawag na tahanan.



PANGALAN NG BALOTA:
**KAAUMOANA, Taylor**
LEGAL NA PANGALAN:
**Taylor K. Kaaumoana**

Republika Partido
Kinatawan ng Estado, Distrito 37
votetaylork.com
votetaylork@gmail.com
(808) 342-9160

Ano ang pananaw mo? Anu-ano ang iyong mga pag-asa at pangarap para sa Hawaii? Anu-ano ang mga pananaw ng ating mga anak? Anu-ano ang iyong mga pag-asa at pangarap para sa ating Keiki ng Hawaii? Ang kaalaman ay susi at ang inilapat na kaalaman ay nagbubukas ng mga pintuan sa mga pagpipiliang pono sa Aloha Hawaii.



PANGALAN NG BALOTA:
**LA CHICA, Trish**
LEGAL NA PANGALAN:
**Mae Patricia Q. La Chica**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 37
www.trishlachica.com
hello@trishlachica.com
(808) 799-4620

Aloha, Bilang Kinatawan ng Estado para sa Distrito 37, nagsumikap ako upang matiyak na ang mga residente sa ating komunidad ay nakadarama na pinakikinggan, pinahahalagahan, at sinusuportahan. Sa nakalipas na dalawang taon, pinahusay natin ang kaligtasan ng kapitbahayan, ibinalik ang mga serbisyo ng bus ng paaralan, muling binuksan ang Mililani hockey rink, nalinis ang Kipapa gulch homeless encampment, at pinrotektahan ang ating keiki mula sa mga pinsala ng mga e-cigarette. Ngunit marami pang dapat gawin. Tatakbo ako para sa pangalawang termino sa 2024 para ipagpatuloy ang pakikipaglaban para sa mga isyung pinakamahahalaga. Ang mga patakarang patuloy kong paghuhusayin ay tutuon sa pagbibigay-prayoridad sa kaligtasan ng publiko, pagtugon sa pagiging abot-kaya ng pabahay at gastos ng pamumuhay, pamumuhunan sa ating mga paaralan, pagsuporta sa mga lokal na negosyo, at pagtitiyak ng mas mahusay na pangangalagang pangkalusugan at access sa transportasyon para sa ating komunidad. Bilang isang ina na nagpapalaki sa aking mga anak sa ating distrito, nakatuon ako sa pagtiyak na ang ating komunidad ay nananatiling pinakamagandang lugar upang matirhan at palakihin ang ating mga pamilya. Sama-sama, makakagawa tayo ng tunay na pagbabago. Naglilingkod, Trish

HAWAII VOTES



PANGALAN NG BALOTA:
**CHEAPE MATSUMOTO, Lauren**
LEGAL NA PANGALAN:
**Lauren K. Matsumoto**

Republika Partido
Kinatawan ng Estado, Distrito 38
laurenforhawaii.com
lauren@laurenforhawaii.com
(808) 358-7816

Naging karangalan para sa akin ang maglingkod sa Mililani bilang inyong kinatawan nitong nakalipas na 12 taon. Dito na ako ipinanganak at lumaki. Dito na rin kami namumuhay ng aking pamilya. Ang komunidad na ito ay aking puso't tahanan. Ipinagmamalaki kong nag-aral ako sa mga paaralan ng Mililani at nakakuha ako ng Bachelors mula sa University of Hawai'i, Masters mula sa Hawai'i Pacific University at Doctorate mula sa Argosy University. Dahil sa aking edukasyon at karanasan sa lehislatura, mabisa kong maikakatawan ang ating distrito. Mula noong maihalal ako noong 2012, sinikap ko nang magkaroon ng karanasang kinakailangan upang mapaglingkuran kayo at maging mabisang kinatawan sa lehislatura. Unang prayoridad ko pa rin ang bukas na pakikipagkomunikasyon sa inyo, upang matiyak na maririnig ang inyong mga boses sa pagbubuo ng polisiya kaugnay ng mahahalagang usapin tulad ng mataas na gastos sa pamumuhay, pabahay, kawalan ng tirahan, krimen at kalinawan ng pamahalaan. Gayunpaman, ang aking determinasyon at koneksiyon sa Mililani ang aking tunay na kwalipikasyon, at ikararangal kong mapaglingkuran kayo ulit.



PANGALAN NG BALOTA:
**OZAWA, Alexander Kekuanao'a**
LEGAL NA PANGALAN:
**Alexander Mori Kekuanaoa Ozawa**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 38
alexozawa.com
alexozawa@gmail.com
(808) 554-1772

Ang Mililani ang pinakamagandang bayan sa Hawaii. Naging isa itong ligtas na kanlungan para sa tatlong henerasyon ng aking pamilya, at nakatuon ako sa pagtiyak na maaari itong magsulong at magbigay ng inspirasyon sa maraming henerasyong darating. Matutugunan natin ang gastos ng krisis sa pamumuhay sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga mapagkukunan para sa pabahay, pagkain at agrikultura, edukasyon, at transportasyon. Nangangailangan ang Mililani ng representasyon na tututuon sa pagkakaiba-iba, pagkakapantay-pantay, at pagsasama para sa lahat ng ating mga mamamayan. Ang organisadong paggawa, nakabubuhay na sahod, pangkalahatang pangangalagang pangkalusugan, mga karapatan ng kababaihan, at pagtiyak ng ligtas at nakakaengganyong kapaligiran para sa mga tao sa lahat ng kulay at pananampalataya ay mahalaga para sa isang masigla at umuunlad na demokrasya. Sa inyong suporta, magiging isa akong collaborative, accessible, transparent, at isang epektibong Mambabatas na kumakatawan sa inyo sa Kapitolyo ng Esatado ng Hawaiʻi.

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES



PANGALAN NG BALOTA:
**GARCIA, Reginald Kawena**
LEGAL NA PANGALAN:
**Reginald J.K.M. Garcia Jr.**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 39
www.friendsofreginaldgarcia.org
regforlege@gmail.com
(808) 490-2037

Tumatakbo ako para sa Puwesto sa Kapulungan ng Distrito 39, na may isang pananaw na pasiglahin ang patuloy na pag-unlad ng ekonomiya, lumikha ng mga makabuluhang trabaho, at bumuo ng ligtas, malinis, at matatag na komunidad kung saan maaaring umunlad ang ating mga pamilya. Nakaangkla ang aking kampanya sa paniniwala na dapat nating harapin ang mga hamong ito nang direkta upang matiyak ang isang kinabukasan kung saan ang bawat residente ay maaaring umunlad. Nangangahulugan ito ng pagtataguyod para sa mga patakarang nag-uudyok sa paglikha ng trabaho, partikular sa mga sektor na maaaring magbigay ng pangmatagalang katatagan at paglago. Higit pa rito, nakatuon ako sa pagpapaunlad ng mga komunidad na hindi lamang masigla sa ekonomiya kundi ligtas at matatag rin. Kabilang dito ang pagpursige para sa mga solusyon sa abot-kayang pabahay at patas na mga regulasyon na sumusuporta, sa halip na humahadlang, sa pagbabago at paglago ng negosyo. Sa pamamagitan ng pagtugon sa mga ugat ng ating mga pakikibaka sa ekonomiya, maaari nating ihinto ang pag-alis ng ating mga tao at mapanatiling magkakasama ang mga pamilya, na umunlad sa isang Hawaii na nagpaparangal sa nakaraan nito habang tinatanggap ang isang napapanatili at maunlad na kinabukasan.



PANGALAN NG BALOTA:
**PIERICK, Elijah**
LEGAL NA PANGALAN:
**Elijah I. Pierick**

Republika Partido
Kinatawan ng Estado, Distrito 39
elijahpierick.com
elijah.pierick.publicservant@gmail.com
(808) 258-3235

Aloha Kapitbahay! Ikaw ang prayoridad. Tungkol sa paglilingkod sa inyo ang lahat ng ito. Ang mga layunin ko ay magkaroon ang ating komunidad ng: -mas kaunting krimen -mababang gastos ng pamumuhay - mas kaunting mamahaling pabahay -mas kaunting kawalan ng tahanan -magandang edukasyon -mas kaunting traffic Kung mabibigyan ng pagkakataong mapaglingkuran kayo ng dalawa pang taon, ang mga ito ang mga pagtutuunan ko ng pansin. Pakisuyong tuluy-tuloy na kumonekta sa akin sa pamamagitan ng pagtawag/pag-text sa aking personal cell: (808)-258-3235. Ikalulugod kong mapakinggan kayo.



PANGALAN NG BALOTA:
**ROSENLEE, Corey**
LEGAL NA PANGALAN:
**Corey A. Rosenlee**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 39
www.coreyrosenlee.com
coreyrosenlee@gmail.com
(808) 677-3537

Nakatuon si Corey Rosenlee sa pakikipaglaban para sa mga nagtatrabahong pamilya at naghahatid ng mas maliwanag na kinabukasan para sa mga susunod na henerasyon. Siya ay naging guro ng araling panlipunan sa Campbell High School sa loob ng halos dalawampung taon. Sa ilalim ng kanyang patnubay, natuto ang libu-libong mga bata sa West O'ahu ng kahalagahan ng pakikipag-ugnayan sa sibiko, paglutas ng problema sa komunidad, at responsibilidad sa lipunan. Mula 2015-2021, nagsilbi si Corey bilang Pangulo ng Asosasyon ng mga Guro ng Estado ng Hawai'i (Hawai'i State Teachers Association), kung saan nagtrabaho siya para taasan ang pondo at sahod ng mga guro, at magbigay ng air conditioning para palamigin ang mga silid-aralan ng ating pampublikong sistema ng edukasyon. Siya ay kasalukuyang miyembro ng 'Ewa Neighborhood Board. Mula sa abot-kayang pabahay hanggang sa pagpapagaan ng trapiko hanggang sa paghahanda sa emergency, nauunawaan ni Corey ang mahahalagang isyu na nakakaapekto sa ating estado. Isang panghabambuhay na kampeon ng mga pinakamahihirap na tao sa Hawai'i, handa siyang ibalik ang integridad sa lokal na pamahalaan at magbigay ng mga tunay na solusyon sa mga problemang kinakaharap ng mga residente sa ating tahanang isla.

HAWAII VOTES



PANGALAN NG BALOTA:
**ASUNCION, Cory C.**
LEGAL NA PANGALAN:
**Cory C. Asuncion**

Republika Partido
Kinatawan ng Estado, Distrito 40
coryink808@gmail.com
(808) 797-4670

Aloha, ang pangalan ko ay Cory Asuncion. Ako ay 54 na taong gulang at naninirahan sa Ewa Beach Distrito 40. Bilang isang kandidato para sa puwesto ng Kapulungan ng Kinatawan ng Hawaii sa Distrito 40 Ewa Beach, ako, si Cory Asuncion, ay naghahangad na maging isang mapagkakatiwalaan at maaasahang pigura para sa aking Komunidad. Magpapatupad ako ng mga kaganapan sa buong taon upang pagyamanin ang isang mas malapit na komunidad at upang mapahusay ang pagsasapanibago ng well-being ng ating komunidad. Ang ating komunidad ay hindi lamang nararapat magkaroon ngunit nangangailangan ng pamumuno na magsasagawa ng agarang pagkilos sa pagtugon sa mga alalahanin, potensyal na panganib, pagtugon sa mga reklamo, pagtitiyak at pagtataguyod ng kaligtasan, at tinatanggap ang mga makabagong ideya na palaging pananatilihin ang pinakamahusay na interes ng komunidad sa unahan. Bilang miyembro ng komunidad na ito, lubos akong naniniwala na ang mas malapit na komunidad ay isang mas ligtas na komunidad. Mahalo, Cory Asuncion



PANGALAN NG BALOTA:
**MARTINEZ, Rose**
LEGAL NA PANGALAN:
**Rosebella Locquiao Ellazar-Martinez**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 40
rosebella.martinez@icloud.com
(808) 224-1261

Bilang kasalukuyang Kinatawan ng Estado ng Distrito 40. Naghahangad akong muling maihalal upang maipagpatuloy ang mga proyektong nasimulan ko sa aking distrito. Isasagawa ang mga nagpapatuloy at hinaharap na mga konstruksyon bilang resulta ng mga proyekto sa pagpapahusay ng kapital na nakuha ko para sa lahat ng paaralan sa aking distrito. Nagpasimula rin ako at kasamang nagpasimula ng ilang panukalang batas at ilang resolusyon na naipasa at gagawing batas na magbibigay ng positibong epekto sa komunidad. Bukod sa pagpopondo sa mga proyekto ng paaralan, nagawa ko ring makakuha ng pondo mula sa Grant in Aid for Weed and Seed, Hawaii Humane Society at Kuleana Coral Restoration. May iba pang mga nagawa tulad ng paglalagay ng silungan sa isa sa mga hintuan ng bus sa Hanakahi Street at pagbibigay ng mga solusyon sa mga reklamo ng mga nasasakupan. Patuloy akong magsusumikap para sa aking distrito.



PANGALAN NG BALOTA:
**MCCURLEY, Frankie**
LEGAL NA PANGALAN:
**Frankie L. McCurley**

Republika Partido
Kinatawan ng Estado, Distrito 40
frankiemccurley.com
FRANKIE.MCCURLEY@GMAIL.COM
(808) 931-9422

Bilang isang beterano, Navy Chief Petty Officer, nagdadala ako ng malawak na kasanayan sa pamumuno at isang malalim na pangako sa paglilingkod sa komunidad ko. Kung mahalal bilang inyong Kinatawan ng Estado, nangangako akong magtataguyod at magsusumikap para sa mga residente ng Lower Villages, Ewa Beach, Ewa by Gentry, at Iroquois Point. Sama-sama, mapapaunlad natin ang isang matatag at ligtas na komunidad na tumutugon sa lumalaking pangangailangan ng ating mga anak at mga magulang. Ang aking mga pinahahalagahan sa pananampalataya, kalinawan, edukasyon, at pagtugon sa mga hamon sa lipunan, kabilang ang mataas na halaga ng pamumuhay at kawalan ng tirahan, ay umaayon sa mga alalahanin ng Tahanan ng Distrito 40. Ang isang lugar na nais kong harapin ay ang magdala ng mga trabaho sa Hawaii na nagbibigay ng pagkakataon sa ating mga kabataan na maghanapbuhay dito sa tahanan sa halip na lumipat sa mainland. Nilalayon kong bumuo muli ng tiwala at pananagutan sa ating pamahalaan ng Estado at gawing isang maunlad na lugar ang Ewa para muling tawaging tahanan.



PANGALAN NG BALOTA:
**REYES ODA, Julie**
LEGAL NA PANGALAN:
**Julie K. Reyes Oda**

Republika Partido
Kinatawan ng Estado, Distrito 40
juliereyesoda.com
juliereyesoda@gmail.com
(808) 953-2054

Ang pangalan ko ay Julie Reyes Oda at ako ay tumatakbo para sa panunungkulan dahil naniniwala ako na magagawa natin nang mas maayos ang pagsiguro sa ating kinabukasan sa Hawai'i. Komunidad natin ang uunahin. Bilang inyong susunod na kinatawan ng estado, nangangako akong maging boses ninyo sa Kapulungan ng Estado. Kung mahahalal ako, ipaglalaban ko ang magagandang paaralan, magagandang trabaho, ligtas na mga komunidad, isang malakas na ekonomiya, pagputol ng pag-aaksaya ng pamahalaan, at transparency sa pamahalaan. Ako ay magiging isang independiyenteng boses para sa ating komunidad at mapagkumbaba kong hinihingi ang inyong suporta. Pakibisita ang JulieReyesOda.com para matuto pa tungkol sa akin.




**PANGALAN NG BALOTA:**
## ULUFANUA, Christian P.
**LEGAL NA PANGALAN:**
## Christian P. Ulufanua

Tayo Ang Sambayanan
Kinatawan ng Estado, Distrito 40
ulufanua4ewa.com
ulufanua.christian@gmail.com
(915) 808-6800

Bilang inyong independiyenteng kandidato para sa Kapulungan ng Estado sa ika-40 na distrito ng Hawaii, nakatuon ako sa paghingi ng pananagutan at paghahatid ng mga resulta para sa ating komunidad. Karapat-dapat tayo sa pamumuno na lumalaban para sa patas na pagtrato at gumagawa ng mapagpasyang aksyon. Determinado akong tugunan ang mga kritikal na isyu na kinakaharap ng ating distrito. Mula sa pagtiyak ng transparency at pagiging patas sa ating mga singil sa yutilidad hanggang sa pagprotekta sa ating kapaligiran at pagtiyak ng ligtas, malinis na tubig, walang pagod akong magsusumikap para sa mga solusyon na magbibigay-pakinabang sa ating lahat. Nararapat ang ating komunidad sa higit na atensyon at paggalang. Kailangan nating gawin ang Ewa Beach na isang makulay na hub na may mas maraming kaganapan sa komunidad at mas malakas na lokal na pamumuno. Oras na para sa Ewa Beach, Ewa, Westlock, at Iroquois Point na makuha ang pagkilala at suporta na nararapat sa mga ito. Bigyang-katuparan natin ito. P.S. Inilalarawan ang larawang ito para sa mga may kapansanan sa paningin, ang aking pananalita at pagpapahayag, na nagtatampok ng magkakaibang mga simbolo ng kultura, mga bandila, at mga bulaklak sa likod ko habang nakasuot ng camouflage sa pangangaso. ALOHA

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES



PANGALAN NG BALOTA:
**ALCOS, David A., III**
LEGAL NA PANGALAN:
**David A. Alcos III**

Republika Partido
Kinatawan ng Estado, Distrito 41
RepAlcos.com
teamalcos41@gmail.com
(808) 864-6928

Aloha, ako si David Alcos, na malalim na nakaugat sa ating komunidad sa Ewa Beach nang limang henerasyon na. Sa aking karanasan sa pangongontrata at pagco-coach, nakapaglaan na ako ng mahigit 20 taong paglilingkod sa ating komunidad. Seryoso akong pagandahin ang ating estado para mas maging mainam itong tirhan, habang nakatuon sa edukasyon, kaligtasan, access, kawalan ng tirahan, at kapakanan ng komunidad. Marubdob ang hangarin ko sa paglikha ng isang mas maliwanag na hinaharap para sa lahat. Salamat sa inyong suporta habang patuloy akong nagsusumikap na gumawa ng mga positibong pagbabago para sa ating komunidad at sa mga susunod na henerasyon.



PANGALAN NG BALOTA:
**CLARK, John H., III**
LEGAL NA PANGALAN:
**John H. Clark III**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 41
friendsofjohnclark.com
info@friendsofjohnclark.com
(808) 428-1564

Paglilingkod sa bansa, komunidad, at sa inyo... Matapos maglingkod sa Navy ng ating bansa nang 30 taon at ngayon, papasok na sa aking ika-10 taon ng paglilingkod sa 'Ewa Neighborhood Board, patuloy na lumalalim ang aking kaseryosohan sa paglilingkod sa komunidad at pagmamahal sa serbisyo. Ang Distrito 41 ('Ewa Beach, 'Ewa Gentry, Ocean Pointe, Kala'eloa, parte ng Ko Olina) ay isa sa mga pinaka halu-halo at mataong lugar sa Oahu. Gusto kong tiyakin na aktibong naghahanda ang ating lumalaking komunidad para sa pangmatagalang tagumpay. Ibig sabihin noon ay pakikipagtulungan sa iba pang mambabatas at pagtutuon sa pagpaparami ng trabaho sa ating Komunidad; paghahanap ng mga solusyon para sa mas ligtas na mga komunidad; pagsuporta sa mga plano para sa abot-kayang pabahay; at pagtitiyak ng dekalidad na edukasyon para sa kabataan. Mayroon akong Bachelor's Degree in Business Management, Master's Degree in Contract Management, at isa akong negosyante at tagapagtatag ng isang lokal na non-profit organization. Ang aking layunin: patuloy na maglingkod sa bansa, komunidad, at sa inyo!

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES



PANGALAN NG BALOTA:
## BACLAAN, Isaiah C.
LEGAL NA PANGALAN:
### Isaiah C. Baclaan

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 42
votebaclaan.com
votebaclaan@gmail.com
(808) 799-2297

Aloha Mga Kaibigan, Kapitbahay, at Kapamilya, ako si Isaiah C. Baclaan, at taos-puso kong hinahangad na maging kinatawan ng mga minamahal na komunidad ng Distrito 42 Ewa, Kapolei, at Hoʻopili. Ipinanganak at pinalaki ako sa mapagkumbabang tahanan ng nagmamahalang pamilyang Filipino. Mula't sapul, sinikap ko nang isabuhay ang mga prinsipyong itinuro sa akin upang itaguyod ang komunidad at tugunan ang panawagan para maglingkod. Bilang umaasang maging State Representative ninyo, nangangako akong gagawing prayoridad ang mga interes ng ating komunidad laban sa mga mapanghating pulitika ng pagkakakilanlan, at titiyakin kong mapakikinggan ang boses ng Distrito 42 sa mga kritikal na desisyong humuhulma sa mga batas at polisiya ng Hawaii. Nangangako akong makikinig sa lahat ng nasasakupan at pagkakaisahin ang ating komunidad tungo sa iisang layunin - ang pagpapaunlad ng ating Distrito para sa mga pamilya nating lahat! Pinakamainit na Aloha, Isaiah C. Baclaan



PANGALAN NG BALOTA:
## GARCIA, Diamond
LEGAL NA PANGALAN:
### Diamond D. Garcia

Republika Partido
Kinatawan ng Estado, Distrito 42
DiamondGarcia.com
RepresentativeGarcia@gmail.com
(808) 953-0483

Aloha Kākou, Mahalo sa paglalaan ng oras upang basahin ang bagong gabay ng botante ng Hawaii. Ang pangalan ko ay Diamond Garcia at tunay na mapagkumbabang nagkaroon ako ng pagkakataon na kumatawan sa inyo at sa inyong ʻOhana sa Kapulungan ng mga Kinatawan sa nakalipas na dalawang taon. Mula nang ihalal ng mga tao sa ating komunidad noong 2022, ikinagagalak kong iulat na nakamit namin ang ground running, na itinataguyod ang mga isyung mahahalaga sa ating mga pamilya sa West O'ahu. Mapagkumbaba kong hinihingi ang inyong suporta at pagboto na muling maihalal sa Kapulungan ng mga Kinatawan upang maipagpatuloy natin ang pakikipaglaban sa makinang pampulitika ng Hawaii, habang nagsisikap na magawa ang mga bagay para sa ating komunidad. Hindi na tayo maaaring umupo na lang, naghahalal ng parehong uri ng mga pulitiko na patuloy na nagtataas ng ating gastos sa pamumuhay habang pinapanood ang mga lokal na pamilyang nag-iimpake at lumipat sa kontinente ng US. Mahalo para sa inyong pagsasaalang-alang! Ke Akua Pū (GodBlessYou) (Pagpalain Ka ng Diyos)



PANGALAN NG BALOTA:
## PARIS, Anthony Makana
LEGAL NA PANGALAN:
### Anthony Makana Paris

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 42
www.votemakana.com
makana4house@gmail.com
(808) 398-2468

Aloha: Ako si Anthony Makana Paris. Lumaki sa Nānākuli at ngayon ay may-ari ng bahay sa Kapolei, nagmula ako sa isang pamilya ng manggagawa, at nagtrabaho ako sa mga manggagawa ng bakal sa nakalipas na 13 taon. Mayroon akong mga degree sa engineering, theology, at law mula sa MIT, Santa Clara, at Richardson School of Law ng UH. Naglilingkod ako sa ating komunidad bilang Tagapangulo ng Makakilo/Kapolei/Honokai Hale Neighborhood Board, Unang Bise Presidente ng Association of Hawaiian Civic Clubs, at Miyembro ng Lupon para sa Waiʻanae Coast Comprehensive Health Center. Ang ating mga komunidad ay nakikibaka sa nakakapagod na trapiko, hindi abot-kayang pabahay, krimen, papawalang trabaho, imprastraktura na naluluma at mahina sa klima, at kulang sa pondong edukasyon. Ang pagtugon sa mga ito ay nangangahulugan ng pagbubuo ng isang lugar para sa mga lokal na pamilya sa pamamagitan ng pagtugon sa seguridad sa pagkain; pagpapalawak ng mga parke sa baybayin at pagprotekta sa mga watershed; pag-aayos ng imprastraktura; pagtatapos sa Honolulu Rail; at pagpopondo sa OHA at DHHL bilang bahagi ng isang pambuong estadong solusyon para sa abot-kayang pabahay. Sama-sama, maaari natin gawing mas maganda ang Hawaiʻi para sa mga susunod na henerasyon. Mahalo!



PANGALAN NG BALOTA:
## YADAO, Summer-Lee (Kau'i)
LEGAL NA PANGALAN:
### Summer-Lee Kauionalani Yadao

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 42
summerleeforhawaii.com
summerlee4hawaii@gmail.com
(808) 387-1098

Ipinanganak at lumaki sa Hawai`i, lubos akong nakatuon sa ating komunidad at masigasig sa positibong pagbabago. Sa background sa gawaing panlipunan at mismong karanasan sa pag-navigate sa kawalang-tatag ng pabahay, mayroon akong malawak na karanasan sa adbokasiya ng pabahay. Bilang nagtapos sa Kuleana Academy ng HAPA at instituto ng pagsasanay sa pamumuno ng magulang ng Hawai'i Children's Action Network, umaabot ang aking pagtuon hanggang sa mga inisyatiba na nakasentro sa pamilya, mga makabagong solusyon sa pabahay ng lokal na manggagawa, proteksyon sa kapaligiran, at pangangalaga sa kultura. Nakatuon ako sa pagpapahusay ng kalidad ng buhay para sa lahat ng residente, tinitiyak na ang ating mga tinig ay naririnig at ang ating mga pangangailangan ay natutugunan. Sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng kultura ng pagiging ingklusibo at paggalang, makakabuo tayo ng mas malakas, mas matatag na Hawai`i na nagpapahalaga sa kapakanan ng bawat indibidwal at pamilya. Inuuna ng aking plataporma ang kalinawan, pananagutan, at pakikipagtulungan upang matugunan ang mga hamon ng ating komunidad. Sama-sama, makakalikha tayo ng mas maliwanag, mas patas na kinabukasan para sa Hawai`i. Buong kababaang-loob kong hinihingi ang inyong suporta at pagboto.



PANGALAN NG BALOTA:
**MEDEIROS, Sheila**
LEGAL NA PANGALAN:
**Sheila Medeiros**

Republika Partido
Kinatawan ng Estado, Distrito 43
sheilamedeiros411@gmail.com
(808) 479-6225

Aloha, ako si Sheila Medeiros, retiradong Opisyal ng US Army na naglingkod sa ating dakilang bansa nang mahigit tatlong dekada. Ikinararangal kong maging kandidato ng Republican para sa State House Representative sa Distrito 43, Makakilo at West Kapolei. Lumaki ako sa komunidad na ito bilang bata noong Makakilo pa lang ang meron. Bilang teenager, tahimik kong nasaksihan nang mawala ang mga tubohan sa ibaba ng Makakilo habang itinatayo ang mga bagong subdivision ng mga bahay at negosyo, bilang bagong kapatid na bayan ng Kapolei. Sa inyong suporta, walang kapaguran kong pagsisikapan na muling buhayin ang ating lokal na ekonomiya, itataguyod at ipapatupad ang mga proyektong sustainability na lilikha ng pagkain at pagpipilian at kasarinlan sa enerhiya, at magpapatatag sa ating mga paaralan sa pamamagitan ng pagbibigay ng kapangyarihan at pagkakaisa sa mga magulang at guro na direktang nakakaapekto sa kapaligiran ng edukasyon sa mga silid-aralan at pagtuturo. Matatag kong itataguyod ang mga kalayaang ibinigay sa atin ng Diyos, na pinoprotektahan ng Konstitusyon ng U.S.



PANGALAN NG BALOTA:
**SOUZA, Kanani**
LEGAL NA PANGALAN:
**Kristen Kanani Souza**

Republika Partido
Kinatawan ng Estado, Distrito 43
www.votesouza.com
votekananisouza@gmail.com
(808) 349-5203

Si Kanani Souza ay ang kasalukuyang Kinatawan ng Estado para sa Distrito 43, na inihalal noong 2022. Mula nang mahalal, si Kanani ay naging malakas na boses sa Lehislatura ng Estado ng Hawai'i. Si Kanani ay isang abogadong lisensyado para magpraktis ng abogasya sa Hawai'i at Washington, D.C. Si Kanani ay nagtapos noong 2003 sa The Kamehameha Schools at may hawak na Bachelor of Arts degree sa agham pampulitika mula sa University of Southern California. Mayroon ding Juris Doctor degree si Kanani mula sa University of Hawai'i William S. Richardson School of Law. Mayroon din siyang dalawang karagdagang degree sa batas, isang LL.M. sa batas sa kapaligiran mula sa Lewis & Clark Law School at isang LL.M. sa batas sa himpapawid at kalawakan mula sa University of Mississippi School of Law. Bilang karagdagan sa kanyang legal na edukasyon, may Master of Education degree si Kanani mula sa Chaminade University. Pinahahalagahan ni Kanani ang iyong suporta habang patuloy niyang ginagamit ang kanyang background upang isulong ang mga residente ng Distrito 43.

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES



PANGALAN NG BALOTA:
**KILA, Darius K.**
LEGAL NA PANGALAN:
**Darius K. Kila**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 44
www.dariuskila.com
darius@dariuskila.com
(808) 723-4311

Aloha! Ako si Darius Kila, at mapagkumbaba kong hinihingi ang inyong suporta upang patuloy na kumatawan sa Distrito 44 sa Kapulungan ng mga Kinatawan. Isang karangalan at pribilehiyo ang maglingkod sa Māʻili, Nānākuli, Koʻolina, at Honokai Hale mula pa noong 2022. Ipinagmamalaki ko ang aking sarili bilang isang mambabatas na may independiyenteng kaisipan na laging lumalaban para sa ikabubuti ng ating komunidad. Sa aking unang termino, nagpasa ako ng batas na nagpapalaganap ng transparency ng pamahalaan, nagsisiguro ng pagpopondo para sa suporta ng Alzheimer, nagpapabilis sa pagbangon ng Maui, nagbabawas ng mga gastos sa consumer, at nagwawakas ng mga mapanlinlang na kasanayan sa pag-tow. Nagpakita ako ng pamumuno bilang Pangalawang Tagapangulo ng Komite ng Kapulungan sa Transportasyon, miyembro ng Mga Komite sa Pabahay at Pinansya, Kapwa-Tagapangulo ng Wildfire Prevention Working Group, Tagapangulo ng Oʻahu Metropolitan Planning Organization, at miyembro ng Hawaiʻi Interagency Council sa Kawalan ng Tahanan. Kung muling mahalal, itataguyod ko ang bukas na aksesibilidad, pakikipag-ugnayan sa komunidad, pagpapahusay sa kaligtasan ng publiko, pagpapabuti ng imprastraktura, adbokasiya para sa ating mga ninuno, at suporta para sa ating mga kabataan at paaralan. Mahalo sa inyong suporta!



PANGALAN NG BALOTA:
**CRABBE, Cross Makani**
LEGAL NA PANGALAN:
**Croccifixio Makani Crabbe**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 45
CrossMakaniCrabbe.com
info@crossmakanicrabbe.com
(808) 206-2495

Aloha! Ang pangalan ko ay Cross Makani Crabbe at ako ay tumatakbo upang kumatawan sa Kapulungan ng Distrito 45 (Wai'anae-Ka'ena Point) sa Kapulungan ng mga Kinatawan ng Estado ng Hawai'i. Kasama sa aking plataporma ang pagtataguyod para sa mga isyung nauugnay sa Pabahay, Edukasyon, Kaligtasan ng Pampubliko, at Pangangalaga sa Kupuna. Bilang isang taong nagtrabaho sa lahat ng antas ng pamahalaan, nagagawa kong maging tulay sa pagitan ng pederal, estado, at lungsod para maisakatuparan ang trabaho. Hindi ako natatakot na tugunan ang mga mapanghamong isyu at magtanong ng mahihirap na tanong. Dahil ipinanganak at lumaki ako sa Wai'anae Coast, magagawa kong pinakaepektibong kumatawan sa mga tao ng Distrito 45 dahil nakita ko mismo ang mga isyu at patuloy na naglakbay kasama ng aking mga nasasakupan habang nilalampasan nila ang kanilang mga balakid sa isang magandang kalidad ng buhay. Pananaw ko na palakasin ang tiwala sa pagitan ng publiko at pamahalaan upang makabuo ng mas magandang kinabukasan para sa Hawai'i.



PANGALAN NG BALOTA:
**DESOTO, Desire Auguste**
LEGAL NA PANGALAN:
**Desire A. DeSoto**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 45
desiredesoto.com
desiredesoto@gmail.com
(808) 561-1110

Aloha, ako si Desiré De Soto. Ipinagmamalaki kong buong buhay na akong nakatira sa Mākaha at produkto ako ng mga pampublikong paaralan ng Hawaiʻi. Nag-aral ako sa Mākaha Elementary, Waiʻanae Intermediate, at Pearl City High School ('91), kung saan kinilala ako ng distrito sa kahusayan sa paglangoy. Hindi nagbabago ang aking pangakong maglingkod sa ating komunidad. Matapos makapagtamo ng bachelor's degree sa Whitworth College ('96), bumalik ako sa Waiʻanae bilang guro at kalaunan ay nag-aral ng pagpapayo sa paaralan (school counseling) sa Chaminade University ('01). Layunin ko na noon pa man na makapagbigay ng pinakamahusay na suporta para sa keiki sa ating komunidad, sa misyong malalim na nakaugat sa mga itinuro ng aking kupuna. Nakatapos ako ng Ph.D. in organizational psychology, kung saan sinuportahan ko ang paglikha ng Wai'anae to Whitworth 'Auwai at Papahana 'o Kaiona (ALP). Bilang dedikadong tagapayo ng paaralan (school counselor), patuloy kong itataguyod ang panlipunan, emosyonal, pisikal, pang-kaisipan at pang-ekonomiyang kapakanan ng ating mga residente. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang www.desiredesoto.com.



PANGALAN NG BALOTA:
**GANABAN, Philip Joseph**
LEGAL NA PANGALAN:
**Philip J. Ganaban**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 45
teamganabanphilip.com
teamganabanphilip@gmail.com
(760) 672-5403

"Determinado akong ayusin ang mga programang pinopondohan ng publiko na tumutugon sa kawalan ng tirahan at kalusugang pangkaisipan sa pamamagitan ng pagpapasimula ng mahihigpit na proseso sa pananagutan, na magtitiyak na mabisang nagagamit ang mga mapagkukunan para masuportahan ang mga nangangailangan. Ang layunin ko ay magpatupad ng detalyadong pag-uulat at pagsusuri upang makakuha ng ideya kung mabisa ba ang mga programang ito at matugunan ang anumang hadlang na pumipigil sa pag-unlad tungo sa kasarinlan. Bilang dagdag, determinado akong buhayin ang diwa ng komunidad sa pamamagitan ng pag-oorganisa ng mga kaganapang patatakbuhin ng publiko kagaya ng mga karnabal, konsiyerto, at mga aktibidad sa sport. Pagyayamanin ng mga inisyatibang ito ang buhay natin bilang komunidad at patatatagin nito ang relasyon ng mga residente, na magtataguyod ng diwa ng pagkakaisa at pagiging kabilang. Layunin kong lumikha ng komunidad kung saan nagtutugunan ang mga pampublikong serbisyo at pakikilahok ng komunidad, na lumilikha ng mapag-arugang kapaligirang nagtataguyod ng kapakanan, pagiging kabilang, at pag-unlad para sa lahat."



PANGALAN NG BALOTA:
**MURAOKA, Chris**
LEGAL NA PANGALAN:
**Christopher L. Muraoka**

Republika Partido
Kinatawan ng Estado, Distrito 45
chris4waianae@gmail.com

Makakatulong akong likhain ang pagbabagong kailangan natin para mabawi ang ALOHA ng ating komunidad. Ikalulugod kong makarinig mula sa inyo at makuha ang inyong boto.



PANGALAN NG BALOTA:
**SOARES, Ranson Kuiokalani**
LEGAL NA PANGALAN:
**Ranson S.K.T. Soares**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 45
Rs71@hawaii.edu
(808) 343-8501

Kumusta ika-45 na distrito, ipinakakalat ang balitang tatakbo para sa kinatawan ng estado ng ating ika-45 distrito. Dahil doon, marami akong magagandang plano para sa ating distrito. Gusto kong maging malinaw at totoo ang aking kampanya. Gusto ko ring ang mga nasa unahan ng usapan na papasok sa labanang ito, tunay na pagbabago. Dapat laging mabawasan ang problema at stress sa Hawaii. Nasa proseso na ako ng pagkamit sa iba't ibang layunin ko sa buhay at kolehiyo. Nasa 13-14 taon na rin akong manggagawang tao. Kaya ilang lightyear na ang lamang ko sa aking kalaban. Baka hindi bagong lahi ang kailangan ng ika-45. Ngunit nakikita ko ang pangangailangan para sa isang may karanasang mata. Matibay na kamay at walang pagod sa pagtatrabaho. Maraming mali na ang nangyayari sa buong Hawaii. Panahon na para sa mga tunay na pinunong nakakaunawa sa kumplikadong kasaysayan ng Hawaii, pati sa kumplikadong kasalukuyan at hinaharap natin.



PANGALAN NG BALOTA:
**WILBUR, Tiana**
LEGAL NA PANGALAN:
**Tiana A.L. Wilbur**

Republika Partido
Kinatawan ng Estado, Distrito 45
Tianafortruth.com
tianafortruth@gmail.com
(808) 291-5496

Aloha, Distrito 45, Habang kumakaharap tayo sa pagbabago, napupuno ako ng karangalan at pagpapasalamat sa pag-aanunsiyo ng aking pagkakandidato para sa House Representative. Walang kapantay ang mga nangyari nitong nakaraang tatlong taon—isang paglalakbay na puno ng paglahok, adbokasiya, pag-unlad, at higit sa lahat, komunidad. Sama-sama nating nasaksihan ang kapangyarihan ng pagkakaisa, katatagan, at pagmamahal na nagbibigay ng kahulugan sa ating komunidad. Ang naging paglalakbay natin ay puno ng mga aral, pagpapahalaga, at mas malalim na pakikinig. Naging karangalan para sa aking magturo at magbahagi sa lahat ng handang matuto, at sa paggawa noon, nasaksihan ko, hindi lamang ang pag-unlad ninyo, kundi ang pag-unlad ko. Ang tatag, pagmamahal, at suporta ng ating komunidad para sa isa't isa ang naging pundasyon ng ating pag-unlad. Taos-puso kong ipinaaabot ang aking pasasalamat sa pribilehiyong maging bahagi ng paglalakbay na ito. KAPAG SAMA-SAMA, KAKAYANIN NATIN!... Mahalo (salamat), sabik na akong mapaglingkuran kayo! Tiana Wilbur

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES



PANGALAN NG BALOTA:
**CLEMENTE, Mark Anthony G.**
LEGAL NA PANGALAN:
**Mark Anthony G. Clemente**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 46
Vote-Clemente.com
mark@vote-clemente.com
(808) 258-6007

Bilang isang bagong ama, tumatakbo si Mark Anthony Clemente sa puwesto upang ipaglaban ang magandang kinabukasan para sa ating mga keiki. Magsisikap si Mark upang matiyak na ang mga lokal na pamilya, kabilang ang ating mga kūpuna na naka-fix ang kita, ay umuunlad at hindi lamang nabubuhay. Kasama sa plano ni Mark ang pakikipagtulungan sa komunidad upang pataasin ang kaligtasan ng publiko, ilapit ang mga trabaho sa tahanan, at palakasin ang edukasyon ng ating mga anak upang mapataas ang kalidad ng ating buhay. Edukasyon: -Kamehameha Schools Kapālama Campus -Hawaiʻi Pacific University: B.S. sa Biology -William S. Richardson School of Law sa University of Hawaiʻi sa Mānoa: Juris Doctor Karanasan sa Trabaho: -Kapulungan ng mga Kinatawan: Tagapamahala ng Opisina -Senado: Legislative Aide -Tripler Army Medical Center: Clinical Research Coordinator -HMSA: Healthcare Coordinator Komunidad: -Rotary Club ng Wahiawā-Waialua Miyembro ng Lupon -Wahiawā Lions Club -Dating VP sa King Kamehameha Native Hawaiian Civic Club -Dating Direktor ng Moku sa Association of Hawaiian Civic Clubs - Oʻahu Council -Homeless Outreach



PANGALAN NG BALOTA:
**GABRIEL, Daniel Michael**
LEGAL NA PANGALAN:
**Daniel M. Gabriel**

Republika Partido
Kinatawan ng Estado, Distrito 46
dannymgabe@gmail.com
(808) 219-7078

Bilang isang katutubo ng gitnang O'ahu, masigasig akong kumatawan sa mga komunidad kung saan ako lumaki. Nag-aral ako sa Kanoelani Elementary at Hanalani Schools bago makakuha ng bachelor's degree sa business administration na tumutok sa accounting mula sa University of Hawaii - West O'ahu. Lumaki ako sa buong gitnang O'ahu kabilang ang Whitmore, Wahiawa, Mililani at Waipio. Noong 2021, bumili kami ng aking asawa, dalawang anak na lalaki ng isang lumang bahay na may istilong isang lumang plantasyon sa Wahiawa, na nagpahusay sa aking paglalakbay. Bilang aktibong miyembro ng komunidad at ama ng isang batang pamilya sa Wahiawa, napagmasdan ko na gustong malaman ng ating mga tao kung pakikinggan sila ng kanilang kinatawan at kung pagsusumikapan na mapanatili ang kanilang paraan ng pamumuhay. Karangalan kong protektahan at pangalagaan ang ating distrito para sa ating mga anak sa mga darating na taon.



PANGALAN NG BALOTA:
**PERRUSO, Amy A.**
LEGAL NA PANGALAN:
**Amy A. Perruso**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 46
voteamyperruso.com
amyperruso@gmail.com
(808) 351-0980

Patuloy akong lalaban para sa malinis na halalan at tapat na pamahalaan. Kinakailangan na maglatag tayo ng matibay na pundasyon ng mabuting pamamahala para mapagaan natin ang mga epekto ng krisis sa klima sa mga paraan na makatarungan at pantay, at isentro ang kagalingan ng komunidad sa pamamagitan ng paglikha ng soberanya sa pagkain at enerhiya, mas matatag na suporta para sa kalusugan at pampublikong edukasyon, maasikasong pag-unlad ng tunay na abot-kayang pabahay at mas mahusay na pangangasiwa ng ating pinagkakatiwalaang mapagkukunan ng publiko tulad ng wai at ʻāina. Palagi kong uunahin ang mga pinakamahihina, at patuloy na magsisikap na pasiglahin ang kumpiyansa ng publiko sa gobyerno sa pamamagitan ng sadyang gawain sa pagsasabi ng katotohanan at pagbuo ng relasyon. Alam ko na ang aking komunidad ay handang makisali sa pagsusumikap na kinakailangan upang gawin itong isang pamahalaan kung saan maaari nating madama ang parehong pagmamalaki at pagprotekta, at ikinararangal kong gawin ang gawaing ito kasama n'yo.

HAWAII VOTES



PANGALAN NG BALOTA:
**AGUIRRE, John W. (Johnny)**
LEGAL NA PANGALAN:
**John W. Aguirre**

Republika Partido
Kinatawan ng Estado, Distrito 47
johnnydist47.com
votejohnny47@gmail.com
(808) 754-2197

"Naglilingkod na Pamumuno" – Pakikinig at pagsuporta sa inyong mga layunin, seguridad at kabuhayan. Isa akong retiradong bumbero at likas na lingkod sibil. Naniniwala ako sa pagprotekta sa ating mga anak, karapatan ng mga magulang at sa ating mga paniniwala sa relihiyon. Sinusuportahan ko ang kabanalan ng sports ng kababaihan at ang kanilang karapatan sa privacy, ang ating karapatan sa pagtatanggol sa sarili at ang panuntunan ng batas na nagpoprotekta sa ating pamilya at mga kapitbahay. Hindi ko sinusuportahan ang mga mandatoryong bakuna, pagsusuot ng mask o lockdown. Dapat nating alisin ang maaksayang paggasta ng gobyerno, maglagay ng mga limitasyon sa termino at kailangan ng ating gobyerno na maging mas mahusay. Ang mga presyo sa pabahay, pagkain at gas ay hindi katanggap-tanggap. Gusto ko kung ano ang pinakamabuti para sa aking pamilya at sigurado akong ganoon din kayo. Dati, nahirapan ako sa pananalapi at nag-aalala tungkol sa hinaharap at ito ay isang kakila-kilabot na pakiramdam. Bilang isang tagapaglingkod, umaasa akong maakay ang ating komunidad tungo sa mas magandang buhay.



PANGALAN NG BALOTA:
**QUINLAN, Sean**
LEGAL NA PANGALAN:
**Sean A. Quinlan**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 47
voteseanquinlan.com
seanquinlan82@gmail.com
(808) 388-2823

Walong taon na ang nakalilipas, nahalal ako upang kumatawan sa North Shore at Ko'olauloa na may dalawang napakakonkretong layunin – ayusin ang drainage sa Kahuku High, at magkaroon ng bypass road sa Laniakea. Natapos namin ang aming drainage project noong 2020, at magsisimula ang pagtatayo ng Laniakea bypass ngayong summer. Hindi sapat ang pasasalamat ko sa inyong lahat para sa inyong suporta sa mga nakaraang taon, at lagi't lagi, kung mayroon kayong isyu, mangyaring tawagan ako, babalikan ko kayo kaagad. Mahalo nui loa, Sean

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES



PANGALAN NG BALOTA:
**DAILY, Asheemo N. (Koda)**
LEGAL NA PANGALAN:
**Asheemo Nefertiti Daily**

Partido Berde
Kinatawan ng Estado, Distrito 48
www.thedailybred.com
koda@wisdomcircles.com
(808) 349-9923

Aloha, ang pangalan ko ay Asheemo Nefertiti Daily. Ako ay 21 taong gulang at tumatakbo para sa Kinatawan ng Estado ng Distrito 48. Nagtapos ako sa Castle High School at miyembro ako ng Partido Berde. Pinahahalagahan ko ang mga tinig ng ating komunidad, at layunin kong iangat at bigyang kapangyarihan ang mga kabataan na gumawa ng responsableng aksyon tungo sa gintuang kinabukasan ng Hawai'i na gusto nating makita. Aloha ʻĀina—ibalik natin ang mga tao sa lupain.



PANGALAN NG BALOTA:
**KITAGAWA, Lisa C.**
LEGAL NA PANGALAN:
**Lisa C. Kitagawa-Akagi**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 48
www.lisakitagawa.com
vote.kitagawa@gmail.com

Aloha! Ang pangalan ko ay Lisa Kitagawa at may pribilehiyo akong maglingkod bilang Kinatawan ng Estado para sa Distrito ng Kapulungan 48 mula noong 2018. Ipinanganak at lumaki ako sa Kāneʻohe at nag-aral sa Ben Parker Elementary, King Intermediate, at Castle High Schools. Nag-aral din ako sa Unibersidad ng Hawaiʻi sa Mānoa at nakatanggap ng bachelor's degree sa Family Resources at master's degree sa Higher Education Administration. Kasalukuyan akong nagsisilbing Pangalawang Tagapangulo ng Komite sa Pinansya. Sa nakalipas na 6 na taon, nagawa kong suportahan ang ating distrito sa pamamagitan ng pagpapanimula at pagpasa ng batas na sumusuporta sa mga paaralan ng ating komunidad, nagpoprotekta sa ating mga likas na yaman, kabilang ang Kāneʻohe Bay at ang ating Koʻolau Mountain watershed, at pagdadala ng humigit-kumulang $240 milyon pagpopondo sa proyektong pagpapatakbo at pagpapahusay ng kapital para sa aking mga komunidad. Natugunan ko rin ang mga isyu sa komunidad, tulad ng lumalaking populasyon ng mga walang tirahan, mga alalahanin sa mga cesspool, at pag-atake ng pisteng maliliit na fire ant.

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES



**PANGALAN NG BALOTA:**
## MATAYOSHI, Scot
**LEGAL NA PANGALAN:**
### Scot P. Matayoshi

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 49
scot@scotmatayoshi.com

Nakapaglingkod na si Representative Scot Matayoshi sa Distrito 49 nang anim na taon. Kasalukuyan siyang Chair ng Labor and Government Operations Committee, kung saan hinahangad niyang mapunan ang mga bakanteng posisyon sa estado upang mapahusay ang mga serbisyo ng pamahalaan, makapagtakda ng polisiya sa paggawa para mabalanse ang mga pampubliko at pribadong interes, at mapaunlad ang kahusayan ng pamahalaan. Si Rep. Matayoshi ay nakapagpasok ng mahigit $125 milyon sa mga proyekto ng distrito mula nang manumpa ito sa tungkulin, karamihan para sa ating mga paaralan. Nag-organisa siya ng mga drive thru shot clinic, pagsasaayos ng war memorial, ewaste recycle drive, paglilinis ng sapa, at supply drive para sa Castle Complex school. Noong pandemya, si Rep. Matayoshi ay dinala ang Farm to Car program sa Windward Mall, para ligtas na makapagbenta ang mga magsasaka ng kahon-kahong produkto sa mga residente. Ipinasa niya rin ang Farm to State legislation, na nag-aatas sa Estado na bumili ng mas malaking porsiyento ng mga gulay at prutas nito mula sa mga lokal na panggagalingan. Kapag muling naihalal, si Rep. Matayoshi ay patuloy na ipaglalaban ang ating distrito.



**PANGALAN NG BALOTA:**
## NAIPO, Kana
**LEGAL NA PANGALAN:**
### Blayne Kamakanaokalani Naipo

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 49
vote4kana@gmail.com
(808) 765-4321

Bilang isang Katutubong ipinanganak na Hawaiian na lumaki na may mga pagpapahalagang Hawaiian kabilang ang aking mga karanasan bilang isang tagapagturo, coach, kinatawan ng unyon, at miyembro ng sibiko, maaari akong magdala ng kakaibang pananaw sa arena ng pulitika. Nakatuon sa aking komunidad at sa komunidad ng Hawaiian, nangangako akong gagawa ng positibong epekto sa paghubog ng mga patakaran na magbibigay-pakinabang sa ating mga anak, komunidad at estado.



**PANGALAN NG BALOTA:**
## UBANDO, Josiah (BrahKruz)
**LEGAL NA PANGALAN:**
### Josiah Ubando

Republika Partido
Kinatawan ng Estado, Distrito 49
www.brahkruz.com
josiah.nku@gmail.com
(808) 277-4337

Matapos makita mismo ang sesyon ng batas, gusto kong maging isa sa mga boses na tutulong sa paghubog ng kasalukuyan at hinaharap na Hawai'i na gusto nating makita. Bagama't kulang ako sa tunay na karanasan sa pulitika, mayroon akong nararamdaman na kasinghalaga nito: isang malalim na nagmamahal sa komunidad at isang pagnanais na itulak ang pagpapabuti ng ating tahanan at ng ating mga tao. Sa pamamagitan ng aking content sa social media, nagawa kong patawanin ang mga tao ng Hawai'i. Hinihiling ko ngayon na bigyan ako ng pagkakataon na gawing proud ang mga tao. Mahalo sa inyong boto! Josiah "BrahKruz" Ubando

HAWAII VOTES



PANGALAN NG BALOTA:
**CONNELLY, Timothy D.**
LEGAL NA PANGALAN:
**Timothy D. Connelly**

Republika Partido
Kinatawan ng Estado, Distrito 50
tim@connellyforkailua.com
(407) 487-6177

Ako si Brigadier General (Ret) Tim Connelly at kumakandidato ako para kumatawan sa District 50 sa Kapulungan ng mga Kinatawan ng Hawaii dahil kailangan ng Kailua at Hawaii ng isang inspiradong pinuno na may lakas ng loob na humimok ng matinding pagpapahusay sa Hawaii. Pinamunuan ko ang mga Amerikanong Sundalo sa labanan sa Iraq at Afghanistan at lampasan ang isang pandaigdigang pandemya nang may napakalaking tagumpay. Lalaban ako para maprotektahan ang ating mga mamamayan, mabawasan ang krimen at kawalan ng tirahan, mapalago ang ating ekonomiya, mapag-aral ang ating mga anak, mapabuti ang ating imprastraktura, at suriing mabuti ang ating sistema ng pagtugon sa emergency sa kalamidad. Ama ako ng dalawang kamangha-manghang anak na babae at isang foster parent sa loob ng tatlong taon. GASTOS NG PAMUMUHAY ANG PANGUNAHING SULIRANIN SA HAWAII! Dapat ibaba natin ito upang makatulong na maiwasan ang paglipat ng ating mga pamilya at ng ating mga anak sa Mainland. Lubos kong susuportahan ang ating pulisya, mga unang nagreresponde at ang Hawaii National Guard. Ako ang madiskarteng pinuno na kailangan natin para sa Distrito 50.



PANGALAN NG BALOTA:
**HUSSEY-BURDICK, Natalia**
LEGAL NA PANGALAN:
**Natalia A. Hussey-Burdick**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 50
www.nataliaforhawaii.com
nataliaforhawaii@gmail.com
(808) 688-3481

Mula sa Komunidad, Para sa Komunidad. Higit pa sa bastang kasabihan ang mga katagang ito. Ipinanganak at lumaki sa distritong kinakatawan ko ngayon, naranasan ko mismo kung paano dumami ang ating mga hamon sa paglipas ng mga taon. Ginugol ko ang aking buhay sa pagtatrabaho para sa mga solusyon sa mga problemang ito – bilang isang tagapagtaguyod, isang legislative staffer, at ngayon bilang inyong Kinatawan ng Estado. Ang mga isyu na nangangailangan ng matapang na aksyon mula sa ating lehislatura ay natutugunan ng isang nakakadismayang kakulangan ng kaseryosohan, kaya ipinakilala ko ang mga hakbang sa reporma ng pamahalaaan tulad ng HB2021 na nag-aatas sa Lehislatura na tumalima sa Sunshine Law. Ang pagtaas ng transparency at pananagutan ay isang mahalagang hakbang patungo sa lahat ng iba pang mga reporma. Sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa mga pinuno ng komunidad, naglatag kami ng makabuluhang batayan sa mga kritikal na lugar: pag-iwas sa panganib ng sunog, regenerative na turismo, mapaminsalang species, kawalan ng tirahan, abot-kayang pabahay, kalidad ng tubig, kaligtasan sa trapiko, mga karapatan ng kababaihan, at higit pa. Sa inyong patuloy na suporta, umaasa akong mabuo ang gawaing ito at gumawa ng mas malaking pag-unlad sa susunod na taon.



PANGALAN NG BALOTA:
**LEE, Mike**
LEGAL NA PANGALAN:
**Michael G.K. Lee**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 50
mikeleeforhawaii.com
mikeleeforhawaii@gmail.com
(808) 388-6222

Ang pangalan ko ay Mike Lee at nakatira ako kasama ang aking asawa at 2 anak na lalaki sa Kālaheo Hillside. Kailua ang aming tahanan at kung saan ipinanganak at lumaki ang aking pamilya. Tumatakbo ako upang kumatawan sa inyo sa Lehislatura ng Estado upang mapabuti ang buhay residensiyal sa windward side sa pamamagitan ng pagpapalakas ng ating sistema ng edukasyon, pagiging matigas sa krimen, pagpapagaan sa pabigat na buwis, at pagprotekta sa ating likas na yaman. Isa akong edukador, may-ari ng maliit na negosyo, at pinuno ng komunidad. Mayroon akong malawak na karanasan sa pagsulong ng mga inisyatiba ng komunidad sa pamahalaan, mga lokal na negosyo, mga non-profit, at mga paaralan. Bilang miyembro ng komunidad na ito, naiintindihan ko ang pang-araw-araw na hamon na kinakaharap ng ating mga residente. Tutuon at tutugunan ng aking mga prayoridad ang mga alalahanin ng mga kapitbahay sa Kailua at Kāneʻohe na tulad mo. Mapagpakumbaba kong hinihiling ang inyong boto para sa halalan na ito. Magtulungan tayo upang protektahan ang ating paraan ng pamumuhay sa windward side para sa mga susunod na henerasyon.

HAWAII VOTES



PANGALAN NG BALOTA:
**MARTEN, Lisa**
LEGAL NA PANGALAN:
**Lisa Marten Moonier**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 51
lisamarten.com
lisa@lisamarten.com
(808) 230-2004

Aloha kākou. Isang malaking karangalan para sa akin na kumatawan sa Waimānalo at Kailua kung saan ako lumaki, kung saan ko pinalaki ang aking mga anak na lalaki, at kung saan tumatanda ang aking mga magulang. Narating ko na ngayon ang isang lugar sa loob ng lehislatura kung saan maaari kong ipaglaban ang ating mga pinakaabang populasyon bilang Tagapangulo ng Komite sa Mga Serbisyong Pantao at Tagapangulo ng Keiki Caucus. Ang mga dekada ng propesyonal na karanasan sa pangangalaga sa kalusugan, edukasyon, at panggubat ng komunidad, gayundin ang Doctorate sa Pampublikong Kalusugan mula sa Columbia University at Master sa Patakarang Pampubliko mula sa Harvard University, ay tumutulong sa akin na gamitin ang aking posisyon upang magtrabaho para sa ating Distrito sa labas din ng lehislatura. Sinimulan ko ang mga pakikipagsosyo at/o nakakita ako ng pagpopondo para sa: pagkain at mga katutubong puno sa Waimānalo, pagpuksa sa mga nakapipinsalang species, pagpapaunti ng pagbaha, at pagpapalawak ng mga serbisyo sa walang tirahan. Nakipaglaban ako upang linisin ang hindi sumabog na mga bomba sa Bellows, upang ihinto ang bakod sa ridgeline ng Keolu, at panatilihing tirahan ang ating mga kapitbahayan. Mahalo (Salamat)!



PANGALAN NG BALOTA:
**POKIPALA, Hopena**
LEGAL NA PANGALAN:
**Fullerton H.K.K. Pokipala**

Partido Demokratiko
Kinatawan ng Estado, Distrito 51
hopenapokipala@gmail.com
(808) 590-0467

Aloha, ako si Hopena Pokipala. Ipinanganak at lumaki ako sa Windward side, at nagtapos ako sa mga Kamehameha School. Ang aking ʻohana ay nasa Kailua nang maraming henerasyon at nasaksihan ang mabilis na pagbabago sa ating maliit na bayan. Tumatakbo ako para sa panunungkulan dahil gusto kong magpatupad ng mga patakarang magbibigay-pakinabang sa ating komunidad at lokal na mga tao sa halip na pabor sa mga dayuhang interes. Bilang isang blue collar worker at may-ari ng maliit na negosyo, alam ko ang halaga ng pagsusumikap at nangangako akong ipaglalaban ko ang mga solusyon sa mga isyung nagbabanta sa karakter ng ating komunidad. Itinutulak ako ng multi-generational na pamumuhay na ipaglaban ang mga solusyon para sa abot-kayang pabahay. Itinutulak ako ng trapiko at pagsisiksikan na ipaglaban ang pinabuting pampublikong transportasyon. Bilang isang waterman, itinutulak ako na protektahan ang ating mga karagatan at likas na yaman. Sama-sama, makakabuo tayo ng isang mas matatag na Kailua, isang nakabatay sa aloha na may pangako sa mga lokal na pamilya.

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES



PANGALAN NG BALOTA:
**AKI, Z. Ka'apana**
LEGAL NA PANGALAN:
**Zurishaddai C. Aki**

Katiwala ng Residente sa Hawaii
zuri.cwk.aki@gmail.com
(808) 554-1011

Aloha, ang pangalan ko ay Zuri Kaapana Aki at lubos akong naniniwala na sira ang Opisina sa Ugnayan ng mga Hawaiian (OHA). Sinasabi ko ito bilang isang Katutubong Hawaiian, isang habambuhay na residente ng Hawaii, at bilang isang Juris Doctor na gumugol ng halos isang dekada bilang isang propesyonal na tagapagtaguyod na naglilingkod sa utos ng konstitusyon ng OHA na laging hangarin ang pagpapabuti ng mga kondisyon ng mga Katutubong Hawaiian – sa matinding pagkadismaya, nasaksihan kong binigo ng ahensyang ito ang mga tao ng Hawaii, paulit-ulit. Kailangan ng OHA ng overhaul sa isang Lupon ng mga Katiwala na nauunawaan ang kanilang tungkulin sa fiduciary duty at mga obligasyon sa trust. Nangangailangan ang OHA ng isang Lupon na nakatuon sa isang pananaw ng OHA na hindi lamang tumutugon sa mga pagkakaiba kung saan nilikha ang ahensya, ngunit isa na tumutugon sa malalawak na hamon (kawalan ng katatagan sa pananalapi/pabahay, kawalan ng seguridad sa pagkain, atbp.) na kinakaharap ng lahat ng tumatawag sa Hawaii na tahanan. Pananagutin ko ang OHA para sa isang magandang kinabukasan para sa ating lahat.



PANGALAN NG BALOTA:
**CERMELJ, Hope Alohalani**
LEGAL NA PANGALAN:
**Hope Alohalani Cermelj**

Katiwala ng Residente sa Hawaii
hopiecermelj@hotmail.com
(808) 896-9201

Aloha Kakou. Karapat-dapat ang kanaka sa LAHAT ng isla ng patas at matapat na pagkilala ng Tanggapan ng Mga Ugnayan sa Hawaii (Office of Hawaiian Affairs, OHA). Ayon sa pahayag ng misyon nito, binuo ang OHA para maglingkod sa LAHAT ng Katutubong Hawaiian anuman ang dami ng dugo at para sa pag-unlad ng kalagayan ng LAHAT ng Katutubong Hawaiian. Itinatag ang OHA 46 na taon na ang nakalilipas bilang resulta ng 1978 Hawai'i State Constitutional Convention. Kabilang sa Kuleana ang edukasyon, kalusugan, PABAHAY, at katatagan ng ekonomiya. Sa laki ng pondo ng OHA, napakarami pang pwedeng gawin para makamit ang mga layunin nito, at mapaglingkuran ang mamamayan. Muli, ngayong taon dahil sa dedikasyon at pagmamahal ko, pinipili kong tumakbo gaya ng pagtakbo ko noong 2022 para sa Hawaii'I Island Trustee para magawa ang trabahong ipinagkaloob ng mga botante sa lahat ng inihalal na katiwala ng OHA malaking katiwala. Nangangako akong paglilingkuran kayo nang may integridad at kalinawan at iikot sa lahat ng isla para marinig ang inyong mga hinaing. Mangyaring tawagan ang 808-896-9201.



PANGALAN NG BALOTA:
**KAHELE, Kaiali'i**
LEGAL NA PANGALAN:
**Kaiali'i Kahele**

Katiwala ng Residente sa Hawaii
www.kaikahele.com
info@kaikahele.com
(808) 498-9007

Aloha! Ang pangalan ko ay Kai Kahele, at ako ay tumatakbo para sa Katiwala ng OHA, na kumakatawan sa Isla ng Hawaiʻi. Mapagkumbaba kong hinihingi ang inyong suporta at boto. Sama-sama, maaari tayong bumuo ng isang mas patas at makatarungang Hawaiʻi, kung saan ang ating kultura ay yumayabong, lahat ng katutubong Hawaiian ay maaaring magtagumpay, at nasisiguro ang ating kinabukasan para sa mga susunod na henerasyon. Magtulungan tayo upang likhain ang Hawaiʻi na ating tinatanaw—isang Hawaiʻi para sa lahat. Sa pamamagitan ng pagtutulungan, makakagawa tayo ng pagbabago para sa ating komunidad at sa mga susunod na henerasyon. Ang kampanyang ito ay hindi manghihingi sa iyo o sa iyong ʻohana ng mga donasyon. Ang kampanya namin ay hindi manghihingi ng mga pondo, magpapadala ng mga panghihingi ng pera, o magho-host sa mga pangangalap ng pondo. Sa halip, hinihimok ko kayong suportahan ang mga pamilya mula sa Lahaina na naapektuhan ng mga sunog. Bisitahin ang https://www.kaainamomona.org/family-donations para direktang mag-donate sa mga nangangailangan. Nakita ng ʻĀina Momona ang mga kagyat na pangangailangan ng mga pamilya sa mga kalunus-lunos na pangyayari noong ika-8 ng Agosto at agad itong tumugon. Mahalo nui loa at E Holomua Kākou! Kai Kahele



PANGALAN NG BALOTA:
**WALTJEN-KUILIPULE, Hulali**
LEGAL NA PANGALAN:
**Jandale H. Waltjen-Kuilipule**

Katiwala ng Residente sa Hawaii
hulali4oha@gmail.com
(808) 345-2510

"Aloha, ako si Hulali Waltjen-Kuilipule, isang Katutubong Hawaiian mula sa Distrito ng Ka'u, Hawaii, ang mga lupain ng aking mga ninuno bago pa man dumating si Kapitan James Cook. Lumaki ako at nag-aral sa Ka'u, Hawaii, pinalaki ng aking mga mapagmahal na magulang na nagturo sa akin na laging maging magalang, lalo na sa ating mga nakatatanda, o mga Kupuna. Bilang nag-iisang anak nila, inaalala ko ang kanilang mga salita ng karunungan. Nagpasya akong kumandidato para sa Katiwala ng Hawaii dahil sa kakulangan ng komunikasyon sa pagitan ng nakaraan at kasalukuyang Mga Katiwala at ang hindi pag-uulat ng accounting para sa mga kita na para sa mga Katutubong Hawaiian mula sa Estado ng Hawaii. Ang mga pondong ito ay nararapat para sa mga Katutubong Hawaiian, na siyang mga benepisyaryo."



PANGALAN NG BALOTA:
**ALAPA, Luana**
LEGAL NA PANGALAN:
**Sandra Luana Alapa**

Katiwala ng Residente sa Molokai
Alapa4oha.com
luanaalapa@gmail.com
(808) 782-1119

Ako si Luana Alapa na kumakandidato para muling maihalal bilang Katiwala para sa OHA Molokai- Lanai. Bilang isang katutubong Hawaiian na babae, biniyayaan ako ng isang posisyon upang pagsilbihan ang ating mga benepisyaryong Hawaiian sa mga sumusunod na paraan: Edukasyon, pabahay, kapanatagan sa kalusugan at ekonomiya. Nakatuon ako sa pagtiyak na ang mga layuning ito ay natutugunan. Isa sa aking mga layunin bilang Katiwala ang makipagtulungan sa iba pang mga ahensya ng Hawaii sa pagtatrabaho tungo sa pagsuporta sa mga inisyatiba para sa abot-kayang pabahay- mga pagkukumpuni ng bahay, mga pagpapalawak ng pangangalaga sa kalusugan sa mga rural na lugar, pag-aalok ng mga serbisyo sa kalusugan ng isip na lubhang kailangan sa aking isla ng Molokai, pagpapataas ng mga pondo para sa mga pang-edukasyon na scholarship, at bokasyonal na pagsasanay para sa ating Lahui. Bilang isang homesteader sa Ho'olehua, naiintindihan ko ang mga hamong ito dahil kasalukuyan kong kinakaharap ang mga ito. Sama-sama at sa inyong suporta, makakalikha tayo ng mas maliwanag na kinabukasan para sa ating Lahui. Kapag umuunlad ang mga Hawaiian, umuunlad ang buong Hawaii. Ang nakapaglilingkod sa iba ay ang pinakadakilang regalo na maibibigay mo.



PANGALAN NG BALOTA:
**HALINIAK, Gayla**
LEGAL NA PANGALAN:
**Gayla M. Haliniak**

Katiwala ng Residente sa Molokai
mahea80@gmail.com
(808) 658-5090

Ako si Gayla Haliniak kou inoa. Isa akong Katutubong Kanaka, ipinanganak at pinalaki sa isla ng Molokai. Ang aking tutukane, si Zachary Pahupu, ay isa sa mga unang Hawaiian na ginawaran ng lupang tirahan sa Kalama'ula. Dahil sa kanilang tagumpay sa pagsasaka ng lupain, naging daan ito para sa maraming Hawaiian na makakuha ng mga pagpapaupa sa tirahan. Kasalukuyan akong ikaapat na henerasyong may-ari ng tahanan sa Lupang Tirahan. Tumatakbo ako para sa puwestong Katiwala ng OHA ng Molokai dahil oras na para sa ating mga kababayan na magkaisa at hindi mahati, upang manindigan at marinig para sa ating mga susunod na henerasyon. Kailangan nating ibalik ang kaliwanagan sa ating pamahalaan. Imua Hawaii.



PANGALAN NG BALOTA:
**LANKFORD-FABORITO, Lu Ann**
LEGAL NA PANGALAN:
**Lu Ann M. Lankford-Faborito**

Katiwala ng Residente sa Molokai
kaluhiokalanik@aol.com
(808) 349-1479

Ipinanganak sa Molokai tapos umuwi. Masuwerteng nangungupahan sa Hawaiian Homelands sa Ho'olehua. Nakikinig ako sa mga boses at pangangailangan ng mga Katutubong Hawaiian sa Molokai, gagamitin ko ang pondo ng OHA para makamit ang mga pangangailangan at lugar sa unahan ng Molokai.



PANGALAN NG BALOTA:
**NIHIPALI, R. Kunani**
LEGAL NA PANGALAN:
**Ronald Kunani Nihipali Sr.**

Katiwala ng Residente sa Molokai
huliau2014@gmail.com
(808) 349-6407

O Kunani Nihipali ko'u inoa, isang inapo ng Kalawao at isang Benepisyaryo ng Ho'olehua Homestead, Molokai. Sa kasalukuyan, nabubuhay tayo sa isang nakahiwalay na lipunan. Ang Batas sa Paghingi ng Tawad ng 1993 (1993 Apology Law), 31 taon na ang nakakaraan ay ginarantiyahan tayong mga Katutubong Hawaiian ng isang landas ng Pagkakasundo, ngunit bilang mga Katutubong Hawaiian, naranasan natin ang mga walang saysay na Paghingi ng Tawad, nadama natin na ma-censored, mapilit at mapuwersa sa usaping pampulitika, pang-ekonomiya, panlipunan at pang-kultura. Ang Paghingi ng Tawad ay higit pa sa Pagkilala at kailangang ibalik ang katarungan sa mga Katutubong Hawaiian dahil ang mga makasaysayang hinaing na ito ay napatunayang lubhang nakapipinsala. Mapayapa tayong nagbahagi sa mga Mamamayan ng Hawaii, at sa mundo, mula nang tumuntong ang mga unang Dayuhan sa dalampasigan ng ating Bansa. Ang Pagkakasundo, hindi ang paghahati-hati ang landas patungo sa mga makatarungang solusyon mula sa mga makasaysayang kawalang-katarungan. Mahalaga ang pagiging sensitibo sa kultura, kung hindi, mababalewala ang pagpaplano na tutulong upang maibalik ang paniniwala sa lokahi.



PANGALAN NG BALOTA:
**AHU ISA, Lei**
LEGAL NA PANGALAN:
**Leinaala S.P. Ahu Isa**

Sa-Malaking Katiwala
lahuisa@gmail.com
(808) 383-5201

Sa pag-unawa sa tungkulin ng fiduciary ng isang Katiwala, gusto kong tumulong sa pagsasakatuparan ng mga layunin kung saan nilikha/itinatag ng Pederal na pamahalaan ang pampublikong trust na ito noong 1959 Pub. L. No.8603, Sec. 5. Stat. 4,5(1959) ng Congressional Record na naglalaan ng 203,500 ektarya upang BIGYANG-PAKINABANG ang mga Katutubong tao, at nagsasaad na: "Isa sa limang layunin kung saan dapat isakatuparan ang pampublikong trust ay para sa "PAGPAPABUTI NG MGA KALAGAYAN NG MGA KATUTUBONG HAWAIIAN(NH)." Kinilala ng 1978 Constitutional Convention na ang NH ay walang ibang lupang-tahanan, at sa gayon ay nangangailangan ng proteksyon para sa kanilang Pag-iral/Pamumuhay (Wika, Kultura, Karapatan sa Pagtitipon, atbp.) Pinauupahan ng Estado ng Hawaii ang karamihan sa mga lupaing ito at hindi ibinibigay ang 20% Netong kita nito para sa "PAGPAPABUTI NG MGA KALAGAYAN NG MGA KATUTUBONG HAWAIIAN". Quote mula sa Civil Beat: "Ang kalahati ng populasyon ng walang tirahan ng Oahu ay kinilala ang kanilang sarili bilang NH.". Higit sa 60% ng NH ang umalis sa kanilang sariling bayan:(



PANGALAN NG BALOTA:
**AKINA, Keli'i**
LEGAL NA PANGALAN:
**William Keli'i Akina**

Sa-Malaking Katiwala
www.keliiakina.com
kelii@keliiakina.com
(808) 256-9792

Si Keli'i Akina, Ph.D. ay kasalukuyang Malaking Katiwala ng OHA at Presidente/CEO ng Grassroot Institute. Bilang tagapagbantay at repormador, itinuon niya na ang kanyang sarili sa pagpapanumbalik ng integridad sa OHA at paglaban sa panloloko, pag-aaksaya at pang-aabuso. Naging matagumpay si Katiwalang Akina sa pagtatamo ng independyenteng pagsusuri ng forensic ng OHA at pagpapatupad ng mga pangunahing reporma. Ang misyon ni Akina para sa trust fund ng OHA ay protektahan ang trust, palaguin ang trust, at gamitin ang trust para matugunan ang mga pangangailangan ng mga Hawaiian para sa pabahay, trabaho, edukasyon, at pangangalagang pangkalusugan. Ang Katiwala na si Akina ay independyenteng boses na nagsasalita para sa mga benepisyaryo ng OHA. Nakikipagtulungan din siya sa ibang mga katiwala para matugunan ang mga pangangailangan ng mga Hawaiian at naniniwala siyang posibleng maging puwersa ang OHA para sa kapakanan ng lahat ng tao, kabilang ang mga Hawaiian at hindi Hawaiian. Naglingkod na si Katiwalang Akina sa maraming lupon at organisasyon. Nagtapos siya sa Kamehameha Schools, Northwestern University at sa University of Hawaii.



PANGALAN NG BALOTA:
**APO, Peter**
LEGAL NA PANGALAN:
**Peter K. Apo**

Sa-Malaking Katiwala
peterapoforoha.com
peterapocompany@gmail.com
(808) 256-6191

Isa akong katutubong pinunong Hawaiian na may kredensyal na rekord ng paglilingkod sa mamamayan ng Hawai'i at biniyayaan ng mga posisyong pamumuno sa kasaysayan ng paglilingkod sa loob ng pamahalaang estado at lungsod. Kabilang sa karera ko sa paglilingkod sa pamahalaan ang paglilingkod sa unang Lupon ng Mga Katiwala ng Tanggapan ng Mga Ugnayan sa Hawaii, 12 taon ng paglilingkod bilang mambabatas ng estado, Direktor ng Waikiki Development for the City & County of Honolulu sa ilalim ni Alkalde Jeremy Harris, at Espesyal na Kawani sa Mga Ugnayan ng Hawaii ni Gobernador Ben Cayetano. Bagama't nagbibigay ng maraming serbisyo ang OHA, naniniwala akong lumalayo na ito sa layunin ng pagkakabuo nito sa konstitusyon na pagkaisahin ang komunidad ng Hawaii at paghahangad ng kung anong uri ng pakikipagbati sa pederal na pamahalaan kaugnay ng ilegal na pagpapatalsik noong 1893. Hinding-hindi mabubuo ang Hawai'i hangga't hindi nalulutas ang usaping ito - sa paraang pakikinabangan ng lahat ng mamamayan ng Hawai'i.



PANGALAN NG BALOTA:
**KAHANAMOKU-TERUYA, Patty**
LEGAL NA PANGALAN:
**Patricia A. Teruya**

Sa-Malaking Katiwala
kahanamoku-teruyaforOHA.com
pattyteruya@gmail.com
(808) 723-9161

ALOHA! Patty Kahanamoku-Teruya para Malaking Katiwala ng OHA Ipinanganak at pinalaki sa Hawai'i, ipinagmamalaki ko ang aking lahi bilang Katutubong Hawaiian at Okinawan. Malalim ang ugat ng aking kagustuhang maglingkod sa komunidad, mula sa nanay kong si Joanne Kahanamoku at ang pamilya ng alamat na Duke Kahanamoku hanggang sa tatay kong si George Hitoshi Teruya, na nagmay-ari ng New Eagles Café. Buong buhay ko, naglilingkod na ako sa ating mga isla. Mula sa pagpapakain ng mga gutom kasama ng Hawaii Food Bank hanggang sa pagpapasaya sa pamamagitan ng US Marines Toys for Tots, at pamumuno sa ating mga komunidad bilang tagapangulo ng Wai'anae and Nanakuli-Maili Neighborhood Board nang 29 na taon. Bilang dating Komisyoner ng DHHL na itinalaga ng Gobernador, lagi akong naninindigan para sa ating mamamayan. Sa inyong suporta, kaya nating makamit ang mas matatag na Hawai'i. MAHALO (SALAMAT) at PAGPALAIN KAYO NG DIYOS!




PANGALAN NG BALOTA:
**KALIMA, Leona M.**
LEGAL NA PANGALAN:
**Leona M. Kalima**

Sa-Malaking Katiwala
(808) 457-6013

Walang Isinumiteng Pahayag




PANGALAN NG BALOTA:
**KAWAAUHAU, Larry**
LEGAL NA PANGALAN:
**Larry K. Kawaauhau**

Sa-Malaking Katiwala
larrykawaauhauforoha.com
larry_kawaauhau@yahoo.com
(808) 657-8878

Walang Ipinasang Pahayag



PANGALAN NG BALOTA:
**LEE, Brendon Kalei'aina**
LEGAL NA PANGALAN:
**Brendon Kalei'aina Lee**

Sa-Malaking Katiwala
KALEIAINALEE.COM
LEE4OHA@GMAIL.COM
(808) 220-7835

Bagama't ang OHA ay kumakatawan sa halos 10% lamang ng populasyon ng Hawaii, ang abot nito ay mas malaki. Bilang isang dating OHA Trustee, nagawa kong muling ayusin ang modelo ng pamamahala ng OHA, na nag-update sa mga by-law ng BOT sa unang pagkakataon sa loob ng 13 taon, ilipat ang katutubong Hawaiian trust sa isang modelo ng endowment upang mas mahusay na magamit ang katotohanan na ang OHA ay ang ika-13 pinakamalaking may-ari ng lupa sa estado, at i-orchetrate ang pagkuha ng lupain sa Iwilei ng OHA na nagpapataas ng bakas ng OHA sa loob ng TOD upang tugunan ang kritikal na pangangailangan para sa abot-kayang pabahay. Natulungan ko ang OHA na sumulong habang nahaharap sa pagsalungat mula sa loob ng OHA mula sa mga nakakakita ng mga Katutubong Hawaiian na nananatili sa status quo. Sa tulong ninyo, babalik ako sa OHA at ipagpapatuloy ang mga gawaing kailangang gawin.

HAWAII VOTES



PANGALAN NG BALOTA:
**ALAMEDA, C. Kimo**
LEGAL NA PANGALAN:
**Christian Kimo Alameda**

Alkalde
kimoformayor.com
connect@kimoformayor.com
(808) 345-9280

Aloha Hawai'i Island, Noong Hulyo 1, 2023, umalis ako sa posisyon ko bilang Vice President ng Hawai'i Island Community Health Center upang tumakbo para sa pagka-Alkalde ng Hawai'i County. Libu-libo nang miyembro ng komunidad ang aking nakausap, at lumalaki ang suportang natatanggap sa buong isla. Ang aking plataporma na may tatlong parte, MABUHAY, MAGTRABAHO, MAGLARO ay magbibigay-tuon sa mga pangangailangan ng ating mga residente. Karapat-dapat ako dahil sa... -Pinakamahabang karanasan bilang CEO Leadership at mahigit 30 taon ng paglilingkod sa komunidad ng Hawaii Island. -Nagtrabaho sa 3 antas ng Gobyerno. (County, State, Federal) at Komunidad. -Eksperto sa Kalusugan, Kalusugang Pangkaisipan, Adiksyon, Pagiging Magulang, at Paglutas ng Problema. Alamin ang aking mga prayoridad sa aking website sa kimoformayor.com at sa aking Facebook/IG account @drkimoalameda. Kailangan natin ng pagbabago, ngayon na! Iligtas Natin ang Hawaii At Panatilihin ang Aloha! Mahalo (salamat)



PANGALAN NG BALOTA:
**CUNNINGHAM, Daniel H.**
LEGAL NA PANGALAN:
**Daniel H. Cunningham**

Alkalde
danielhcunningham25@gmail.com
(808) 319-6917

Binayaran ko ang aking mga pautang sa estudyante na mauuwi lang pala sa pagbawi ng lisensya ko sa pagiging doktor dahil sa prolotherapy, isang pinipigilan na agham. May "seasteading" sa Google at "unacknowledged" din sa Youtube. Dapat magkaroon ng alternatibong sistema ng pangangalaga sa kalusugan na kung saan ay may kakayahan akong pamahalaan. Isang pampublikong bono para sa 3d printing at mga pampublikong puno ng prutas na "namumunga" ng trabaho (marami). Ang bangko ng North Dakota ay ang tanging bangkong pag-aari ng estado sa bansa, may kakayahang makabayad ng utang, at mas maraming kita kaysa sa langis. Ang tsarter ng ating county ay "maaaring makipagkasundo para sa anumang kadahilanan". Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng kilalang domain, ang Hawaiian electric ay magiging isang pampublikong yutilidad bilang pampublikong co-op ng Kauai, ang kahoy na mga poste ng telepono ay magiging bakal na may mga skylift zipline. Sama-sama nating maililigtas ang ating food chain.



PANGALAN NG BALOTA:
**KAHIKINA, Kavin H.**
LEGAL NA PANGALAN:
**Kavin H. Kahikina**

Alkalde
kavinkahikina1@gmail.com
(808) 557-9501

Ako ay lokal na batang lalaki na isinilang at lumaki sa moku o keawe. Ang pananaw ko ay tulungan ang mga pamilya ng islang ito na magtagumpay sa pamumuhay sa isang mas magandang buhay. Sama-sama, tayong lahat ay makakagawa ng positibong pagbabago bilang isang Ohana. Salamat sa iyong suporta.



PANGALAN NG BALOTA:
**KAWANO, Yumi T.R.**
LEGAL NA PANGALAN:
**Yumi T.R. Kawano**

Alkalde
yamahilo.wixsite.com/mayorkawano
standtogetherhawaii@gmail.com
(808) 443-9202

Lunes, Mayo 20, 2024 PANANAW: Dapat tayong "Maging ang Pagbabago upang Gumawa ng Pagbabago" na 'di pa nangyayari dati, tayong lahat. Kung aalagaan natin ang ating mga lupain at karagatan, aalagaan din nila tayo. Ang Isla ng Hawaii ay magiging isang pangunahing bahagi ng layunin ng mundo ng muling pagtatanim ng puno sa ating Daigdig sa 2050 (1t.org). Ang pagpapanumbalik ng mga Katutubong puno sa buong isla, lalo na ang tuyong kanlurang bahagi, ay maiiwasan ang nagngangalit na sunog at mapapanatiling ligtas ang mga komunidad. yamahilo.wixsite.com/mayorkawano LAYUNIN: *Tulungan at Bigyang Kasangkapan ang bawat komunidad para maging handa sa emergency na kalamidad *Magtatag ng bukas na dayalogo ng komunikasyon sa pagitan ng lahat ng departamento ng county, alkalde, at sa mga mamamayan para gumawa ng mga pagpapahusay *Muling itatag ang mga Komite sa Pagkilos ng Mamamayan sa komunidad para sa pagpaplano ng pag-unlad ng komunidad *Magbigay ng mga insentibo para sa pag-recycle at muling paggamit ng basura at pagtatanim mga katutubo. Mga Giveaway Center sa mga dump site upang mabawasan ang basura. *Tulungan ang mga komunidad na bumuo ng mga ecotourist na negosyo at nonprofit MGA KREDENSYAL: *Educator, *Beterano ng Militar/Tagapagtaguyod ng Pamilya ng estado ng Hawaii *Wildlife Biologist *Pagpapanumbalik ng mga bihirang rainforest, Alaula Kipuka Refuge, yamahilo.wixsite.com/akrefuge



**PANGALAN NG BALOTA:**
## KOBAYASHI, Breeani R.P.
**LEGAL NA PANGALAN:**
### Breeani R.P. Kobayashi

Alkalde
breeanik@aol.com
(808) 557-0880

Ang pangarap ko ay maiangat ang ating Komunidad ng Big Island at maiuna ang ating mamamayan. Nangangarap ako ng komunidad na yumayakap at ginagawang prayoridad ang pakikilahok ng komunidad. Nangangarap ako ng komunidad na malusog, buhay na buhay, at mahalaga sa mga pinuno. Nangangarap ako ng komunidad kung saan abot-kaya ang pabahay at hindi kailangang umalis ng mga lokal na pamilya at napapalaki nila ang mga anak nila sa Hawaii. Nangangarap ako ng komunidad na nagkakaloob ng sustainable na pamumuhay at nagpepreserba sa pamana at kultura ng Hawaii sa pamamagitan ng sustainabiltiy ng pagkain. Nangangarap ako ng komunidad na ligtas, kung saan nararamdaman ng mga bata at guro na ligtas silang pumasok sa eskwelahan at mayroon silang pantay na oportunidad para gawin iyon. Nangangarap ako ng komunidad na hindi napipigilan, ng county kung saan ipinagmamalaki ng mamamayang doon siya naninirahan, kung saan ang mahihirap ay may access sa pangangalaga at pagpapagamot at kung saan pinakikinggan at may kapangyarihan ang ating mga residente na maisama sa pagdedesisyon para sa maunlad na komunidad.



**PANGALAN NG BALOTA:**
## ROTH, Mitch
**LEGAL NA PANGALAN:**
### Mitchell D. Roth

Alkalde
mitchroth.org
mitchroth.chair@gmail.com
(808) 989-0385

Ang paglilingkod bilang inyong alkalde ay isang habambuhay na karangalan. Mula noong 2020, nagtrabaho kami upang lumikha ng isang sustainable na Isla ng Hawai'i kung saan maaaring umunlad ang mga susunod na henerasyon. Sa pamamagitan ng aming unang termino, nakatuon kami sa pagbuo ng mga tahanan para sa mga lokal na pamilya, pagpapahusay ng kritikal na imprastraktura, at pagpapayaman ng mga mapagkukunan ng komunidad upang itaas ang kalidad ng buhay para sa lahat ng residente. Pinalawak ng aming mga pagsisikap ang pipeline ng abot-kayang pabahay sa mahigit 8,200 bahay at binago ang aming proseso sa pagpapahintulot ng gusali mula sa pinakamasama sa bansa tungo sa pinakamaganda sa estado. Pagsapit ng Disyembre, maaayos na natin ang higit sa 100 milya ng mga kalsada sa buong isla at sisimulan ang pinakamalaking proyektong imprastraktura sa kasaysayan ng county sa pamamagitan ng pagsusuring mabuti sa Hilo Wastewater Treatment Plant. Pinalaki din namin ng apat na beses ang badyet sa pagpapanatili ng mga Parke para mapahusay ang access, amenities, at kaligtasan para sa lahat. Sa inyong suporta, magpapatuloy kami sa paglalaan ng atensyon sa mga tao at lugar na siyang nagpapa-espesyal sa ating isla. Mahalo (Salamat) sa inyong konsiderasyon.



**PANGALAN NG BALOTA:**
## TUPAI, Jr
**LEGAL NA PANGALAN:**
### Seaula Tupai Jr.

Alkalde
votetupai.com
tupai4hawaii@votetupai.com
(808) 888-8454

Mula noon hanggang ngayon, mahal na mahal na ni Jr ang mga tao sa ating komunidad. Matapos ang ilang taong karanasan ng pagtuturo bilang instructor sa Hawai'i National Guard Youth Challenge Academy Hilo Campus nang labing-isang (11) taon, pagiging coach ng football sa Kamehameha Schools Hawai'i Campus at Hilo High School nang sampung (10) season, at pagpapastor sa Overcoming Faith Center, isang maliit na simbahan sa Pana'ewa; ang focus niya noon pa man ay maghatid ng mga positibong pagbabgo sa buhay ng mga pamilya, sa ating kupuna, at sa susunod na henerasyon. Ang matinding dedikasyon, kaseryosohan, at debosyong ito ang nagtutulak sa kanyang makipagsapalaran para sa positibo at pasulong na pagbabago para sa mamamayan ng Hawai'i County. Hindi pulitiko si Jr, pero itinuturing niya ang sarili niyang tagapaglingkod ng mamamayan ng Hawai'i. Salamat sa inyong konsiderasyon na gawing susunod na Alkalde ng Hawai'i County si Jr Tupa'i. Mahalo (salamat) at aloha!

HAWAII VOTES



PANGALAN NG BALOTA:
**WALTJEN, Kelden Braun Akoni**
LEGAL NA PANGALAN:
**Kelden Braun Akoni Waltjen**

Nag-uusig na Abogado
keldenforprosecutor.org
keldenforprosecutor@gmail.com
(808) 938-8535

Aloha! Isang karangalan ang maglingkod bilang inyong Tagausig simula pa noong Disyembre 2020. Ako ay ipinanganak at lumaki sa Isla ng Hawai'i. Nagtapos ako sa St. Joseph's School, UH Hilo, at UH Richardson School of Law. Nag-clerk ako para kay Associate Justice Pollack sa First Circuit Court at Supreme Court bago umuwi sa Hilo noong 2012 upang magsilbi bilang Deputy Prosecutor. Bilang Tagausig, ipinaglaban ko ang hustisya, pinanagot ko ang mga nagkasala, at sinuportahan ko ang mga biktima. Sa panahon ng terminong ito, ako ay (1) humingi ng mas matitinding parusa para sa malubha, marahas, at paulit-ulit na nagkasala, (2) nagsulong ng rehabilitasyon at paggamot para sa mga dumaranas ng pagkagumon at sakit sa isip, at (3) gumamit ng mga mapagkukunan tungo sa pag-iwas, edukasyon, at muling pagsasama. Pinahusay ko rin ang multiagency na pakikipagtulungan sa pagpapatupad ng batas at nagtaguyod para sa mga kinakailangang reporma upang mabawasan ang krimen. Patuloy kong uunahin na gawin ang Isla ng Hawai'i na isang mas mahusay at mas ligtas na lugar. Mapagkumbaba kong hinihingi ang inyong suporta.

HAWAII
VOTES

HAWAII
VOTES

HAWAII
VOTES



PANGALAN NG BALOTA:
**ANDERSON, Brittany**
LEGAL NA PANGALAN:
**Brittany P. Anderson**

Miyembro ng konseho, Distrito 1
www.core24.org
brittanypanderson@gmail.com
(808) 987-7110

Kilalanin si Brittany P. Anderson, isang makapangyarihang tagapaghatid ng pagbabago sa agrikultura ng Hamakua. Bitbit ang malawak na karanasan sa publishing, e-commerce, at pamumuno sa pangkat ng medikal, bagong pananaw ang dala ni Brittany pagdating sa mga usaping pangkomunidad. Ibinida ng kanyang trabaho sa Ke Ola magazine ang kanyang kasigasigang magkuwento at makisangkot sa komunidad. Ang misyon ni Brittany ay matiyak na may access ang bawat indibidwal sa mga pangangailangan gaya ng ligtas na tubig, matibay na imprastruktura, at abot-kayang pabahay. Determinado siyang baguhin ang mga batas sa zoning at dagdagan ang imprakstruktura upang suportahan ang mga pamilya sa kanayunan ng Hamakua Coast. Kay Brittany, hindi lang pinuno ang makukuha ninyo – makukuha ninyo ang walang pagod na tagapagtaguyod ng ligtas na mga komunidad, maaasahang utilidad, at abot-kayang pabahay. Dahil sa malalim na pagkakaugnay ni Brittany sa Hamakua, determinado siyang magbuo ng sustainable na kinabukasan para sa lahat. Samahan si Brittany sa paghuhulma ng maunlad na komunidad kung saan yumayabong ang lahat. Matuto pa sa: https://www.core24.org



PANGALAN NG BALOTA:
**KIMBALL, Heather L.**
LEGAL NA PANGALAN:
**Heather Leigh Kimball**

Miyembro ng konseho, Distrito 1
voteforkimball.com
heather@voteforkimball.com
(808) 333-1535

Si Heather Kimball ay kasalukuyang naglilingkod bilang Tagapangulo ng Konseho ng Konseho ng County ng Hawaii. Siya ang Pangulo ng Hawaii State Association of Counties at Bise Tagapangulo para sa Environment Energy and Land Committee at ang Resilient Counties Advisory Board ng National Association of Counties. Si Heather ay hinirang din sa EPA Local Government Advisory Committee. Si Heather ay may bachelor's in biology, master's sa environmental science at kasalukuyang nag-aaral ng PhD in public policy and administration. Pinangunahan ni Heather ang mga inisyatiba upang bawasan ang mga gastos at pataasin ang access sa abot-kayang pabahay para sa mga lokal na residente, protektahan ang mga lupang pang-agrikultura at isulong ang produksyon ng lokal na pagkain, at pataasin ang kahusayan at kalinawan ng pamahalaan. Nilikha niya ang Office of Climate, Equity, Sustainability, and Resilience in the County upang ihanay ang mga pederal na dolyar mula sa mga programa ng AJA at IRA. Nagdala rin si Heather ng milyun-milyong dolyar sa County na nakikipagtulungan sa mga kasosyo sa estado at pederal upang tugunan ang imprastraktura.




PANGALAN NG BALOTA:
**PENN, BJ**
LEGAL NA PANGALAN:
**Jay D. Penn**

Miyembro ng konseho, Distrito 1
bjpenn.com
(808) 238-4512

Walang Isinumiteng Pahayag

HAWAII VOTES



PANGALAN NG BALOTA:
**BAUTISTA, Blaine Kenji**
LEGAL NA PANGALAN:
**Blaine K. Bautista**

Miyembro ng konseho, Distrito 2
blaine4hawaiicounty@gmail.com

Aloha, ako si Blaine Bautista, at tumatakbo ako para sa posisyon sa Konseho ng County na kumakatawan sa Distrito 2. Ipinagmamalaki kong nagmula ako sa Hilo, at nakapagtapos ng pag-aaral sa Waiakea High School noong 1998. Ipinagmamalaki ko ang pagiging maaasahan, malalapitan, at dedikado ko sa mga prinsipyong pampamilya. Nakapagtamo ako ng Associate in Science degree in Information Technology sa Hawaii Community College, na sinundan ng Bachelor's of Science in Business Administration nang nakatuon sa Computer Information Systems sa Hawaii Pacific University. Bilang dagdag, nagtamo ako ng Master's in Business Administration nang nakatuon sa Information Systems mula sa City University. Mahilig akong magboluntaryo at naniniwala ako sa pagbibigay sa komunidad sa tuwing maaari. Mahusay ako sa paglutas ng problema, kaya naghahangad akong magkapuwesto sa konseho ng county. Hangad kong matugunan ang mga usaping kinakaharap ng ating komunidad at makipagtulungan upang makahanap ng mga mabisang solusyon para sa Big Island.



PANGALAN NG BALOTA:
**KAGIWADA, Jennifer (Jenn)**
LEGAL NA PANGALAN:
**Jennifer L. Kagiwada**

Miyembro ng konseho, Distrito 2
friendsofjennkagiwada.com
jennkagiwada@gmail.com
(808) 238-2886

Aloha, ako si Jenn Kagiwada. Ang Hilo (Distrito 2) ay isang espesyal na lugar at marami akong natutunan sa aking unang termino. Ito man ay pagpapataas ng badyet upang pamahalaan ang ating mga alagang hayop sa pamamagitan ng pag-spay at neutering (pagtanggal ng matris ng babaeng hayop at ang pag-alis ng mga testes sa isang lalaking hayop), pagtiyak ng mga pederal na dolyar upang bumuo ng isang nakabatay sa komunidad na Hilo Bay Watershed Plan, o pakikipagtulungan sa Estado upang magdala ng pondo para sa mga serbisyo sa walang tirahan at ang Hilo Skate Complex, naging masigasig ako sa paglutas sa mga pangunahing hamon na kinakaharap ng ating komunidad. Handa akong tumulong sa mga pang-araw-araw na isyu tulad ng mga lubak at mga ilaw sa kalye at nagsusumikap akong panatilihin alkam ninyo ang tungkol sa negosyo ng konseho at mga kaganapan sa komunidad. Kung muling mahalal, ako ay patuloy na magtatrabaho upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga tao sa Hilo at para sa ikabubuti ng ating isla. Mapagpakumbaba kong hinihiling ang inyong boto upang magpatuloy na kumatawan sa inyo sa Konseho ng County ng Hawaiʻi.



PANGALAN NG BALOTA:
**MANIPOL, Grace**
LEGAL NA PANGALAN:
**Jocelyn Grace Dei Y. Manipol-Larson**

Miyembro ng konseho, Distrito 2
www.gracemanipol.com
raven_reuboni@yahoo.com
(808) 640-1540

Aloha mga residente at botante ng Distrito 2 ng Hilo. Ang legal kong pangalan ay Jocelyn Grace Dei Y. Manipol-Larson, ang pangalan ko sa balota ay GRACE MANIPOL- para mas madali. Kung gusto mong malaman pa ang aking plataporma ng gobyerno, pakibisita ang www.gracemanipol.com. Maaari kayong magmungkahi o magpaabot ng opinyon sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa amin. Ang email address ko ay raven_reuboni@yahoo.com. Kung kailangan ninyo akong makausap agad, mangyaring tumawag sa (808)640-1540. Nawa'y magkaroon kayong lahat ng malusog at positibong pananaw sa buhay sa kabila ng nangyayari ngayon sa buong mundo. Nananalangin ako sa Diyos, kay Hesu Kristo at sa Banal na Espiritu na malampasan natin ang napakahirap na sitwasyong ito na kinahaharap ng ating bansa. Kailangan nating magtulungan at magbigay ng ating opinyon para sa Hawaii. Sama-sama tayo rito. Bawat isa sa atin ay may papel, at bawat papel ay mahalaga. Mangyaring iboto si GRACE MANIPOL! MAHALO!



PANGALAN NG BALOTA:
**NAPOLEON, Gary, Jr. (Gigi)**
LEGAL NA PANGALAN:
**Gary A. Napoleon Jr.**

Miyembro ng konseho, Distrito 2
gigi4district2@gmail.com
(808) 494-2423

Ang aking misyon ay igalang at iangat ang ating komunidad. Sa pamamagitan ng pagtutulungan, nilalayon kong magdala ng pagpapanumbalik sa iba't ibang lugar ng ating distrito, na may espesyal na pagtutok sa pagpapasigla sa Downtown Hilo. Nakatuon ako sa ating komunidad at tinitiyak ang tagumpay ng mga lokal na negosyo, pagpapalago ng maunlad na kapaligiran para sa lahat.



PANGALAN NG BALOTA:
**CHANG, Kelton**
LEGAL NA PANGALAN:
**Kelton K. Chang**

Miyembro ng konseho, Distrito 3
keltscha@yahoo.com
(808) 960-0909

Ako si Kelton Kuuelani Chang, dedikadong propesyonal na nakaugat na ang buhay sa Puna at Hilo area ng Big Island ng Hawaii. Nang makatapos sa Waiakea High School noong 1992, itinuloy ko ang pag-aaral sa Hawaii Community College (HCC), at nag-specialize sa Autobody Repair and Painting at nagtapos noong 1994. Nagtrabaho ako sa Ace Auto Glass Inc, bilang tekniko sa huling taon ko sa kolehiyo, at pagkatapos noon ay na-promote bilang branch manager, kung saan inilaan ko ang 30 taon ko sa isang lokal na negosyong malaki na ang iniunlad. Dahil sa tuloy-tuloy kong pag-unlad, nasangkot ako sa Junior Chamber of Commerce "HILO JAYCEES" chapter at marami pang ibang organisasyon, kung saan nagtamo ako ng personal na karanasan kasama ang mga opisyal ng komunidad, mga kaganapan ng pamahalaan, at mga lokal na negosyo. Sa kasalukuyan, ako ang presidente at coordinator ng ika-2 pinakamalaking event sa east Hawaii, The Hawaii County Fair, na 74 na taon nang Hallmark event ng ating isla.



PANGALAN NG BALOTA:
**ONISHI, Dennis (Fresh)**
LEGAL NA PANGALAN:
**Dennis M. Onishi**

Miyembro ng konseho, Distrito 3
(808) 443-9282

Aloha Ako si Dennis "Fresh" Onishi, dating Miyembro ng Konseho ng Distrito 3 at dating kinatawan ni Gobernador Ige sa East Hawaii. Hinahangad kong maihalal sa Konseho ng County Distrito 3. Matapos kong magtrabaho at mag-volunteer para sa mamamayan ng Hawai'i, pakiramdam ko, ako ang pinakakwalipikadong kandidato para katawanin kayo at ang Distrito 3. Naglingkod ako nang 21 taon sa P&R at HI-PAL Program, 8 taon sa Konseho ng Distrito 3 at 4 1/2 taon bilang Kinatawan ni Gob sa East Hawaii. Mahigit 40 taon ng pagboboluntaryo sa Boys and Girls Club at Pi'opi'o Bears Athletic Assn. Sa pamamagitan ng mga "Sariwang" ideya, mas magiging sustainable ang ating komunidad, na siyang magpapaunlad naman sa ating kapaligiran, magiging daan para mas maging mabubuhay sa ekonomiya ang mga negosyo sa ating komunidad, at mas maging responsable sa lipunan ang ating komunidad. Kabilang sa mga magiging prayoridad ko ang mga usapin sa kawalan ng tirahan at karahasan sa pamilya. Kapag naihalal, ako ang iyong magiging Full-Time na Miyembro ng Konseho, at magsusumikap akong paglingkuran kayo!



PANGALAN NG BALOTA:
**ROBINSON, Kaloa**
LEGAL NA PANGALAN:
**Kaloa R.N. Robinson**

Miyembro ng konseho, Distrito 3
robinsoncc3@gmail.com
(808) 981-8283

Naniniwala ako na ang isla ng Hawai'i ay nasa kritikal na yugto ng kasaysayan nito. Nangangampanya ako bilang Kandidato para sa Konseho ng County ng Hawai'i, Distrito 3, dahil sa malalim na kaseryosohan at aloha sa aking Komunidad at sa ating Isla. Naniniwala ako na kung determinado at may kakayahan ka – maghahanap ka ng mga oportunidad para magamit ang iyong mga kakayahan para sa pagpapaunlad ng iyong komunidad. Kung iyan man ay sa pamamagitan ng paglilinis sa paligid ng The Children's Justice Center, pagsuporta at paglikom ng pondo para sa taunang Hilo Relay for Life event, o pagiging Komisyoner ng Pulisya o Sunog, inilalaan mo ang iyong oras sa pagsuporta sa mga pagsisikap na sa palagay mo ay may malaking epekto at mahalaga sa iyong komunidad. Mangyaring bisitahin ang aking campaign website: kaloarobinson.com para sa mas detalyadong impormasyon tungkol sa aking pagkandidato. Makakakita kayo ng mga larawan at makakakuha ng ideya kung "Bakit" ako kumakandidato para sa posisyong ito sa Hawaii County Council.



PANGALAN NG BALOTA:
**TURALDE, Leomana**
LEGAL NA PANGALAN:
**Rhon I.L. Turalde**

Miyembro ng konseho, Distrito 3
leomanat@gmail.com
(808) 308-4194

Tumatakbo ako dahil lubos akong nakatuon sa paglilingkod at pagpapabuti ng buhay ng mga tao sa ating komunidad. Ang mga karanasan ko bilang isang Entrepreneur, isang pinuno ng pangkat ng hukbo, isang scientist, isang engineer, isang ama, at isang visionary ay humubog sa aking pananaw at nagtanim sa akin ng isang malakas na pakiramdam ng responsibilidad tungo sa pagtiyak ng isang mas magandang kinabukasan para sa Distrito 3. Naniniwala ako sa kapangyarihan ng pamumuno na nakabatay sa mga halaga ng ohana, kuleana, at kulana, at hinihimok ako ng tunay na pagnanais na magkaroon ng positibong epekto at itaguyod ang mga pangangailangan ng ating magkakaibang komunidad.



PANGALAN NG BALOTA:
**KIERKIEWICZ, Ashley**
LEGAL NA PANGALAN:
**Ashley L. Kierkiewicz**

Miyembro ng konseho, Distrito 4
ashley4puna.com
ashley4puna@gmail.com
(808) 989-4004

Ipinanganak at lumaki sa Isla ng Hawai'i, mapalad akong palakihin ang aking mga anak sa Puna kasama ang aking kapareha, isang bumbero ng County. Mapagpakumbabang pribilehiyo ko na makapalingkod sa ating komunidad sa isla bilang Miyembro ng Konseho mula pa noong 2018, na nagbibigay ng pamumunong epektibo at hinihimok ng aloha sa mga mahahalagang panahon. Sa kabuuan ng aking panunungkulan, nakalikha ako ng mga proyekto, patakaran, at programa na nagpapasigla sa Puna at Isla ng Hawai'i sa kabuuan. Mula sa nangungunang mga pagsisikap sa pagbangon sa pagsabog sa pakikipagtulungan sa komunidad at pagtatatag ng mga patakaran at pagpopondo para sa magkakaibang mga opsyon sa pabahay, hanggang sa pagsiguro ng mga pederal na gawad para sa mga inisyatiba sa katatagan at pagpupulong ng mga summit sa kaligtasan ng publiko at mga sistema ng pagkain, naghahatid ang aming tanggapan ng mga nakikitang resulta. Sa pagharap natin sa kinabukasan, ganado akong magpatuloy na maging tagapagtaguyod para sa ating mga tao at 'āina, na nagsusulong ng mga pagkakataong matuto, magtrabaho, lumikha, at maglaro malapit sa tahanan habang pinapanatili ang ating isla na isang espesyal na lugar.

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES



PANGALAN NG BALOTA:
**KANEALI'I-KLEINFELDER, Matt**
LEGAL NA PANGALAN:
**Matthew A. Kanealii-Kleinfelder**

Miyembro ng konseho, Distrito 5
punamatters@gmail.com
(808) 756-3933

Si Matt Kanealii-Kleinfelder ay nakatira sa Ola'a at kasalukuyang Konsehal para sa Distrito 5. Siya ay isang Ama ng tatlong anak at may-ari ng maliit na negosyo na may karanasan sa mga trade at serbisyo sa kostumer. Patuloy niyang itinataguyod ang edukasyon, sining at agrikultura. Bilang tugon sa mga alalahanin ng komunidad, dinagdagan ni Matt ang mga Posisyon ng Pulisya sa Puna, nagpasa ng mga batas na nagpapahintulot sa Pagpapanatili ng County ng mga pribadong kalsada, pinahusay ang Stainback Highway, at nagbigay ng libreng paghila ng mga Inabandunang Sasakyan mula sa pribadong ari-arian. Pinasimulan niya ang Bagong Istasyon ng Pulisya at Bumbero sa Kea'au, bagong Kea'au Community Center, Shipman Park Master plan, at isang bagong Kea'au Mass Transit Hub. Dahil sa lumulobong paglaki ng populasyon sa ating lugar, naiintindihan niya ang kahalagahan ng pagpaplano ng mga legasiyang proyekto para sa ating mga susunod na henerasyon. Si Matt ay isang mapagkumbabang kandidato na may integridad at ang tanging kandidato na epektibong nakagawa ng mga pagbabago na nagpapataas ng kalidad ng ating buhay! Mahalo at IBOTO SI MATT!



PANGALAN NG BALOTA:
**RODENHURST, Ikaika**
LEGAL NA PANGALAN:
**Steven Ikaika Rodenhurst**

Miyembro ng konseho, Distrito 5
ikaikarodenhurst.com
ikaika.rodenhurst@gmail.com
(808) 203-7450

Aloha! Ako si Ikaika Rodenhurst at tumatakbo ako para maging Miyembro ng konseho ng County ng Hawaii para sa Distrito 5, ang Puna Mauka. Narito ako para magdala ng pag-asa sa Puna sa panahong kailangan natin ng pamunuang magpapakita at makikipaglaban para sa mas maunlad na Puna. Isa akong ama sa tatlong anak, coach sa football, at lisensiyadong civil engineer. Isinasapuso ko ang mga prinsipyo ng integridad, determinasyon, at compassion. Nasa unahan ng mga prayoridad ko ang pagpapaunlad ng imprastruktura, pagbuo ng katatagan ng komunidad at pagpapahusay ng kaligtasan ng publiko. Mahusay akong makipagtulungan, at handa at kaya kong makipagtulungan sa kahit kanino para matugunan ang mga pangangailangan ng ating komunidad. Sinumang miyembro ng konseho, alkalde, mambabatas, administratibong opisyal, negosyo, o mamamayan. Nasa iisang bangka tayong lahat at kailangan nating magtulungan sa pagsagwan upang maisulong ang ating Hawaii island at makapagbigay ng oportunidad at kinabukasan para sa ating mga anak at mga darating na henerasyon. Mapagkumbaba kong hinihingi ang inyong boto



PANGALAN NG BALOTA:
**TAYLOR, Haylie L.**
LEGAL NA PANGALAN:
**Haylie  Taylor**

Miyembro ng konseho, Distrito 5
misshaylie@hotmail.com
(360) 391-3927

Nakatira kami ng aking asawa sa aming maliit na bukid sa Eden Roc kasama ang aming bunsong anak na babae. Ako ay isang ina ng apat, isang asawa sa loob ng dalawampu't dalawang taon, at may panghabambuhay na pangako sa paglilingkod. Ang pagpapatakbo ng BMX team at track, isang tapat na foster parent at pagsuporta sa mga biktima sa Battered Women's ay ilan lamang sa mga organisasyong pinaglaanan ko ng aking buhay. Isa akong superbisor sa isang casino at isang kinatawan ng unyon sa panahon ng pakikipagkasundo sa kontrata. Kami ng aking asawa ay mga bagong may-ari ng maliit na negosyo at umaasa na makapag-ambag sa mga mapagkukunang lubhang kailangan sa Hawaii. Sa karanasan sa pagpapatakbo ng malalaking organisasyon, alam ko kung paano maghatid ng mga resulta habang nangunguna nang may pagdamay. Bilang isang residente ng Puna, naiintindihan ko ang mga pakikibaka ng pang-araw-araw na buhay nang walang maayos na imprastraktura. Higit pa rito, ang hamon na magplano at bumuo ng naaayon.



PANGALAN NG BALOTA:
**TOLENTINO, Aaron**
LEGAL NA PANGALAN:
**Aaron L. Tolentino**

Miyembro ng konseho, Distrito 5
friendsofaarontolentino@gmail.com
(808) 229-8769

Si Aaron Tolentino, isang katutubo ng Big Island, ay maagang namulat sa pamumuno at responsibilidad sa buhay. Pinalaki siya ng ina niyang nabiyuda kasama ng kanyang nakababatang kapatid na si Aric. Nagtapos sa Hilo High School, dinala si Aaron ng kanyang pakikipagsapalaran sa napakagandang karera sa United States Navy, na minarkahan ng serbisyo sa Iraq at pagiging tagapayo ng susunod na henerasyon ng mga Hawaiian sailor, kabilang ang tatlong anak niyang lalaki: Sina Kane, Kaynen, at Keynen. Pagkatapos magretiro, nagtransisyon si Aaron sa tungkulin bilang Superbisor ng Awtoridad ng Pampublikong Pabahay ng Hawaii. Dito, siya ang namamahala sa pagkakaloob ng Pampublikong Pabahay para sa mga Mababa ang Kita, kung saan nag-aambag siya sa kaayusan ng komunidad. Isang natural na pinuno, nananatiling dedikado si Aaron sa paglilingkod sa publiko, determinadong makapaghatid ng positibong pagbabago. Sa kanyang matibay na karanasan sa mga tungkulin sa militar at bilang sibilyan, handa siyang ipagpatuloy ang kanyang pangakong maglingkod sa iba.



PANGALAN NG BALOTA:
**TORRES, Sysha-Marie**
LEGAL NA PANGALAN:
**Sysha-Marie Pualani Torres**

Miyembro ng konseho, Distrito 5
hardheadedhawaiianz@gmail.com
(808) 865-8680

Aloha, Sysha-Marie Torres ang pangalan ko. Pinalaki ako at kasalukuyang naninirahan sa Puna. Ang mamuhay at magtrabaho sa isa sa mga pinaka-hindi maunlad na distrito sa Hawaii County ay napatunayan na sadyang napakahirap sa pag-access sa mga mahahalagang mapagkukunan na lubhang kailangan ng ating mga komunidad, upang umunlad. Kapag nahalal sa katungkulan, sisiguraduhin kong ang ating mga propesyonal sa komunidad ay may wastong pinag-aralan at may kagamitan, upang matanggap natin ang lahat ng tulong na nararapat sa atin. Higit pa rito, nilalayon kong tulungan din ang ating mga kalapit na distrito, na lumikha ng isang mas mahusay at mas magandang kinabukasan para sa ating Hawaii nei, "ʻAʻohe hana nui ke alu ʻia", dahil walang gawaing masyadong malaki kapag ginawa nang magkakasama! Mahalo no at sumaatin palagi nawa ang Panginoon.

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES



PANGALAN NG BALOTA:
**BURNS, Marie J.**
LEGAL NA PANGALAN:
**Marie Jeanette Burns**

Miyembro ng konseho, Distrito 6
marielehuakea@aol.com
(808) 313-1944

Ano ang gusto ng mga tao at paano ko sila maitataguyod. Kailangan kong bumuo ng isang relasyon sa aking mga nasasakupan upang magkasama tayong makabuo ng mga solusyon. Mahilig akong makisalamuha, ipinanganak at lumaki sa aking distrito at mahilig magkuwento. Palagi akong naghahanap ng hooponopono, nagpapagaan ng mga pagkakaiba at naghahangad na magdala ng pagkakaisa. Tulad ng nasa isang canoe, nagtutulungan at iniiwan ang mga personal na pagkakaiba sa labas ng canoe, habang tumutuon sa iisang layunin ay siyang pinakamahalaga. Lahat tayo ay kailangan sa ating komunidad at bawat isa sa atin ay may maiaambag sa kabuuan. Habang pinapagaling natin ang ating mga sarili patungo sa pagpapatawad at isinasantabi ang nakaraan, gayundin ang mangyayari sa ating canoe na walang kahirap-hirap na gumagalaw habang suot natin ang lei ng tagumpay. Imua kakou! Aloha Aina! Kapu Aloha! Mula sa Kealakekua kung saan ako ipinanganak upang lampasan ang Volcano, Alooooha! Available ako na paglingkuran kayo!



PANGALAN NG BALOTA:
**GALIMBA, Michelle M.**
LEGAL NA PANGALAN:
**Michelle M. Galimba**

Miyembro ng konseho, Distrito 6
michelle@kuahiwiranch.com
(808) 430-4927

Aloha! Naging malaking karangalan ang pagkakahalal sa akin bilang Miyembro ng konseho ng ating napakadakilang distrito noong 2022. Naging pribilehiyo para sa akin nitong nakalipas na 18 buwan ang "matutunan ang kalakaran" ng paglilingkod sa komunidad sa pamamagitan ng posisyong ito. Hangad kong muling maihalal para sa ikalawang dalawang-taong termino upang magamit ko ang karanasang natamo ko noong unang termino para mas mahusay na mapaglingkuran ang ating komunidad. Noong unang termino ko, itinaguyod ko ang mga pangangailangan ng ating distrito at nakipagtulungan ako sa aking mga kapwa Miyembro ng konseho upang makapaghatid ng mga positibong pagbabago sa ating komunidad. Halimbawa, nanindigan kami para sa lubhang kinakailangang Ahensya ng Pagkontrol at Proteksyon ng Hayop para matugunan ang agarang mga pangangailangan ng mga hayop at tao. Pinakamataas na prayoridad ko pa rin ang pag-aangat ng mga pangangailangan ng malalayong distrito natin at umaasa akong pag-iisipan ninyong suportahan ang muling paghahalal sa akin nang sa gayon ay patuloy kong mabigyan ng diin ang mga pangangailangang iyon at mapaglingkuran ko kayo.



PANGALAN NG BALOTA:
**JONES, Kyle K.**
LEGAL NA PANGALAN:
**Kyle K. Jones**

Miyembro ng konseho, Distrito 6
kylekjones@gmail.com
(808) 785-4881

Habambuhay nang nakatira sa Hawaii, si Kyle Jones ay isinilang sa Kealakekua at nag-aral sa mga lokal na pampublikong paaralan—mula sa Ho'okena Elementary hanggang sa UHH–at nakapagtamo ng bachelor's degree in political science noong 2017. Bilang intern sa kongreso sa tanggapan ni Senator Brian Schatz' sa Washington, D.C., , tumulong si Kyle sa mga tagapayo sa polisiya pagdating sa pananaliksik para sa badyet, maikling impormasyon at gawaing mga paglalaan, kabilang ang pagtitipon ng mga nakaraang alokasyon ng badyet para sa mga programang pangkaragatan at pangkapaligiran para masuri ang mga potensiyal na kalakaran sa pagpopondo ng Hawaii. Ang layunin ni Kyle para sa Distrito 6 ay makakapagpahusay ng mga pangunahing serbisyo para maisama ang mas malinis na patubig, mas maayos na pamamahala sa basura at mas ligtas na mga kalsada. Umaasa siyang mapasimple ang mga kinakailangan para sa pagkuha ng permit upang mapahintulutan ang mas mabilis at mabisang pag-apruba sa mga proyekto. Gagawin niyang prayoridad ang pagiging nalalakad, nabibisikleta, at natitirhan ng ating mga bayan. Gusto rin ni Kyle na mamuhunan pa sa mga pampublikong parke sa malaking distritong ito dahil kulang at luma na ang mga kasalukuyang makikita rito. Panahon na para makatanggap ng mas malaking pansin mula sa Hawaii County ang Distrito 6.



PANGALAN NG BALOTA:
**KAILIAWA-SMITH, Ikaika**
LEGAL NA PANGALAN:
**Ikaika K. Kailiawa-Smith**

Miyembro ng konseho, Distrito 6
ahiuranch@gmail.com
(808) 209-3611

Tayo ang mamamayan, Para sa mamamayan, Mula sa mamamayan. Tayong mamamayan ay karapat-dapat sa mas maayos na pamamalakad, karapat-dapat tayong magkaroon ng kinatawan sa lahat ng aspeto ng pamahalaan, karapat-dapat tayo sa mas mababang buwis, mas murang pabahay, mga pagkaing nagmula sa sariling tanim. Karapat-dapat ang ating mga anak sa mga paaralang walang asbestos at amag kung saan maaari silang umunlad at matuto. Karapat-dapat ang ating mga retirado sa masayang buhay na pinaghirapan nila at hindi mabuwisan sa tahanang nabayaran na nila. Hindi dapat nagbabayad ang mamamayan ng Hawai'i ng malalaking halaga para magparehistro ng sasakyan habang nagmamaneho sa mga lubak-lubak na kalsada. Hindi na dapat kailangang makipaglaban ng mga Hawaiian na manatili sa lupaing ipinangako sa kanila ni prince Kuhio. Kung wala ang mga tagalokal na iba't iba ang lahi, hindi magiging Hawai'i ang Hawai'i. Umaasa akong mapaglilingkuran ko ang mamamayan ng Hawai'i at mapaunlad ito para sa ating mga anak at mga nakatatanda. Maraming salamat sa inyong boto. Ikaika kailiawa-smith



PANGALAN NG BALOTA:
**HEWLEN, Zahz Manawapou**
LEGAL NA PANGALAN:
**Zahz Manawapou HewLen**

Miyembro ng konseho, Distrito 7
zahzhewlen@gmail.com
(808) 987-1368

Aloha kākou! Ikinararangal kong ituloy ang paglilingkod sa publiko bilang Miyembro ng konseho ng County ng Distrito 7, at nangangako akong paglilingkuran ang ating komunidad nang may Aloha. Bilang katutubong Hawaiian na ipinanganak at pinalaki sa Kailua-Kona, alam ko ang mana, kultura, at lupaing dahilan kung bakit napakaespesyal ng ating tahanan. Gamit ang karanasan kong manirahan sa labas ng Hawai'i, nakikita ko ang malaking potensiyal natin sa kabila ng mga hamon na kinakaharap natin bilang komunidad sa isla. Panahon na para sa diskarteng para sa kabuuan pagdating sa polisiya sa mga espasyong gumagawa ng kritikal na desisyon. Mayroon tayong maliit na espasyo ng oportunidad para makapagtayo ulit ng pundasyong solido sa mga makabago, makatotohanan, at akmang hakbang. Kapag sama-sama, makakapagtaguyod tayo ng naka-balanse at masiglang ekolohikal na sistema na hindi lamang nagpepreserba ng mga likas na yaman natin para sa mga darating na henerasyon, kung hindi magtitiyak na posibleng umunlad ang mahihirap sa Hawai'i. Umaasa akong maibabahagi ko ang aking mga ideya sa inyo, ngunit mas sabik akong marinig ang mga ideya ninyo. Kapag nagtulungan, makakabangon tayo.



PANGALAN NG BALOTA:
**MONTGOMERY, Joshua W.**
LEGAL NA PANGALAN:
**Joshua W. Montgomery**

Miyembro ng konseho, Distrito 7
core24.org
joshua.montgomery@core24.org
(808) 219-0727

Napakayaman ng ating isla. Ang ating mga magsasaka ay may ulan, ang ating mga katubigan ay may isda, at ang ating ekonomiya ay pinatatakbo ng mga bisitang nais matunghayan ang kagandahan ng Hawai'i. Sa kabila ng kayamanang iyon, maraming pamilya sa kama'āina ang naghihirap. Dahil sa presyo ng pabahay, mataas na gastos sa pamumuhay at kawalan ng oportunidad, napipilitang umalis ang mga pamilya. Nasa ugat ng mga problemang ito ang kabiguan ng lokal na pamahalaan na magbigay ng mga pangunahing serbisyo kagaya ng malinis na patubig, malinis na mga imburnal at solidong basura. Higit sa lahat, bigo tayong makapagbigay ng napapanahong mga permit sa gusali para maitayo ng mga pamilya ang pabahay na kailangan nila, sa presyong kaya nila. Tumatakbo ako dahil kailangan ng Hawaii County na tumuon sa mga pangunahing serbisyo at dahil sa karanasan ko bilang opisyal ng Air Force, negosyante at ehekutibo, kwalipikado akong dalhin ang pagtuon na iyon sa gobyerno. Kailangan ng komunidad natin ng pagbabago at sa pinakaubod magsisimula ang pagbabago. Bisitahin ang core24.org para matuto pa.



PANGALAN NG BALOTA:
**MOORE, Wesley**
LEGAL NA PANGALAN:
**Wesley J. Moore**

Miyembro ng konseho, Distrito 7
votemoorealoha@gmail.com
(808) 747-4040

Ang misyon ko ay paglingkuran ang mga pamilya, komunidad, at maliliit na negosyo ng Konseho ng County ng Hawai'i Distrito 7 nang may integridad, kalinawan, at dedikasyon sa pagpapahusay ng kalidad ng buhay para sa lahat. Magtatrabaho ako nang walang pagod para unahin ang mga hakbangin na nagtataguyod ng abot-kayang pabahay, bawasan ang mga gastusin sa pabahay, pagpapanatili ng malinis na mga parke at pagpapabuti ng ating mga kalsada. Ang ating mga anak ay nararapat sa isang magandang kinabukasan, at ako ay nakatuon sa pagbibigay sa kanila ng suporta at mga oportunidad na mahalaga para sa kanilang tagumpay. Naniniwala ako na sa pamamagitan ng pagtutulungan, makakalikha tayo ng mas malakas, mas napapabilang na komunidad na nagpaparangal at nagpapanatili ng natatanging kultura at pamana ng Hawai'i. Salamat sa inyong suporta at inyong boto.



PANGALAN NG BALOTA:
**VILLEGAS, Rebecca A.**
LEGAL NA PANGALAN:
**Rebecca A. Villegas**

Miyembro ng konseho, Distrito 7
bambooshute@gmail.com
(808) 960-2805

Ipinanganak at lumaki sa Big Island, taglay ko ang mga prinsipyo, pananaw at personal na interes sa kinabukasan ng Hawaii Island. Subok na ang aking integridad, husay sa pamamahala, at pakikinig para sa mga nagkakaisang layunin. Hinihingi ko sa aking komunidad ang karangalang ihandog ang mga ito sa ikaapat at panghuling termino ko. Patuloy na kumakaharap ang Kailua Kona sa mga hamon kaugnay ng kawalan ng tirahan, kakulangan sa imprastruktura, pagkasira ng kapaligiran at pagkakapantay-pantay. Bilang patas, mapagkakatiwalaan at subok nang lingkod-publiko, patuloy akong makikipagtulungan nang maayos sa mga lokal na negosyo, mga pinunong politikal at pinuno ng komunidad upang makapagtukoy ng mga solusyon at lumikha ng polisiyang susuporta sa mga prayoridad na iyon. Nananatili akong matatag na tagapagtaguyod ng etikal na pamamahala sa Hawaii County nang naaayon sa diwa ng ating kinagawiang kultura.



PANGALAN NG BALOTA:
**WILKINSON, Jennifer**
LEGAL NA PANGALAN:
**Jennifer M.L. Wilkinson**

Miyembro ng konseho, Distrito 7
www.vote-wilkinson.com
jennwilkinsond7@gmail.com
(808) 353-5325

Bilang isang baguhang kandidato, layunin kong maging boses ninyo para sa positibong pagbabago. Ginagabayan ng katapatan at integridad, handa akong magdala ng panibagong pananaw at proaktibong diskarte para matugunan ang ating mga pinakamabibigat na isyu. Kasama ang background sa batas, negosyo, at pananalapi, at isang track record ng serbisyo sa komunidad at adbokasiya, handa akong mamuno mula sa unang araw. Ang nalulugsong imprastraktura at kakulangan ng pabahay ay ang siyang pumipigil sa atin - gagawin ko ang mga prayoridad na iyon at aalisin ang mga hadlang sa pagtatayo ng mas abot-kayang pabahay. Ang ating maliliit na negosyo ay nahihirapan - Ako ay magtataguyod para sa mga patakaran na nagpapasigla sa paglago ng ekonomiya at pagkakaiba-iba. Ang kaligtasan ng publiko ay mahalaga – Ako ay magsisikap nang walang pagod para matiyak ang isang magkakaugnay at naaaksyunan na plano sa pagtugon sa emergency. Masyadong madalas na hindi kasama sa pag-uusap ang mga residente—Nangangako ako sa pagpapanatili ng kalinawan at pakikipag-ugnayan sa bawat pagkakataon. Gumawa tayo ng mga pagbabago para matugunan kung ano ang hindi gumagana at magsagawa ng mga tunay na solusyon ngayon.

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES



PANGALAN NG BALOTA:
**BURNS, Caryl**
LEGAL NA PANGALAN:
**Caryl Boyer Burns**

Miyembro ng konseho, Distrito 8
core24.org
caryl.burns@core24.org
(808) 938-8165

Ang ating isla ay sagana sa mga mapagkukunan: ulan para sa ating mga magsasaka, isda sa ating mga katubigan, at isang ekonomiya na itinutulak ng turismo. Gayunpaman, maraming pamilyang kama'aina ang nahihirapan sa mataas na presyo ng pabahay, gastos ng pamumuhay, at limitadong oportunidad. Ang ugat ng mga problemang ito ay ang pagkabigo ng lokal na pamahalaan sa pagbibigay ng mahahalagang serbisyo tulad ng malinis na tubig, sanitary sewer, at solid waste management. Ang pagkaantala sa pagbibigay ng mga permit sa gusali ay nagpapalala sa problema at pinipigilan ang mga pamilya sa pagtatayo ng abot-kayang pabahay. Tumatakbo ako dahil kailangang unahin ng County ng Hawaii ang mga pangunahing serbisyong ito. Ang aking background bilang isang nutrisyunista sa kalusugan ng publiko, manunulat ng grant, at may-ari ng negosyo ay nagbibigay sa akin ng kakayahang dalhin ang pagtuon na ito sa lokal na pamahalaan. Nangangailangan ang ating komunidad ng pagbabago at ang pagbabago ay nagsisimula sa core. Bisitahin ang core24.org para sa karagdagang kaalaman.



PANGALAN NG BALOTA:
**INABA, Holeka Goro**
LEGAL NA PANGALAN:
**Holeka Goro Inaba**

Miyembro ng konseho, Distrito 8
voteinaba.com
holeka@voteinaba.com
(808) 937-6329

Kasalukuyang naglilingkod bilang Vice Chair ng Hawaiʻi County Council at kumakatawan sa Distrito 8 (North Kona), bitbit ni Dr. Holeka Goro Inaba ang pag-iisip na nakatuon sa hinaharap at pamamaraang nakabatay sa kultura sa kanyang tungkulin, na nakaugat sa kanyang habambuhay na paninirahan sa Kona. Sa buong panahon ng unang dalawang termino niya, naging kampeon si Dr. Inaba ng mga polisiyang nakatuon sa pagpapahusay ng kalinawan sa mga desisyon kaugnay ng paggamit at pagpaplano ng lupain, pagsuporta sa pagpapalawig ng mga serbisyo ng first responder, at pagpapahusay ng mga pasilidad sa mga lugar ng libangan sa buong distrito. Sa partikular, itinaguyod niya ang mga hakbang upang mabawasan ang buwis sa ari-arian para sa mga lupaing napapakinabangan sa paraang agrikultural, maitaas ang mga pamantayan ng pag-uulat para sa mga kinakailangan sa abot-kayang pabahay, at mapahusay ang mga proseso ng gawad ng County na napapakinabangan ng mga lokal na nonprofit sa Hawaiʻi County. Taos-pusong hinahangad ni Dr. Inaba ang tuloy-tuloy na paglilingkod sa mamamayan ng Hawaiʻi island at mapagkumbaba niyang hinihingi ang inyong suporta para muli siyang maihalal sa 2024.

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES



PANGALAN NG BALOTA:
**EVANS, Cindy**
LEGAL NA PANGALAN:
**Cynthia F.W. Evans**

Miyembro ng konseho, Distrito 9
cindyevanscountycouncil.com
cynthiaevans@aol.com
(808) 345-5810

Hindi natin pwedeng ipagpalagay na makakapaglaan ang ekonomiya ng pera para sa mga serbisyo ng pamahalaan o pasahod para sa mga tao upang kayanin nila ang mga gastusin. Susuportahan ko ang mga aktibidad at batas na nagpapahusay sa kakayahan ng mga magsasaka, rantsero, at maliliit na negosyo para magtagumpay. Lalabanan ko ang mga inisyatibang magdaragdag ng pasaning buwis sa mga taong ito. Naglingkod si Evans sa Hawaiʻi State House nang 16 na taon habang hinahawakan ang mga namumunong posisyon bilang Chair ng mga komite at naglingkod bilang Majority Floor Leader. Bitbit niya ang mga karanasan sa pagpaplano at pagpapaunlad ng polisiya sa pagsisikap na makahanap ng mga mabisang solusyon at palitan ang mga prayoridad ayon sa pangangailangan. Natamo ni Evans ang kanyang Bachelors of Arts degree in Business Administration sa Evergreen State College. Dalawampu't anim (26) na taon nang nakatira si Evans sa South Kohala. Ipinanganak at pinalaki sa kultura ng pagsasaka sa Illinois. Siya ang unang nakatapos ng kolehiyo sa kanilang pamilya. Mahalo (salamat) sa inyong konsiderasyon.



PANGALAN NG BALOTA:
**HUSTACE, James E.**
LEGAL NA PANGALAN:
**James E. Hustace**

Miyembro ng konseho, Distrito 9
hustaceforcouncil.com
hustaceforcouncil@gmail.com
(808) 464-2570

Aloha kākou! Ako si James Hustace at hinihingi ko ang inyong suporta para katawanin ang mga komunidad ng North at South Kohala. Layunin kong makipagtulungan sa mga kapwa miyembro ng komunidad sa pagsisikap na mapahusay ang mga serbisyo ng County, matuto mula sa ating kūpuna, makinig sa mga nasasakupan, at magbuo ng matitibay na relasyon sa mga organisasyong pangkomunidad. Malalim ang koneksiyon ko sa Hawai'i. Lumaki ako sa Waimea at sa paglipas ng mga taon, naghanap ako ng mga paraan para makapag-ambag sa aking komunidad sa pamamagitan ng mga tungkuling pamumuno sa Waimea Community Association, South Kohala Traffic Safety Committee, County Redistricting Commission, at Waimea Trails & Greenways. Humaharap ang ating mga komunidad sa mga hamon, at kailangan nating makipagtulungan sa ating mga katuwang sa County, Estado, at Pederal na gobyerno upang makahanap ng mga solusyon para maprotektahan ang ating mga residente, patibayin ang ating mga istruktura, at pangalagaan ang ʻāina (o lupa). Magtulungan tayo at bigyan ang North at South Kohala ng kinatawang nakaugat sa komunidad. Mahalo (salamat) sa inyong konsiderasyon. Matuto pa sa hustaceforcouncil.com. Imua!



PANGALAN NG BALOTA:
**KONOWICZ, Michael J.**
LEGAL NA PANGALAN:
**Michael J. Konowicz**

Miyembro ng konseho, Distrito 9
michael4hawaii.com
mkonowicz@michael4hawaii.com
(808) 758-3463

Sa usaping propesyonal, isa akong meteorologist at mamamahayag ng balitang earth science. Ginagamit ko man ang aking utak upang suriin ang data para sa isang forecast o ginagamit ang aking puso upang pinakamahusay na ikonekta ang mga nakaligtas sa natural na sakuna sa mga maaaring makatulong, nagdadala ako ng balanseng diskarte sa aking trabaho. Nagboboluntaryo ako sa mga lokal na grupo. Bilang karagdagan sa pagiging miyembro ng CERT, dati akong Presidente ng Big Island Press Club hanggang Mayo, kasalukuyan akong Direktor ng Waikoloa Village Association, at dati akong Tagapangulo ng 2022 Cost of Government Commission. Nahaharap ang Hawaii sa maraming hamon, ang ilan sa mga ito ay dulot ng hindi magandang mga nakaraang desisyon na hindi talaga nakatuon sa mga implikasyon sa hinaharap. Ang kakulangan ng abot-kayang pabahay at hindi sapat na imprastraktura ay dalawang pangunahing suliranin na nangangailangan ng parehong analytical na diskarte at pagkahabag upang malutas. Sa aking mga lakas, gusto kong tumulong na tiyakin ang hinaharap ng ating isla at dalhin ang matalino, lohikal, mahabagin, nagtutulungan na paglutas ng problema sa Konseho.

HAWAII VOTES



PANGALAN NG BALOTA:
**COOK, Tom**
LEGAL NA PANGALAN:
**Thomas M. Cook**

Miyembro ng konseho (South Maui)
friendsoftomcook.com
cooksynergy@gmail.com
(808) 870-2205

Aloha. Ang pangalan ko ay Tom Cook, ang inyong kasalukuyang Miyembro ng Konseho ng South Maui County, na humihingi ng inyong suporta sa halalan ngayong taon. Nagdadala ako ng balanse sa Konseho. Mga lokal na pinahahalagahan mula sa 50+ taon bilang isang full-time na residente. Nagpapalaki ng 5 anak na lahat nagsipagtapos mula sa pampublikong eskwelahan sa Maui. Pagpapalago ng aking mga kasanayan sa gusali at sa paglutas ng problema bilang isang apprentice na karpintero sa isang pangkalahatang kontratista noong 1989. Ang mga aktuwal na karanasan ko, ang pagiging isang empleyado at kalaunan ay ang pagkakaroon ng isang kumpanya na may higit sa 40 empleyado; ang pag-a-apply at paghihintay para sa mga permit sa pagtatayo; ang pagbabayad ng upa; ang pagbabayad ng sangla; ang pagpapalaki ng mga anak at pag-aalaga sa mga lolo't lola ay nagbigay sa akin ng mga karanasan sa buhay upang pagsilbihan kayo sa Konseho ng County. Bitbit ko ang pag-iisip at pang-unawa sa mga pangangailangan ng mga tao sa ating lokal na pamahalaan. Mapagpakumbaba kong hinihingi ng inyong suporta at boto sa ika-10 ng Agosto at ika-5 ng Nobyembre. Mahalo (Salamat). Iboto si Tom Cook, Konseho ng Maui County.



PANGALAN NG BALOTA:
**KING, Kelly Takaya**
LEGAL NA PANGALAN:
**Kelly T. King**

Miyembro ng konseho (South Maui)
www.kellykingformaui.com
ktkmaui@me.com
(808) 283-1954

Si Kelly King ay kandidato para sa posisyon sa distrito ng South Maui ng Maui County Council, kung saan nanguna siya sa sustainability at naging aktibong residente mula noong maging ina noong 1985. Mahigit 40 taon na siyang nakatira sa Maui kasama ng asawa niyang si Bob at dalawang anak, na parehong ipinanganak at pinalaki sa Maui (nagtapos sa Maui High School at UH Mānoa), at dalawang apo. Matagal na siyang tagapagtaguyod ng matatatag at mauunlad na komunidad. Kabilang sa mga prayoridad niya ang sari-saring paikot na ekonomiya, lokal na renewable energy, regenerative na agrikultura, seguridad sa pagkain, abot-kayang pabahay, pagkakapantay-pantay sa lipunan, kahandaan sa emergency, proteksiyon ng kapaligiran, at pinamamahalaang shoreline retreat. Aktibong miyembro ng lupon si King para sa maraming non-profit, kabilang ang: • Hawaiʻi Renewable Energy Alliance • Maui Farmers Union board • Akakū: Maui Community Television • Hui Mālama Learning Center • UH Maui College Sustainable Sciences Management Advisory Council • Maui Nui Food Alliance Steering Committee



PANGALAN NG BALOTA:
**PRONES, Johnny Keoni**
LEGAL NA PANGALAN:
**Johnny Keoni Prones**

Miyembro ng konseho (South Maui)
prones27@gmail.com
(808) 276-6950

Aloha Ang pangalan ko ay Johnny Keoni Prones. Tumatakbo ako para sa Konseho ng County ng Maui South Maui. Ipinanganak at lumaki ako dito sa magandang isla ng Maui sa Kihei. Sa aking pagkabata, nagpabalik-balik ako mula sa Kihei patungo sa Kahului, Wailuku at pagkatapos ay pabalik sa Kihei dahil sa istilo ng pamumuhay ng pamilya. Kung bakit gusto kong tumakbo para sa Konseho ng County ng Maui ay dahil karamihan sa pangunahing isyu ang hindi natutugunan. Bago pa man mangyari ang sunog, ang pokus ko bilang miyembro ng konseho ay ibalik ang kautusan para sa mga Native Hawaiian People na bumuo ng sariling pamahalaan. Gayon din ang muling pagtatayo ng Lahaina at Upcountry Maui Housing and Homes maging ang ating mga imprastrakturang kalsada, parke, at beach. Pagbibigay ng mga tulong sa ating populasyon na walang tirahan at pagkuha ng mas magandang transportasyon para sa ating mga Kapuna. Mapagkumbaba kong hinihingi ng inyong boto sa ika-10 ng Agosto at ika-5 ng Nobyembre Johnny K Prones Konseho ng County ng Maui (808)276-6950 prones27@gmail.com

HAWAII VOTES



PANGALAN NG BALOTA:
**CODELIA, Edward (Ed)**
LEGAL NA PANGALAN:
**Edward A. Codelia**

Miyembro ng konseho (Upcountry)
ecodelia@gmail.com
(808) 283-8288

Aloha, ako si Edward Codelia, at tahanan ko na ang Maui nang 35 taon. Nandito na ang buhay ko at nakatira ako sa Kula area. Sa pagsisimula ko ng paglalakbay para tumakbo para sa posisyong Miyembro ng konseho ng Upcountry, obligado akong tugunan ang malaking epekto ng Agosto 8, 2023, araw na nagbigay ng panibagong hugis sa kasalukuyan at hinaharap ng Maui County. Ang mga pangyayari noong araw na iyon ay nagbigay-linaw sa mga sistematikong kabiguan, kapabayaan, at nakakabahalang pagbabalewala sa kapakanan ng ating mga residente. Kritikal na yugto ito para sa Maui, at mahigpit akong naniniwala na panahon nang ibahin ang ating mga prayoridad sa mga taong itinuturing itong tahanan. Panahon na para mamuhunan sa pagpapahusay ng imprastruktura, pag-aalaga sa mga trabahong nasa Maui para sa mga residente nito, pagtitiyak na nananatiling abot-kamay ng ating lokal na komunidad ang mga bahay, at responsableng pamamahala sa turismo at sa kabuuang pag-okupa sa Maui County. Mahalo (salamat) sa inyong konsiderasyon.



PANGALAN NG BALOTA:
**CRUZ, Jocelyn N.**
LEGAL NA PANGALAN:
**Jocelyn N. Cruz**

Miyembro ng konseho (Upcountry)
jocelyn@knowthyflow.com
(702) 419-0700

Aloha Maui! Tumatakbo ako para sa puwesto sa Upcountry ng Konseho ng County upang magdala ng positibong pagbabago at maglingkod sa ating komunidad. Ang pokus ko ay sa fsoberanya ng pagkain na makakamit sa pamamagitan ng regenerative na agrikultura. Naniniwala ako na ang pinakamakapangyarihang anyo ng currency ay ang komunidad. Sa pakikipagsosyo sa Maui Pono Network, tinutugunan namin ang mga isyu tulad ng abot-kayang pabahay, mga karapatan sa tubig, masaganang masustansyang pagkain, pinamamahalaang turismo, at pag-reclaim at pagpapanumbalik ng lupa. Para sa susunod na dalawang taon, dapat na maging prayoridad ang pono rebuilding ng Lahaina Town kasama ang pagsuporta sa ating mga magsasaka at pamilya sa Upcountry. Mahalagang makinig tayo, at makipagtulungan sa, lahat ng apektado ng mga wildfire noong ika-8 ng Agosto sa isang bukas, inklusibong paraan. Nakatuon ako sa pagbibigay-diin sa pangangalaga sa kapaligiran sa pamamagitan ng mga malikhaing solusyon sa patakaran. Samahan kami sa paglikha ng isang umuunlad, napapanatiling hinaharap para sa Maui Nui. Mahalo!



PANGALAN NG BALOTA:
**SUGIMURA, Yuki Lei Kashiwa**
LEGAL NA PANGALAN:
**Yuki Lei Kashiwa Sugimura**

Miyembro ng konseho (Upcountry)
www.yukileisugimura.com
yukilei.sugimura@gmail.com
(808) 870-8047

Si Yuki Lei Sugimura, residente ng Kula at nagmamalaking nakapagtapos sa Baldwin High School, ay kasalukuyang nagsisilbi bilang Miyembro ng konseho ng Maui County na kumakatawan sa Lugar ng Tirahan sa Upcountry. Naglilingkod sa Konseho mula noong 2017, si Sugimura ay kasalukuyang Bise-Tagapangulo ng Konseho at tagapangulo ng Komite sa Badyet, Pananalapi at Pagpapaunlad ng Ekonomiya. Bago ang kanyang panahon sa Konseho, si Sugimura ay nagsilbi bilang Maui Field Representative para kay Senador ng U.S. Hirono at sa yumaong Senador ng U.S. Akaka. Ang pagbuo ng komunidad ay palaging isang hilig para kay Yuki Lei. Si Sugimura ay isang puwersang nagtutulak sa likod ng maraming kaganapan sa komunidad, kabilang ang Wailuku First Friday at Maui Matsuri. Ipinagpapatuloy ni Sugimura ang pakikipag-ugnayan niya sa komunidad sa pamamagitan ng kanyang buwanang Talk Story with Yuki Lei series sa Pamilihan ng mga Magsasaka ng Upcountry. Sa kanyang mga taon ng karanasan, si Yuki lei ay nakatuon na ipagpatuloy ang paglilingkod sa buong County ng Maui.

HAWAII VOTES



PANGALAN NG BALOTA:
**LIKE, Rebecca V.**
LEGAL NA PANGALAN:
**Rebecca V. Like**

Nag-uusig na Abogado
www.rebeccalike.org
rebeccavlike@gmail.com
(808) 280-7746

Nakatuon lang ang aking karera sa pampublikong kaligtasan. Mahigit 13 taon na akong nag-uusig ng mga kaso at namuno sa Prosecutor's Office nitong huling dalawang taon. Sa loob ng panahong iyon, itinuon ko ang aking enerhiya sa pagtatanggol sa mahihina, pagpapababa ng recidivism o pagbabalik ng dating kriminal sa masamang gawain, pagpapalawig ng access sa mga mahihingan ng tulong at pagbubuo ng mahusay at maarugang team. Sa unang termino ko, matagumpay na nausig ng aming Tanggapan ang isang matinding pagpatay (homicide) at nakapagtamo ng mahahabang sentensiya para sa mga nangmolestiya ng bata. Nagsisimula na kami ng programa sa paglilipat ng kalusugang pangkaisipan at nakapagtamo kami ng $1 milyong pederal na pondo para umpisahan ang ating programang muling pagpasok sa E Ho'i I Ka Piko. Nakipagtulungan din kami sa mga stakeholder sa buong Estado para makapag-umpisa ng Kauai Fentanyl Task Force para mabawasan ang kamatayan dahil sa labis na dosis (overdose) sa Kauai. Magalang kong hinihingi ang inyong suporta habang patuloy kong ginagawang prayoridad ang kaligtasan ng mga residente ng Kauai at ipinagpapatuloy ang mga nakamit ng aming team.

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES



PANGALAN NG BALOTA:
**APILADO, Abe, Jr. (Aba-G)**
LEGAL NA PANGALAN:
**Abraham F. Apilado Jr**

Miyembro ng konseho
a.apilado74@gmail.com
(808) 720-7560

Aloha sa lahat, ang pangalan ko ay Abraham F. Apilado Jr. at ako ay tumatakbo para sa Konseho ng County ng Kaua'i. Bilang isang ama at pamilyadong tao, naiintindihan ko ang kahalagahan ng isang matatag na komunidad para sa mga susunod na henerasyon. Sa pamamagitan ng isang regalo para sa pampublikong pagsasalita at isang pangako sa paninindigan para sa kung ano ang tama, nagdadala ako ng kakaibang boses sa ating komunidad. Bilang miyembro ng advisory panel para sa Konseho ng Pamamahala ng Pangrehiyong Pangisdaan sa Kanlurang Pasipiko (Western Pacific Regional Fisheries Management Council), itinataguyod ko ang kasalukuyan at susunod na mga mangingisda. Tinuturuan ko ang mga bisita at lokal tungkol sa ating palaisdaan, na binibigyang-diin ang wastong pangangalaga at pagpapanatili. Ang aking tunay na pagmamahal para sa Kaua'i at sa ating mga tao ay nagtutulak sa aking dedikasyon sa pagpapanatili ng ating paraan ng pamumuhay. Ako ay isang lokal na batang lalaki na handang maglingkod sa ating komunidad, tinitiyak na ang mga tinig ng ating mga residente ay pinakikinggan at iginagalang. Mahal ko ang Kauai at umaasa akong katawanin kayo sa darating na taon ng halalan. Mahalo



PANGALAN NG BALOTA:
**BULOSAN, Addison**
LEGAL NA PANGALAN:
**Addison C. Bulosan**

Miyembro ng konseho
www.addisonbulosan.com
addisonbulosan@gmail.com
(808) 652-1442

Ipinanganak at lumaki ako sa Kaua'i at umuwi ng tahanan mula sa kolehiyo noong 2013 upang magsanay bilang Doctor of Chiropractic. Sa loob ng mahigit 10 taon, nagsilbi ako sa aking komunidad sa pamamagitan ng aking pribadong pagsasanay at iba't ibang non-profit na board sa iba't ibang sektor ng ating komunidad. Ang karanasan sa pagtatrabaho sa mga sustainable na solusyon sa parehong pribado at mundo ng nonprofit ay nagbigay inspirasyon sa akin na maunawaan na posible ang positibong pagbabago sa sistema. Nahalal ako bilang miyembro ng konseho ng County noong 2022 at naghahangad akong muling mahalal upang ipagpatuloy ang momentum ng pagprotekta sa ating mga lokal na pamilyang nagtatrabaho, pagbabawas ng gastos sa pamumuhay, at pag-aayos ng ating hinaharap para sa tagumpay. Sa ngalan ng aking pamilya, ng aking asawa, si Nikki, at ng aming bagong panganak na si Kīla'a, mahalo sa inyong pangakong mapabuti ng ating komunidad, at mapagpakumbaba naming hinihiling ang isa sa inyong mga boto.



PANGALAN NG BALOTA:
**CARVALHO, Bernard P., Jr.**
LEGAL NA PANGALAN:
**Bernard P. Carvalho Jr.**

Miyembro ng konseho
carvalhob003@hawaii.rr.com
(808) 635-7489

Tumatakbo ako para muling maihalal bilang isang miyembro ng Konseho ng County ng Kauai. Nakapagsilbi bilang isang lingkod-bayan sa loob ng dalawampu't tatlong taon, dating Alkalde ng ating tahanang Isla sa loob ng sampung taon at kasalukuyang miyembro ng konseho sa loob ng apat na taon, taglay ko ang masaganang kaalaman at karanasan na patuloy kong ibabahagi habang gumagawa ng mga desisyon para sa ating buong Komunidad ng Isla. Inaasahan kong maipagpatuloy ang pagsusumikap sa pagbibigay ng patuloy na suporta sa ating tahanang Isla upang matiyak na mamumuhay nang ligtas at may malusog na pamumuhay ang lahat mula Keiki hanggang Kupuna. Bilang kasalukuyang Tagapangulo ng Komite para sa Pagpaplano, inaasahan ko ang pagsisimula ng Planong Pagpapaunlad ng East Kauai gayundin ang aking patuloy na suporta sa lahat ng proyekto sa buong Isla na kasalukuyang ginagawa. Kailangan ng Abot-kayang Pabahay, Kahandaan sa Sakuna at Pagpapanatili ng mga Kalsada ang tuluy-tuloy na suporta at pagkilos. Iboto si Bernard Carvalho Jr na may Subok na Dedikadong Pamumuno.



PANGALAN NG BALOTA:
**COWDEN, Felicia**
LEGAL NA PANGALAN:
**Felicia Eileen Cowden**

Miyembro ng konseho
feliciacowden.com
feliciacowden@gmail.com
(808) 652-4363

Aloha, ikararangal kong makapaglingkod nang ikaapat na termino bilang inyong Miyembro ng konseho ng Kauai County. Ang "Unahin ang Mamamayan" pa rin ang motto at pangunahing prayoridad ko sa pamamagitan ng pakikinig, pagpunta sa sariling bayan, at pag-unawa sa mga hamong kinakaharap, at pakikipagtulungan sa mga komunidad at nasasakupan para bumuo ng mga solusyon. Mahalagang mapaunlad ang ating imprakstruktura upang mas mahusay tayong makapaglaan ng pabahay at mapatatag ang ating mga negosyo nang sa gayon ay mas makapagsarili sa mabilis na nagbabagong mundo. Kailangang sama-sama tayong lumaban; panatilihin ang mga aral ng kultura na ipinamana ng ating mayamang kasaysayan. Mahalaga sa akin ang pagpapatibay ng kalidad ng buhay, pagkakaroon ng kalayaang pumili at paglikha ng mas mahuhusay na diskarte upang maiwasan ang panganib. Nakakatulong ang aking background sa engineering, pagnenegosyo, edukasyon at boluntaryo sa pamamagitan, agrikultura ng kapitbahayan, ekonomiya at media para magabayan ang aking pang-unawa. Biniyayaan akong maging ina at lola na naninirahan sa Kilauea. Nasa konseho ang buong atensiyon at buong panahon ko. Mahalo (salamat) sa pagsasaalang-alang sa akin bilang inyong kinatawan.



PANGALAN NG BALOTA:
**CUMMINGS, Sherri**
LEGAL NA PANGALAN:
**Sherri Cummings**

Miyembro ng konseho
malamaanahola.sc@gmail.com
(808) 635-2085

Aloha, lubos kong ikinararangal na maghangad ng puwesto sa konseho ng county ng Kauai at Niihau, kung saan ang 7 henerasyon kasama ang aking sarili, ay nagkaroon, at patuloy na nagkakaroon, ng pribilehiyo na tawagin ang Kaua'i na ating 'āina hānau. Ang aking tungkulin sa pag-aalaga ng ating mga keiki at mga kūpuna, kaiaulu (komunidad), at mga likas at kultural na yaman at kasanayan ay nagbibigay-daan sa akin na kumilos at makakuha ng mga resulta upang maprotektahan ang kinabukasan ng Kaua'i at Ni'ihau. Ako si SHERRI CUMMINGS, isang kanaka wāhine, na humihiling ng panibagong simula bilang inyong bagong boses sa Konseho ng County. Naging inspirasyon at nagtulak ang kūpuna na itaguyod ang karangalan ng aking iwi kūpuna me nā kūpuna, hinihiling ko ang inyong taos-pusong pagsasaalang-alang at pagboto. Maaari mong malaman ang higit pa tungkol sa akin sa www.cummingsforcouncil.org. at hinihikayat kita na makipag-ugnayan sa akin sa pikakecummings1@gmail.com. I mai la me ka ha'a ha'a a me ke aloha, (Sinabi nang may pagpapakumbaba at pagmamahal) Sherri Cummings



PANGALAN NG BALOTA:
**DECOSTA, Billy D.**
LEGAL NA PANGALAN:
**Bill D. DeCosta**

Miyembro ng konseho
billyndrena@hawaii.rr.com
(808) 639-8533

Aloha Kaua'i at Ni'ihau, ako si Billy DeCosta. Mapagkumbaba kong hinihingi ang inyong suporta para muli akong maihalal. Malalim na ang mga ugat ko rito sa ating napakagandang isla. 27 taon na akong kasal at malalaki na ang 3 kong anak na lalaki. Napakarami kong napagtagumpayan sa politika nitong nakaraang 2 termino. Ipinagmamalaki kong naging sangkot ako sa pagtanggal at paglinis ng ating Ag property tax class Bill 2875 na sumusuporta sa mga magsasaka at katiwala sa rantso. Binuo ko at tumulong ako sa Bill 2910 na nagpapahintulot sa ating County na maningil sa mga turista na nailigtas. Tumulong ako sa pagbuo ng Bill 2913 para taasan ang mga singil sa golf para sa mga hindi residente / residente sa ating world-class na Wailua golf course. Kasalukuyan akong nakikipagtulungan kay Chair Rapozo para sa Bill 2919, isang Ag guest house bill, na magpaparami ng pabahay sa mga lupaing Ag/CPR. Kasalukuyan kong tinatrabaho ang pag-iwas sa baha at sunog upang matiyak ang pananagutan ng may-ari ng lupa.



PANGALAN NG BALOTA:
**DES, Ana Mo**
LEGAL NA PANGALAN:
**Ana-Lucia D.L.C.M. Des Marais**

Miyembro ng konseho
voteanamodes@gmail.com
(808) 346-6675

Aloha Kaua'i, Gagawin ito nang kakaiba. Pabor ako na mapanatiling maliit ang gobyerno at malakas ang mga tao. Tutol ako sa anumang bagay na kahawig ng komunismo, sosyalismo, matalinong lungsod-ismo at ang pandaigdigang agenda. Ipaglalaban ko na alisin ang pagsasamantala na siyang ugat ng ating malalaking problema upang tayo ay mapunta sa tunay na praktika ng kapitalismo na hindi nagpapahintulot sa sinuman na kumita rito. Magsisikap na alisin ang katiwalian sa bawat antas upang sabay-sabay tayong sumulong sa isang maunlad at mapayapang kinabukasan na naaayon sa kalikasan at may paggalang sa isa't isa. Mahalo, Ana Mo Des



PANGALAN NG BALOTA:
**HOLLAND, Fern Anuenue**
LEGAL NA PANGALAN:
**Fern A. Holland**

Miyembro ng konseho
votefern.com
votefern@gmail.com
(808) 634-6242

Ang panghabambuhay kong gawain sa komunidad at pangako sa katarungang panlipunan at sa kapaligiran ang nag-udyok sa akin na tumakbo para sa Konseho ng County. Ipinanganak at lumaki ako sa Kapahi at may pamilya at maraming kaibigan noong bata pa ako, na, tulad ko, ay nahihirapang mapagkasya ang kinikita at alagaan ang kanilang mga pamilya. Nakatuon akong gawin ang lahat ng aking makakaya upang ipaglaban ang ating mga lokal na pamilya kapag gumagawa ng mga desisyon na bumuo ng isang mas magandang kinabukasan para sa Kaua'i, habang pinararangalan ang natatanging kasaysayan at kultura ng ating isla, pati na rin ang pagpapahalaga sa ating mga pakikibaka sa ekonomiya. Alam kong maaari akong maging isang malakas na tagapagtaguyod at boses para sa ating komunidad at pakiramdam ko na ang aking karanasan sa buhay, edukasyon, kakayahang maging analitikal, magtrabaho nang magkakasama, at makipag-usap nang maayos ay magbibigay-pakinabang sa gawain at dinamika ng Konseho ng County ng Kaua'i upang makatulong na makagawa ng mga maalalahanin at patas na mga desisyon para sa ikabubuti ng Kaua'i at ng mga residente nito. Marami pa ang available sa votefern.com.



PANGALAN NG BALOTA:
**KAGAWA, Ross**
LEGAL NA PANGALAN:
**Ross K. Kagawa**

Miyembro ng konseho
kagawar004@hawaii.rr.com
(808) 635-1605

Ang pangalan ko ay Ross Kagawa at ako ay isang proud na asawa sa loob ng 31 taon, na may dalawang anak na babae at tatlong apo na lahat ay naninirahan sa Kauai. Ako ay isang retiradong guro at dating accountant, may Bachelors in Business Administration in Accounting ako mula sa University of Hawaii sa Manoa at Bachelors in Education mula sa Chaminade University. Noong una akong nagsimula sa pulitika, ang layunin ko ay bigyan ng upuan sa mesa ang araw-araw na nagtatrabahong mga pamilya. Ngayon, sa aking sampung taong karanasan na may nakamit na, ang layuning iyon ay nananatiling matatag. Sa kasalukuyang estado ng ekonomiya, higit kailanman, kailangang unahin ng Konseho ng County ng Kauai ang kakulangan ng imbentaryo ng abot-kayang pabahay at gawing mas madali sa pangkalahatan para sa ating mga lokal na pamilya na makapanirahan dito sa Kauai. Anumang mga tanong o alalahanin, mangyaring makipag-ugnayan anumang oras dahil pribilehiyo ko ang paglilingkod sa mga tao ng Kauai.



PANGALAN NG BALOTA:
**KANESHIRO, Arryl J.**
LEGAL NA PANGALAN:
**Arryl J. Kaneshiro**

Miyembro ng konseho
arrylkaneshiro@gmail.com
(808) 652-5216

Tumatakbo ako para sa Konseho ng County ng Kauai dahil may malasakit ako sa Kauai at may malasakit ako sa hinaharap nito. Bitbit ko ang aking kahusayan sa negosyo at accounting, walong taong karanasan sa konseho bilang Tagapangulo ng badyet, apat sa mga taong iyon bilang Tagapangulo ng Konseho, ang aking pangako sa paglilingkod sa komunidad, at ang mga pagpapahalaga at prinsipyo na itinanim sa akin mula sa pamilya, mga guro, mga coach, at komunidad. Bilang laki ako rito, naniniwala akong kaya kong maayos na katawanan ang mga tao ng Kauai at Niihau dahil isa akong regular, araw-araw na residente ng Kauai na nagsusumikap at gustong pahusayin ang buhay para sa aking sarili at sa aking pamilya. Ipagpapakumbaba at ikararangal ko ang inyong boto sa darating na halalan.



PANGALAN NG BALOTA:
**KEAHIOLALO, W. Butch**
LEGAL NA PANGALAN:
**William Butch Keahiolalo**

Miyembro ng konseho
butchkeahiolalo@gmail.com
(808) 635-0388

Si Butch Keahiolalo ay isang dedikadong miyembro ng komunidad na tumatakbo para sa Konseho ng County. Bilang isang dating guro, may-ari ng negosyo at retiradong bumbero sa Kaua'i, naiintindihan niya ang kahalagahan ng pamumuhunan sa ating mga kabataan, pagbibigay ng mga pagkakataong pang-ekonomiya para sa ating mga residente, at pagtiyak sa kaligtasan at kagalingan ng ating komunidad. Ang mga pangunahing pagpapahalaga ni Butch ay gumagabay sa kanyang mga desisyon, na tinitiyak na kinakatawan niya ang pinakamahusay na interes ng lahat ng miyembro ng ating komunidad. Kung mahahalal, nangangako siyang makikinig sa mga pangangailangan ng komunidad, makipagtulungan sa mga pinuno sa ating komunidad, at magpapatuloy sa mga pagsisikap na gawing isang abot-kayang lugar ang Kaua'i upang manirahan, umunlad, at magpalaki ng pamilya para sa ating populasyon. Nagpapasalamat si Butch sa kanyang pamilya, kaibigan, at komunidad para sa kanilang suporta.



PANGALAN NG BALOTA:
**KUALII, KipuKai**
LEGAL NA PANGALAN:
**KipuKai L.P. Kualii**

Miyembro ng konseho
kipukai.kualii@gmail.com
(808) 652-3684

Aloha kakou! Kasalukuyan akong naglilingkod bilang Bise Tagapangulo ng Konseho, Tagapangulo ng Housing & Intergovernmental Relations Committee at Bise Tagapangulo ng Finance & Economic Development Committee. Nagsisilbi rin ako bilang isa sa mga kinatawan ng Hawai`i sa National Association of Counties (NACo) Board. Mayroon akong halos apatnapung taong karanasan sa pagtatrabaho sa Gobyerno, Mga Unyon sa Paggawa, Mga Non-Profit at Organisasyon ng Komunidad. Sa oras na iyon, napatunayan ko ang sarili ko bilang masipag, mapagkakatiwalaan at maalalahanin. Naipakita ko rin ang dedikasyon ko sa serbisyo publiko, ang karanasan ko sa patakaran sa pambatasan, ang aking lakas sa pagbabadyet, ang aking pag-unawa sa mga isyu at ang pangako ko na palaging gawin ang aking takdang-aralin, pakikinig nang mabuti at pagtutulungan. Higit sa lahat, mahal na mahal ko ang Kaua`i at Ni`ihau at nangangako akong palaging gagawa ng pagbabago! Mapagpakumbaba akong humihingi ng isa sa inyong pitong boto. Mangyaring bumoto din ng hindi bababa sa apat o lima sa aming mga kandidato upang palakasin at palaguin ang aming kinatawan na demokrasya. Mahalo nui loa!!!




PANGALAN NG BALOTA:
**LINDNER, Jeffrey**
LEGAL NA PANGALAN:
**Jeffrey S. Lindner**

Miyembro ng konseho
LINDNERJI@GMAIL.COM
(808) 652-2911

Walang Isinumiteng Pahayag




PANGALAN NG BALOTA:
**NELSON, Jacquelyn (Jakki)**
LEGAL NA PANGALAN:
**Jacquelyn N. Nelson**

Miyembro ng konseho
nelson5599@twc.com
(808) 631-8225

Walang Isinumiteng Pahayag



PANGALAN NG BALOTA:
**RAPOZO, Mel**
LEGAL NA PANGALAN:
**Melvin F. Rapozo**

Miyembro ng konseho
www.melforcouncil.org
melrapozo@gmail.com
(808) 645-0243

Hinahangad kong maihalal ulit sa Kauai County Council dahil naniniwala ako sa kapangyarihan ng positibong pagbabago at sa potensiyal ng pamahalaan na magkaroon ng mabuting epekto sa buhay ng mamamayan. Ang aking kaseryosohan ay nakaugat sa tunay na kagustuhang matugunan ang maiinit na usaping kinakaharap ng ating komunidad. Matapos masaksihan ang mga hamon na kinakaharap ng maraming indibidwal at pamilya, determinado akong itaguyod ang mga polisiyang magpapalaganap ng pagiging kabilang, pagkakapantay-pantay, at pag-unlad. Dahil sa karanasan ko sa paglilingkod sa komunidad at dedikasyon ko sa pakikipagtulungan, kaya kong pagkaisahin ang mga tao at pagsikapang maabot ang mga solusyon na pakikinabangan ng lahat. Hindi ako itinutulak ng personal na ambisyon, kung hindi ng malalim na pagtanaw sa responsibilidad na mag-ambag sa kaayusan ng ating lipunan. Sa pamamagitan ng pagtakbo sa posisyon, layunin kong magdala ng mga bagong pananaw, malinaw na komunikasyon, at matibay na dedikasyon sa paglilingkod sa interes ng publiko.



PANGALAN NG BALOTA:
**THOMAS, Bart**
LEGAL NA PANGALAN:
**Bart J. Thomas**

Miyembro ng konseho
Bart@voteforbartkauai.com
(808) 635-8466

Bart J Thomas Bart J Thomas County of Kauai Non-partisan (808)635-8466 email - Bart@voteforbartKauai.com Website -voteforbartkauai.com Dedikado akong kumilos, at kinakatawan ko ang kasabihang "Actions speak louder than words." Sa buong panahon ng COVID pandemic, naglingkod ako bilang nakatuon na miyembro ng lupon ng Salvation Army ng Kauai, at nagbigay ng napakahalagang suporta sa ating komunidad ng mga walang tirahan. Bilang mapagmalaking beterano at aktibong miyembro ng komunidad ng Kauai, seryoso akong tumulong. Nakapagtamo ng napakalaking suporta ang iba't ibang pagsisikap ko para makapaglikom ng pondo, na nagresulta sa malalaking pagbabago sa Veterans Center complex, kabilang ang bagong solar na bubong at inayos ang Military Museum. Nag-sponsor na ako ng mga programa tulad ng Vacation for Warriors, kung saan nagkaroon ng pagkakataon ang mga sugatang beterano na muling makaugnayan ang kanilang mga pamilya sa sitwasyong mapayapa, at malayo sa puwersang pagbisita sa ospital. Dagdag dito, sinuportahan ko ang Children's Dream Foundation, na nagkakaloob ng mga pangarap na bakasyon sa mga batang nakikipaglaban sa kanser at nag-aalok sa kanila at sa mga pamilya nila ng panahon para maging masaya at makapagpahinga.




PANGALAN NG BALOTA:
**YAGO, Clint A., Sr.**
LEGAL NA PANGALAN:
**Clint A. Yago Sr.**

Miyembro ng konseho
clintsr54@gmail.com
(808) 652-0626

Walang Naisumiteng Pahayag

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES



PANGALAN NG BALOTA:
**BLANGIARDI, Rick**
LEGAL NA PANGALAN:
**Richard John Blangiardi**

Alkalde
rickblangiardi.com
blangiardi.rick@gmail.com
(808) 753-4232

Sa nakaraang apat na taon, inilaan namin ng aking team ang aming mga buhay sa paglilingkod sa mamamayan ng Oahu. Sama-sama naming hinarap ang mahihirap na hamon, sa gabay ng nagkakaisang adhikain tungo sa kaunlaran. Sa tulong ng walang-pagod na suporta at katatagan, naharap namin ang mahahalagang usapin kagaya ng pabahay, kawalan ng tirahan, at pampublikong kaligtasan sa Lungsod at Probinsiya ng Honolulu. Habang tinatanaw ang hinaharap at bitbit ang malalaking hakbang at hamon na nalampasan natin bilang inspirasyon, nakikita ko ang mas maliwanag na kinabukasan para sa ating mga pamilya. Sa inyong suporta, patuloy kaming lalaban, at titiyakin ang maunlad at pantay-pantay na komunidad para sa lahat. Samahan kami sa aming misyong lutasin ang pinakamahihirap na problema, at ihulma ang Lungsod at Probinsiya ng Honolulu tungo sa tanglaw ng pag-unlad at posibilidad para sa mga darating na henerasyon.




PANGALAN NG BALOTA:
**BOURGOIN, Duke**
LEGAL NA PANGALAN:
**David L. Bourgoin**

Alkalde
(808) 523-7770

Walang Isinumiteng Pahayag




PANGALAN NG BALOTA:
**DICKS, Karl O.**
LEGAL NA PANGALAN:
**Karl O. Dicks**

Alkalde
kwk@hawaiiantel.net
(808) 478-8682

Walang Isinumiteng Pahayag



PANGALAN NG BALOTA:
**JAMES, Choon**
LEGAL NA PANGALAN:
**Choon H. James**

Alkalde
www.votechoon.com
choonjamesmayor@gmail.com
(808) 293-9111

Aloha! Mahal ko ang Oahu! Mahal ko kayo. Kasangkot ako sa Honolulu Hale nang mahigit dalawang dekada. Nagmula ako sa Singapore. Humigit-kumulang 10,000 masisipag na empleyado ang nagpapatakbo sa lungsod araw-araw. Makatotohanang maaaring gumana ang Honolulu na WALANG Alkalde. Gayunpaman, maaaring magbigay ang isang alkalde ng kultura para sa isang malinaw, tapat at mahusay na pamahalaan. Wala akong pera mula sa mga lobbyist o sa may mga espesyal na interes. Hindi ako mabibili o maibebenta. Dapat nang itigil ang kaisipang BUWIS AT PAGGASTA. Dapat nating i-contain at i-reset ang naghihingalong Honolulu Skyline. Bilang Alkalde, gagawa ako ng matapang na desisyon na tipunin ang lahat ng partido para malutas itong Sunken Costs. Ang tumataas na gastos ng hindi pa natatapos na Skyline ay nagpapahina sa mga pangunahing serbisyo ng lungsod ng Oahu. Ang mga tao ng Oahu ay dapat magpasya muli sa direksyon ng Honolulu Rail. Hindi natin dapat hayaang mangyari ang Status Quo sa Oahu o kaladkarin tayo. Mapagkumbaba kong hinihingi ang INYONG boto. Ano ba ang mawawala? Magkakasama, Kaya Natin! Mahalo, Choon



PANGALAN NG BALOTA:
**ALM, Steve**
LEGAL NA PANGALAN:
**Steven S. Alm**

Nag-uusig na Abogado
stevenscottalm@gmail.com
(323) 402-4505

Aloha, ang pangalan ko ay Steve Alm at ako ay tumatakbo para sa muling pagkahalal bilang Nag-uusig na Abogado sa Honolulu. Apat na taon na ang nakalilipas, tumakbo ako bilang Tagausig sa Honolulu upang Ibalik ang Tiwala sa opisinang iyon na ang kaligtasan ng publiko ang aking numero unong layunin. Nakagawa kami ng malalaking hakbang sa mga pagsisikap na iyon at sa pagpapahusay ng opisina sa kabuuan. Kami, muli, ay nakikipagtulungan nang malapit sa aming mga kasosyo sa HPD sa pagbabawas ng krimen sa buong isla, at lalo na sa Weed & Seed at Safe & Sound na mga site ng higit sa 30%. Tinutulungan din namin ang mga taong walang tirahan na may mga problema sa kalusugan ng isip at droga na magpagamot at sana ay mapaalis sa mga lansangan. Ngunit marami pa ring dapat gawin at araw-araw akong napupukaw ng mga dedikadong manggagawa sa Tanggapan ng Tagausig. Isang karangalan ang paglingkuran ang mga mamamayan ng Honolulu at buong kababaang-loob kong hinihiling muli ang inyong suporta.

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES



PANGALAN NG BALOTA:
**TUPOLA, Andria**
LEGAL NA PANGALAN:
**Andria P. Tupola**

Miyembro ng konseho, Distrito I
votetupola.com
andriatupola@gmail.com
(808) 343-5457

Isang karangalan ang makapaglingkod sa aking komunidad. Una akong inihalal bilang Kinatawan noong 2014 para sa Westside O'ahu at naglingkod ako nang 4 na taon. Tumakbo akong Gobernador noong 2018 at umabot ako sa pangkalahatang halalan. Kahit hindi ako nanalo, nagtagumpay ako ng magpahayag ng mensahe ng pag-asa at panghihikayat sa mga bagong kandidato na tumakbo para sa posisyon. Tumakbo ako para sa Konseho ng Lungsod ng Honolulu para katawanin ang mahigit 150,000 mamamayan sa Westside ng Oahu at nanalo ako noong pangunahing halalan ng 2020. Sa loob ng apat na taon ko bilang Miyembro ng konseho ng lungsod, nag-umpisa ako ng programa para sa mga walang tirahan, nagpasa ng panukala para makatulong sa pagpapabilis ng proseso ng pagbibigay ng permit, nakakuha ng bagong stand ng lifeguard sa isa sa mga beach park natin, nakapaglunsad ng ilang kampanyang paglilinis, naipaayos ang mga lugar ng beach park, at lumaban para mabawasan ang karahasan sa ating komunidad. Ikararangal kong maglingkod nang isa pang taon.

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES



PANGALAN NG BALOTA:

**CURREN, Christopher J.**

LEGAL NA PANGALAN:

**Christopher J. Curren**

Miyembro ng konseho, Distrito III
chrisc@sacredarthawaii.com
(928) 201-6724

Ako, si Christopher Curren, ay tumatakbo para sa lokal na opisina upang tumulong na magdala ng mga bagong ideya at kinakailangang pagbabago sa ating komunidad. Ang ating krisis sa pabahay, mga kakulangan sa mapagkukunan at mga isyu sa implasyon ay naging pabigat sa mga lokal na residente sa napakahaba nang panahon. Gusto kong kumatawan sa mga tao ng windward oahu upang tumulong na pagdugtungin ang agwat sa pagitan ng ating komunidad at mga pinunong pampulitika. Napakaraming residente ang nagpahayag na hindi pinakikinggan ang kanilang mga tinig at alalahanin sa lokal na antas. Paniniwala ko na ang mga nakababatang henerasyon ay nagiging mas nasasangkot sa mga usaping pampulitika tungkol sa ating estado at handa nang gawin ang gawaing kinakailangan para sa ikabubuti ng Hawaii.



PANGALAN NG BALOTA:

**KAUAHIKAUA, David**

LEGAL NA PANGALAN:

**David N. Kauahikaua**

Miyembro ng konseho, Distrito III
david.kauahikaua.com
noeau@mac.com
(808) 262-5529

Aloha! Ipinanganak at lumaki ako sa Kailua, at nag-aral sa Kailua Elementary at Kamehameha Schools. Sa loob ng mga dekada, naging may-ari ako ng negosyo, nagtatrabaho sa industriya ng musika bilang isang performer, composer, at producer. Nakasampa na ako sa entablado kasama ang mga nangungunang entertainer na sina Frank DeLima, Don Ho, Loyal Garner, ang symphony, at itinaguyod ang Hawaii sa buong mundo kasama ang Hawaii Visitors Bureau. Nagka-inspirasyon akong tumakbo para sa konseho dahil alam kong mas mapapabuti pa ang ating komunidad. Ang pagtugon sa kawalan ng tirahan, paglikha ng abot-kayang pabahay nang walang labis na pag-unlad, pagpapabuti ng ating mga parke, pagtatatag ng mga parke para sa aso, pag-aayos ng ating mga kalsada, pagpigil sa mga pagtapon ng dumi sa sewage, pagpapalakas ng kaligtasan ng publiko, pagpapababa ng mga buwis sa ari-arian, at paggawa ng abot-kaya sa O'ahu, ay mga prayoridad. Anak ng Kailua, may malalim akong ugat dito. Hindi ako isang pulitiko sa karera, ngunit isang tulad mo na may common sense. Magiging isang bagong boses ako sa konseho - ang boses ninyo. Iboto ako, at pagsamahin natin ang ating komunidad!



PANGALAN NG BALOTA:

**KIAAINA, Esther**

LEGAL NA PANGALAN:

**Esther P. Kiaaina**

Miyembro ng konseho, Distrito III
kiaaina2024@gmail.com
(808) 782-0401

Naghahangad akong muling maihalal sa Konseho ng Lungsod ng Honolulu na kumakatawan sa Distrito III upang patuloy akong epektibong magtaguyod na mapabuti ang kalidad ng buhay para sa ating komunidad ng Windwardat at lahat ng residente ng Oahu. Bilang Pangalawang Tagapangulo ng Konseho at Tagapangulo ng Komite sa Pagpaplano at Ekonomiya, naging matagumpay ako mula noong 2021 sa pagsuporta sa mga hakbang upang makamit ang layuning ito. Kasama sa aking mga nagawa ang mas mataas na pondo at pagkakaroon ng awtoridad na tugunan ang kawalan ng tirahan at abot-kayang pabahay, pag-a-update ng mga kredito sa buwis sa real property at mga eksempsyon, pagtatatag ng kauna-unahang Oahu Historic Preservation Commission, paggawa ng malaking pag-unlad sa pag-update ng Ordinansa sa Paggamit ng Lupa ng Lungsod, pagbabawal sa mga komersyal na aktibidad sa mga parke sa tabing dagat ng Windward, pagpapatupad ng mga batas laban sa mga iligal na panandaliang pag-upa at malalaking istruktura, na pagbibigay ng mga gawad na pang-agrikultura upang suportahan ang ating mga magsasaka at isulong ang seguridad sa pagkain at sari-saring uri ng ekonomiya, at paghikayat sa Administrasyon ng Lungsod na bumuo ng kapasidad at matagumpay na makipagkumpitensya para sa mga pederal na discretionary grant.




PANGALAN NG BALOTA:

**NAKANELUA, Kelsey**

LEGAL NA PANGALAN:

**Kelsey K.K. Nakanelua Sr.**

Miyembro ng konseho, Distrito III
kelsey.nakanelua@gmail.com
(808) 630-3008

Walang Isinumiteng Pahayag



PANGALAN NG BALOTA:
**MUNENO, William (Bill)**
LEGAL NA PANGALAN:
**William T. Muneno**

Miyembro ng konseho, Distrito V
billmuneno@gmail.com
(808) 352-1174

Isinilang at lumaki ako sa isla ng Oahu. Ginugol ko ang pang-adultong buhay ko sa pagtatrabaho nang husto sa ating komunidad upang suportahan ang aking sarili at pamilya. 15 taon sa retail kasama ang orihinal na Long's Drugs at 18 taon sa lokal na Coca-Cola bottler bilang Sales Manager. Nagpasya akong huminto sa pagrereklamo at sa halip ay subukang gumawa ng positibong epekto sa ating komunidad sa pamamagitan ng mga pagkilos. Marami tayong isyu na nangangailangan ng pansin tulad ng kawalan ng tirahan, gastos sa pamumuhay at kondisyon ng trapiko/kalsada. Bagama't ang mga isyung ito ay maaaring hindi lahat ay malulutas sa maikling panahon, kailangan nating simulan ang paglalatag ng pundasyon para sa pinakamaraming solusyon hangga't maaari ngayon para sa kapakanan ng mga susunod na henerasyon. Naniniwala ako na ang mga taon ng karanasan ko sa negosyo at pamamahala/pamumuno sa mga tao ay makakatulong sa akin nang malaki sa gawaing ito. Hinihikayat ko kayong magtanong sa paligid upang matukoy kung ako ay karapat-dapat sa inyong boto.



PANGALAN NG BALOTA:
**NISHIMOTO, Scott Y.**
LEGAL NA PANGALAN:
**Scott Y. Nishimoto**

Miyembro ng konseho, Distrito V
www.votenishimoto.com
votenishimoto@gmail.com
(808) 779-7845

Ang pinagmulan ni Scott ay malalim na nakaugat sa ating komunidad. Nag-aral siya sa KCAA Preschool Mother Rice sa Moiliili, Manoa Elementary, St. Louis School, at nakapagtapos sa Mid-Pacific Institute. Natanggap ni Scott ang kanyang undergraduate at law degree mula sa University of Hawaii sa Manoa, kung saan siya ay nahalal na Student Body President noong 1996. Noong 2002, sinimulan ni Scott ang kanyang karera sa serbisyo publiko noong una siyang nahalal sa Kapulungan ng mga Kinatawan ng Estado ng Hawaii (Hawaii State House of Representatives). Sa nakalipas na 22 taon, naghatid siya ng mga resulta at kinakailangan na mga mapagkukunan sa komunidad sa kapasidad na ito. Sa nakalipas na 10 taon lamang, tumulong si Scott na makakuha ng higit sa $260 milyon para suportahan ang mga grupo ng komunidad at magbigay ng pondo para sa iba't ibang proyekto, kabilang ang bagong auditorium sa Kaimuki High, mga pagpapahusay sa larangan ng atleta sa McKinley High, at isang bagong silid ng banda sa Washington Middle.



PANGALAN NG BALOTA:
**SCHULTZ, Brendan**
LEGAL NA PANGALAN:
**Brendan S. Schultz**

Miyembro ng konseho, Distrito V
brendanschultz.com
info@brendanschultz.com
(808) 954-2368

Ipinanganak at lumaki sa O'ahu, inialay ko ang aking karera sa paglilingkod sa pinakasalat ng sangkatauhan sa panahon ng kanilang pinakamatinding pangangailangan bilang isang international development specialist at humanitarian aid worker. Ngayon, tumatakbo ako para sa Ikalimang Distrito ng Konseho ng Lungsod ng Honolulu upang bawasan ang ating gastos sa pamumuhay, tiyakin ang kaligtasan ng ating komunidad, at pagbutihin ang integridad ng ating pamahalaang lungsod. Upang matugunan ang ating krisis sa pabahay, magsusumikap akong i-streamline ang mga proseso ng pagpe-permit, bawasan ang mga buwis sa ari-arian sa mga tahanan na pagmamay-ari at tinitirhan ng mga lokal, at magpapatupad ng buwis sa tahanang walang nakatira upang pondohan ang abot-kayang pabahay. Sisiguraduhin ko ang kaligtasan ng komunidad sa pamamagitan ng pagpaparami ng pang-emergency at pansamantala na pabahay, pagpapalawak ng pondo para sa mga medikal na pagtugon sa mga yugto ng pampublikong kalusugan ng isip, pagpapahaba ng mga bike lane ng lungsod, at pagbibigay-prayoridad sa kaligtasan ng pedestrian. Upang pasiglahin ang pampublikong integridad, nangangako akong tanggihan ang anumang bahagi ng kamakailan, self-appointed na 64% na pagtaas ng sahod ng Konseho ng Lungsod na higit pa sa kinikita ng karaniwang pamilya ng Honolulu.

HAWAII VOTES



PANGALAN NG BALOTA:
**CORDERO, Radiant**
LEGAL NA PANGALAN:
**Radiant M. Cordero**

Miyembro ng konseho, Distrito VII
radiant-cordero.com
radiant.cordero@gmail.com
(808) 383-9914

Aloha, Ako si Radiant Cordero at kumakandidato ako para sa muling maihalal sa Konseho ng Lungsod ng Honolulu. Inialay ko ang aking 13 taon ng serbisyo publiko sa distritong tinatawag kong tahanan. Bago pumasok sa serbisyo publiko, humawak ako ng mga tungkulin sa mga lokal na nonprofit, media, at industriya ng pagtanggap ng bisita. Kumuha din ako ng Master's in Public Administration mula sa UH Mānoa. Ang mga karanasang ito ay humubog sa aking pag-unawa sa mga dinamika at pangangailangan ng komunidad. Samakatuwid, sa pakikipagtulungan sa mga kapitbahay, organisasyon, at paaralan, direkta akong nakipag-ugnayan sa komunidad upang tukuyin at tugunan ang mga isyu ng distrito. Bilang Miyembro ng Konseho, nagsilbi akong Tagapangulo ng Transportasyon, Sustainability, Kalusugan at ngayon ay Tagapangulo ng Badyet. Alam ko ang kahalagahan ng pagtiyak na malakas ang iyong boses sa Honolulu Hale at magsusulong para sa magkakaibang pangangailangan ng ating distrito at titiyakin ang mahusay na paglalaan ng mapagkukunan para sa mahahalagang proyekto kabilang ang mga inisyatiba sa kaligtasan ng publiko, pagpapahusay ng parke, at pagpapaunlad ng mahahalagang imprastraktura. Mapagkumbaba kong hinihingi ang inyong boto. Mahalo (Salamat)!

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES



PANGALAN NG BALOTA:
**TULBA, Augie (Augie T)**
LEGAL NA PANGALAN:
**Augusto E. Tulba**

Miyembro ng konseho, Distrito IX
www.voteaugietulba.com
augietllc@gmail.com
(808) 291-7174

Bilang isang lokal na entertainer sa loob ng mahigit 30 taon at ang iyong nahalal na Miyembro ng konseho mula noong 2021, inialay ko ang aking sarili sa paglilingkod sa Ewa at Waipahu nang may tiwala, katotohanan, at transparency. Ang aking pangako ay ipagpatuloy ang pagiging isang pampublikong tagapaglingkod na bumubuo ng tiwala sa mga nasasakupan, tapat na nakikipag-usap tungkol sa mga isyu sa lungsod, at nagpapanatili ng transparency sa mga posisyon sa patakaran. Dahil sa pagmamahal ko sa ating komunidad, araw-araw akong gumigising na nasa isipan ko ang mga residente ng Ewa at Waipahu. Sa pakikipagtulungan sa mga negosyo at miyembro ng komunidad, inilunsad ko ang inisyatiba na "Win Back Waipahu" upang tugunan ang mga alalahanin sa kaligtasan ng publiko, iligal na pagtatapon, at kawalan ng tirahan. Sa Ewa, ang malilinis na parke at ligtas na mga kapitbahayan ay mga pangunahing alalahanin para sa mga pamilya, kaya patuloy akong magsusulong sa ngalan ng mga residente para sa ating bahagi ng mga mapagkukunan ng lungsod. Mapagkumbaba kong hinihingi ang inyong boto nang sa gayon ay maipagpatuloy natin ang pagpapalakas ng mga pakikipagsosyo na binuo natin sa pagitan ng ating komunidad at gobyerno. Sama-sama tayong magtulungan upang likhain ang isang magandang kinabukasan!

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

# HAWAII VOTES

## Makipag-ugnayan sa Amin

**Para sa impormasyon tungkol sa pagpaparehistro upang makaboto, makipag-ugnayan sa iyong Dibisyon ng mga Halalan ng County.**

**County ng Hawaii (808) 961-8277**

**County ng Maui (808) 270-7749**

**County ng Kauai (808) 241-4800**

**Lungsod at County ng Honolulu (808) 768-3800**

## Para sa karagdagang impormasyon sa pagboto, makipag-ugnayan sa Opisina ng mga Halalan.

**Telepono: (808) 453-VOTE (8683)**

**Toll Free: 1-800-442-VOTE (8683)**

**TTY: (808) 453-6150**

**Toll Free TTY: 1-800-345-5915**

**Email: elections@hawaii.gov**

**Website: elections.hawaii.gov**

2024 Hawaii

# GABAY NG BOTANTE

HAWAII VOTES

## Makipag-ugnayan sa Amin

**Para sa impormasyon tungkol sa pagpaparehistro upang makaboto, makipag-ugnayan sa iyong Dibisyon ng mga Halalan ng County.**

**County ng Hawaii (808) 961-8277**

**County ng Maui (808) 270-7749**

**County ng Kauai (808) 241-4800**

**Lungsod at County ng Honolulu (808) 768-3800**

## Para sa karagdagang impormasyon sa pagboto, makipag-ugnayan sa Opisina ng mga Halalan.

**Telepono: (808) 453-VOTE (8683)**

**Toll Free: 1-800-442-VOTE (8683)**

**TTY: (808) 453-6150**

**Toll Free TTY: 1-800-345-5915**

**Email: elections@hawaii.gov**

**Website: elections.hawaii.gov**

2024 Hawaii

# GABAY NG BOTANTE